# EXODO



Ang *Exodo* ang paglabas mula sa Ehipto. Sa Biblia, ito ang dakilang gawa ng Diyos: ang paglabas mula sa bayan ng pagkaalipin tungo sa lupang pangako. Pinalalaya ng Diyos ang kanyang bayan "nang may malakas na kamay at nakaunat na bisig" sa pagbubukas ng daan sa dagat.

Ang Exodo ang pinakapuso ng Matandang Tipan, at ang paglalahad nito sa atin ng isang Diyos na nagpapalaya sa mga tao ang siyang nagbibigay-kabuluhan dito. Paano ngayon maipaliliwanag ang sinasabi ng napakaraming di-sumasampalataya: "Likha ng takot ang mga diyos"? At idinagdag pa ni Lenin sa kanyang librong "Sosyalismo at Relihiyon": "Nagtuturo ng pasensya at ng maluwag na pagtanggap ang relihiyon na nagpapatulog sa pangangako ng makalangit na gantimpala sa mga buong buhay na nagpapagal sa paghihirap."

Pero hindi gayon. Sa Exodo, hindi dumarating ang Diyos para maghasik ng takot kundi pinakikinggan niya ang daing ng bayang api, binibigyan ito ng pagtitiwala, ginigising ang pag-asa sa tunay at ganap na pagpapalaya, at nagpapalitaw ng isang butihing lider. Ang Exodo ang pinakamodelo ng lahat ng tunay na pagpapalaya sa tao.

Para maintindihan ang paglayang ito ng bayan ng Diyos, kailangang alalahanin natin ang pangkasaysayang kalagayan ng panahong iyon.

### *Mga Bagay-bagay tungkol sa Kasaysayan*

Limang dantaon na ang lumipas mula sa panahon ni Abraham. Nagapi minsan ang mga Ehipsiyo ng mga sumalakay rito galing Asia at kasama ng mga itong pumasok ang maraming nomad ng disyerto (tingnan ang istorya ni Jose). Nang maibalik nila sa trono ang kanilang mga hari, minata nila ang mga nomad na ito kaya marami sa mga ito ang tumakas para makaiwas sa mga buwis at sapilitang patrabaho. Ilan sa kanila ang pinalayas (Ex 12:31), at ang iba nama'y tumakas sa dilim ng gabi (Ex 12:38).

Isa sa mga grupong ito na hinabol ng isang pulutong ng mga karwahe ng mga Ehipsiyo ang pinangalagaan ng isang ekstraordinaryong pagkilos ng Diyos: *nakita* ng mga Israelita *ang mga Ehipsiyong patay sa dalampasigan* (14:30). Nagkakaroon ng tunay na kahulugan ang

milagrong ito ng *pagtawid sa Dagat* sapagkat si *Moises* na propeta ng Diyos ang siyang namumuno sa mga takas. Wala sanang mababago sa kasaysayan itong pagpapahayag ng Kalinga ng Diyos kung walang propeta roon – si Moises – para ipaliwanag ang pangyayari: pinili ng kaisa-isahang Diyos na si Yawe ang Israel para maging bayan niya at inilabas ito mula sa pagkaalipin sa Ehipto para gawing bayang banal sa gitna ng iba pang mga bayan.

Ang Exodo o Paglabas mula sa Ehipto ang simula ng kasaysayan ng Bayan ng Diyos.

Matagal-tagal ding nanatili sa mga oasis ng Sinai si Moises at ang kanyang mga kasama. Doon itinadhana ni Moises ang Batas ni Yawe at ang mga saligang kautusan nito:

– Hindi ipinahihintulot ni Yaweng Diyos na Seloso na panatiliin ng Israel ang alinman sa mga diyos nito ayon sa tradisyon kundi siya lamang ang dapat nilang paglingkuran at wala nang iba.

– Sobra-sobra ang kahigtan ni Yawe sa mga ideang gawa ng tao tungkol sa kanya, kaya hindi ipinahihintulot na ilarawan siya sa anumang bagay: *huwag kang gagawa ng mga larawan ng Diyos*.

– Ipinagkakatiwala ni Yawe sa Israel ang misyong sakupin ang lupain ng Kanaan.

Sa Exodo lamang magsisimula ang mahabang kasaysayan ng Bayan ng Diyos. Binubuksan ng panimulang karanasang ito ang daan para sa iba pang mga karanasan na sasapit sa pinakasukdulan nito balang araw sa pagdating ng Tagapagligtas.

### *Ang Libro ng Exodo*

Gaya rin ng Genesis, ang aklat na ito ay hindi gawa ng "isang" awtor. Sikapin nating unawain kung anong nangyari sa pagitan ng paglaya mula sa Ehipto at sa huling pagsulat tungkol sa mga pangyayari gaya ng nababasa natin sa ating mga biblia sa ilalim ng pamagat na Exodo.

Mga nomad ang mga saksi ng pakikisangkot ng Diyos. Mananatili sila sa ganitong pamumuhay sa loob ng dalawang dantaon pa. Hindi sila marunong bumasa ni sumulat. Sa pamamagitan ng pagbigkas nila isinalin sa sali't salinlahi ang alaala ng kanilang paglaya.

Pagkatapos ng mahabang pandarayuhan, muli silang sumasama sa ibang mga tribung hindi umalis sa Palestina, at isinasalaysay nila sa kanilang sariling paraan ang mga kahanga-hangang ginawa ng Diyos para sa kanila. May kanya-kanyang paraan ang bawat angkan sa pagbibigay-diin sa isa o iba pang alaala at sa pagdadagdag dito tulad ng ginagawa ng mga nagkukuwento; ganito ang tuntunin ng tradisyong sinasalita. Pagkatapos, maninirahan sila sa mga bayan at lungsod, at sisimulan ng mga manunulat na gawing permanente ang mga salaysay kung saan nakikita ng bawat isa ang pagmamagandang-loob ng Diyos.

Ang mga unang pagsulat na ito ang magiging "mga pinagmumulan" na pagkukunan ng mga huling manunulat pagkabalik nila mula sa pagkaalipin sa Babilonia.

Ngunit sa mahabang pagsulong na ito, ang natatampok sa lahat ay ang pagmamahal ng isang buong bayan sa alaala ng kanilang unang pakikipagtagpo sa "Diyos na nagliligtas".

### Dumami ang mga Hebreo sa Ehipto

**1** • *1 Ito ang mga pangalan ng mga anak ng Israel na kasama ni Jacob na pumunta sa Ehipto, kasama ng bawat isa ang kanyang pamilya: 2 Ruben, Simeon, Levi at Juda, 3 Isacar, Zabulon, Benjamin, 4 Dan at Neftali, Gad at Aser. 5 Pitumpung lahat ang mga inapong ito ni Jacob, liban kay Jose na nasa Ehipto na.*

*6 At namatay si Jose at ang lahat niyang kapatid at ang buong henerasyong iyon. 7 Ngunit palaanak ang mga anak ng Israel kayat patuloy silang dumami. Dumami sila nang dumami, at naging napakarami hanggang ang buong lupain ay mapuno sa kanila.*

### Inalipin ng mga Ehipsiyo ang mga Hebreo

8 Pagkatapos ay isang haring hindi nakakakilala kay Jose ang naghari sa Ehipto, 9 at sinabi nito sa kanyang bayan: "Tingnan ninyo, mas marami na at mas malakas kaysa atin ang mga Israelita. 10 Kailangang maging matalino tayo sa pakikitungo sa kanila, kung hindi'y lalo silang dadami. At kung magkagiyera'y kakampi sila sa ating mga kaaway para lumaban sa atin at tumakas sa lupain."

11 Kaya naglagay sila ng mga kapatas para ipailalim ang mga anak ng Israel sa mabigat na pagtatrabaho. At itinayo ng mga ito para kay Paraon ang mga tinggalang-bayan ng Pitom at Rameses. 12 Ngunit habang lalong sinisiil ang mga Hebreo ay lalo namang dumadami ang mga ito at kumakalat hanggang katakutan ng mga Ehipsiyo ang mga Israelita.

*13 At naging walang-awa ang mga Ehipsiyo sa pagpapatrabaho sa mga anak ng Israel. 14 Pinapait nila ang buhay ng mga ito sa mabigat na pagtatrabaho sa tisa at semento, at sa lahat ng trabaho sa bukid. Pinagmalupitan sila ng mga Ehipsiyo sa lahat nilang gawa.*

15 At inutusan pa ng hari ng Ehipto ang mga hilot na Hebreo – ang isa'y tinatawag na Sifra at ang ikalawa nama'y si Pua – 16 "Sa pagpapaanak ninyo sa mga babaeng Hebreo kapag nakapuwesto na sila sa upuang paanakan, sa pagkakita ninyong lalaki ang bata, patayin ninyo ito; ngunit pabayaang mabuhay kung babae."

17 Subalit may takot sa Diyos ang mga hilot kaya hindi nila tinupad ang utos ng hari ng Ehipto; sa halip ay pinabayaan nilang mabuhay ang mga sanggol na lalaki. 18 Kaya ipinatawag ng hari ang mga hilot at sinabi sa kanila: "Bakit ninyo ginawa ito? Ba't ninyo pinabayaang mabuhay ang mga batang lalaki?" 19 Sumagot naman ang mga hilot: "Sapagkat ang mga babaeng Hebreo ay hindi tulad ng mga babaeng Ehipsiyo; malalakas sila at nakapanganganak na bago pa dumating ang hilot."

20 Kinalugdan ng Diyos ang mga hilot at dumami ang sambayanan at lalo pang lumago. 21 At dahil nagkaroong-pitagan sa Diyos ang mga hilot, ginawa niya silang mga ina ng mga pamilya.

---

• **1**.1 Daan-daang taon nang nabubuhay ang malaking bahagi ng sangkatauhan sa ilalim ng kaapihan. At kakaunti ang sinasabi ng mga manunulat ng kasaysayan tungkol sa kanilang buhay ng pagdurusa. Bihira ang mga paghihimagsik sapagkat sunud-sunuran ang napakalaki at mas nakararaming bahaging ito ng sangkatauhan, at pakiramdam nila'y normal na sitwasyon lamang para sa kanila ang pagkaalipin. Pero niloob ng Diyos na hayagang makisangkot, kahit minsan man lang, para palayain ang aping bayang Hebreo. Ito ang unang hakbang sa kasaysayan ng Bayan ng Diyos.

Binabalangkas ng Biblia ang di-makataong kalagayan ng mga Hebreo sa Ehipto:

– natatakot ang mga panginoong Ehipsiyo sa isang grupo ng mga ordinaryong tao na ayon sa kanila'y dumarami sa paraang iresponsable (10 at 12);

– pinatawan nila ng mabibigat na trabaho ang mga Israelita para magtayo at magtanggol ng isang lipunang hindi naman nagtataguyod sa kanilang kapakanan o kumikilala sa kanilang mga karapatan (11 at 13);

– magkasamang pagsasamantala at pang-aapi, di-makataong mga trabaho at pulitikal na paniniil, sa pamamagitan ng mga kapatas na Ehipsiyo (5:6);

– at sa huli'y ipinataw sa mga Hebreo ng isang banyagang nasa kapangyarihan ang marahas na pagkontrol sa bilang ng ipinapanganak (16).

[22]Pagkatapos ay iniutos ni Paraon sa buong bayan: "Bawat sanggol na lalaking isilang ng mga Hebreo ay kailangang ihagis sa Ilog Nilo, pero pabayaang mabuhay ang mga babae."

**Iniligtas si Moises mula sa ilog**

2 • [1]May isang lalaki mula sa tribu ni Levi na nakapag-asawa ng isang babae mula rin sa sariling tribu. [2]Nagsilang ang babae ng isang sanggol na lalaki, at nang makita niyang maganda ang bata, itinago niya ito sa loob ng tatlong buwan. [3]Nang hindi na niya maitatago pa ang bata, gumawa siya ng isang basket na yari sa papiro, at pinintahan iyon ng alkitran at aspalto. Inihiga niya sa basket ang bata, at inilagay iyon sa karamihan ng mga puno ng tambo, malapit sa pampang ng Ilog Nilo. [4]Ngunit tumayo sa malayu-layo ang ate ng bata para tingnan kung ano mangyayari sa bata.

[5]Noon nama'y lumusong sa Nilo ang anak na babae ni Paraon para maligo, at naglalakad-lakad naman sa pampang ang kanyang mga utusan. Nang matanaw niya ang basket sa mga tambo, ipinakuha niya iyon sa kanyang utusan. [6]Binuksan niya ang basket at nakita ang sanggol – isang lalaki, at umiiyak! Gayon na lamang ang kanyang awa at naisaloob niya: "Isang batang Hebreo!"

[7]Pagkatapos ay sinabi ng ate ng bata sa anak ni Paraon: "Hahanap po ba ako ng babaeng Hebreo na magpapasuso sa sanggol para sa inyo?" [8]Sumagot ang anak ni Paraon: "Sige." Kaya lumakad ang batang babae at tinawag ang ina ng sanggol.

[9]Sinabi ng anak ni Paraon sa babae: "Dalhin mo ang sanggol at alagaan siya para sa akin, at babayaran kita." Kaya kinuha ng babae ang sanggol at inalagaan, [10]at nang malaki na ang bata ay dinala niya sa anak ni Paraon na umampon sa bata. Pinangalanan niya ito ng Moises upang alalahanin na ang bata ay kanyang iniahon sa tubig.

**Nakilala ni Moises ang kanyang bayan**

• [11]Pagkalipas ng mahaba-habang panahon, binata na si Moises, at pinun-

---

Mga sitwasyon ng pang-aapi: 1 Mac 1; 2 Mac 4; 2 Mac 6; Is 5:8; Am 5:10; Ez 34; Mik 2:1; Job 24:1; Pan 2.

E sino naman sina *Sifra* at *Pua*? Mga pangalang Ehipsiyo ang kanilang pangalan. Binale-wala ng mga babaeng ito ang utos ng hari dahil sa pakikiramay nila sa bayang api at hindi sila sumang-ayong isagawa ang laban sa kanilang konsiyensya.

• **2.**1 Nagsisimula sa isang simple at nag-iisang aksyon ang pagpapalaya sa bayang Hebreo – ipinakikipagsapalaran ng isang ina ang kanyang buhay para mailigtas ang kanyang anak.

Patunay ito ng pag-ibig ng isang ina. Paghihimagsik ito ng konsiyensyang tumatangging sumunod sa isang di-makataong batas. Pahayag ito ng pananampalataya ng inang nakikinikinita ang kahanga-hangang hinaharap na binubuksan ng Diyos sa isang bagong-silang na sanggol, at alam din niya na ang mga anak ang pag-asa ng kanyang bayan (Hebreo 11:23).

Di ba't ganito rin tinatanggihan ng mga ina ngayon ang aborsyon, alang-alang sa kanilang konsiyensiyang naliliwanagan ng pananampalataya?

Ipinaliliwanag ng mga dalubhasa sa kasaysayan na ang mga detalye ng salaysay na ito ay batay sa alamat ni Haring Sargon na sinagip sa tubig noong bata pa ito. Siguro. Ngunit alam ng Israel na pinalaya si Moises sa iisang kapalaran ng lahat ng mga Hebreo.

Pinahahaba ng Diyos ang unang aktong ito ng pagpapalaya. Binibigyan niya ng pagkakataon ang bata na magkaroon ng edukasyon sa palasyo ng Paraon na hinding-hindi niya matatanggap sa kanyang pamilya. Kailangang malaman ng magpapalaya sa mga alipin kung ano ang kalayaan matapos maranasan ito. Sapagkat walang anumang alam ang mga aliping Hebreo kung ano ang ibig sabihin ng maging malaya.

• 11. Lumaking buhay-prinsipe si Moises. Subalit lumabas siya para makaharap ang kanyang mga kapatid na nasa mas mababang kalagayan.

*Nasaksihan niya kung gaano kabigat ang trabaho ng mga ito, at nakita niyang...* Iba ang naging tugon niya kaysa maraming may pinag-aralan na walang nakikita ni nadaramang pakikiisa't pakikiramay sa kanilang bayan: sa pag-eeksport ng mga kapital, pag-aabrod ng mga may pinag-aralan. Hindi niya kusang ipinipikit ang mga mata gaya ng mga nagkakaila sa hamak nilang pamilya o nagtatakwil sa pakikiisa sa kanilang mga kasamahan para mapabilang sa mas mataas na kalagayan o para magpalapad ng papel sa kanilang mga pinuno.

Pinapanigan kaagad ni Moises ang kanyang mga kapatid. Pero nadidiskubre niya kinabukasan ang isa pang mukha ng kasamaan: hindi mga walang-malay na biktima ang kanyang mga kapatid. May kinalaman

tahan niya ang kanyang mga kapatid.
Nasaksihan niya kung gaano kabigat ang
trabaho ng mga ito, at nakita niyang
binubugbog ng isang Ehipsiyo ang isang
Hebreo na isa sa kanyang mga kapatid.
12 Luminga-linga siya at nang walang
makitang sinuman ay pinatay niya ang
Ehipsiyo, at ibinaon iyon sa buhangin.
13 Nang lumabas siya kinabukasan,
nakita naman niya ang dalawang Hebreo
na nag-aaway. Kinausap ni Moises ang
lalaking may kasalanan: "Bakit mo
sinasaktan ang iyong kapwa?" 14 Ngunit
sumagot ang lalaki: "Sino ang nagtalaga
sa iyo na maging pinuno at hukom
namin? Balak mo rin ba akong patayin,
tulad ng pagpatay mo sa Ehipsiyo?"
Natakot si Moises at kanyang naisip:
"Kung gayo'y may nakaaalam pala sa
nangyari."
15 Nang mabalitaan ni Paraon ang
tungkol dito, tinangka niyang patayin si
Moises, ngunit nakatakas si Moises kay
Paraon, at nagpunta siya sa lupain ng
Madian upang doon manirahan. At doo'y
naupo siya sa tabi ng isang balon.

**Si Moises sa Madian**

• 16 Sa Madian ay may isang paring
may pitong anak na dalaga. Nagpunta
ang mga ito sa balon para sumalok ng
tubig, at punuin ang mga labangan para
painumin ang mga tupa ng kanilang ama.
17 Pero may dumating na mga pastol at
sila'y itinaboy; ngunit tinulungan ni Moi-
ses ang mga dalaga at pinainom din niya
ang mga tupa.
18 Nang umuwi ang mga dalaga sa
kanilang amang si Reuel, tinanong niya
ang mga ito: "Bakit napakaaga yata ng
uwi ninyo ngayon?" 19 Sumagot sila:
"Ipinagtanggol kami ng isang Ehipsiyo
laban sa mga pastol, at isinalok pa kami
ng tubig at pinainom pa ang mga tupa."
20 Sinabi ng ama: "Nasaan siya? Ba't
ninyo siya iniwan doon? Tawagin ninyo
siya't imbitahang kumain."
21 Pumayag si Moises na manatili roon,
at ipinakasal ng lalaki ang kanyang anak
na si Sefora kay Moises. 22 Nagkaanak si
Sefora ng isang lalaki, at ito'y pinangala-
nang Gersom ni Moises bilang pag-aala-
ala na siya ay *dayuhan* sa isang lupaing
banyaga.

**Inalala ng Diyos ang Israel**

• 23 Sa loob ng mahabang panahong
iyon, namatay ang hari ng Ehipto. At
dumaing ang mga Israelita dahil sa kani-
lang pagkaalipin; sumigaw sila sa Diyos,

---

sa umiiral na karahasan, kasamaan at iresponsabilidad sa kanila ang kaapihang kanilang dinaranas. Hindi na nga sila iginagalang ng mga Ehipsiyo, at hindi rin nila pinoproblema kung paano maging karapat-dapat sa paggalang na ito. Hindi na malaman ni Moises ang gagawin kayat minabuti niyang tumakas.

Ito ang unang hakbang ni Moises sa landas na maghahatid sa pagpapalaya sa kanyang bayan. Gayundin naman, ayon sa nasusulat sa Hebreo 11:24-26, siya na kabahagi sa kapalaran ng mga maykaya at nakaaangat ngunit mas gustong maglaan ng sarili sa paglilingkod sa mga hamak ay nagiging tagasunod ni Kristo, kahit na hindi niya ito alam: *"Sa pananampalataya rin, paglaki ni Moises, tinanggihan niya na ituring siyang anak ng babaeng anak ni Paraon. At mas ginusto niyang maghirap kasama ng bayan ng Diyos kaysa pansamantalang aliw na dulot ng kasalanan. Mas mahalagang yaman para sa kanya ang hamaking kasama ni Kristo kaysa mga yaman ng Ehipto."*

Ganito pinahahalagahan ng Biblia ang lahat ng pagpupunyaging ginagawa alang-alang sa dangal ng tao, sa pakikibaka ng mga bayang nasa daan ng pag-unlad para makamit ang kanilang kalayaan, sa pagsisikap ng mga kabataan at mga manggagawa para magkaroon ng mas aktibong partisipasyon sa pagbuo ng kanilang kinabukasan.

Ngunit unawain din natin na kapwa magiging pagpapalaya mula sa mapang-aping mga istruktura at pagkamulat ng tao tungkol sa kanyang kasalanan ang gawang pagpapalaya ng Diyos.

• 16. Bilang isang pastol sa disyerto, natututuhan ni Moises ang mahirap na buhay, pobre at malaya, gaya ni Abraham. Namuhay siya sa piling ng mga Madianita na halos mga inapo na rin ng ama ng mga sumasampalataya (Genesis 25:2). Kaya tinatanggap din ni Moises sa kanyang biyenang si Reuel na tinatawag ding Yetro (3:1) ang mga tradisyon tungkol kay Abraham at sa pananampalataya nito sa iisang Diyos.

• 23. *Sumigaw sila... at pumaitaas sa Diyos ang kanilang sigaw.* May pagkakataong ni walang lakas ng loob ang mga tao kahit umasa man lamang sa Diyos. Pero kahit na makalimutan man ng mga tao ang mga

at mula sa lugar ng pagkaalipi'y pu-
maitaas sa Diyos ang kanilang sigaw.
24 Narinig ng Diyos ang kanilang bun-
tung-hininga, at inalala niya ang kanyang
pakikipagtipan kina Abraham, Isaac at
Jacob.
25 At nakita ng Diyos ang mga anak ng
Israel, at ipinakilala ang sarili sa kanila.

**Ang naglalagablab na palumpong**

3 • 1 Inalagaan ni Moises ang mga tupa
ni Yetro na kanyang biyenang pari
ng Madian. Isang araw, ipinastol niya ang
kawan ng kanyang biyenan sa malayong
panig ng disyerto at nakarating siya sa
Horeb, ang Bundok ng Diyos.
2 Napakita sa kanya ang Anghel ni
Yawe sa pamamagitan ng lagablab ng
apoy na nagmumula sa isang mababang
punongkahoy. Nakita ni Moises na baga-
mat nag-aapoy ang puno ay hindi iyon
nasusunog. 3 Inisip ni Moises: "Lalapit ako
para makita ang kagila-gilalas na
tanawing ito. Ba't kaya di nasusunog ang
puno?"
4 Nakita ni Yawe na lumalapit si Moises
para magmasid, at tinawag siya ng Diyos
mula sa mababang punongkahoy: "Moi-
ses, Moises." Sumagot siya: "Narito ako."
5 Sinabi naman ni Yawe: "Huwag kang
lalapit; hubarin mo ang iyong mga san-
dalyas sapagkat ang lugar na kinata-
tayuan mo ay banal na lupa." 6 At nag-
patuloy ang Diyos: "Ako ang Diyos ng
iyong mga ninuno, ang Diyos ni Abra-
ham, ang Diyos ni Isaac, at ang Diyos ni
Jacob."
Tinakpan ni Moises ang kanyang
mukha pagkat natatakot siyang tumingin
sa Diyos.
7 Sinabi ni Yawe: "Nasaksihan ko ang
kahihiyan ng aking bayan sa Ehipto, at
narinig ko ang kanilang daing nang pag-
malupitan sila ng kanilang mga kapatas.
Alam ko ang kanilang paghihirap. 8 Na-
naog ako upang palayain sila mula sa
kapangyarihan ng mga Ehipsiyo, at iahon
sila mula sa lupaing iyon tungo sa isang
maganda at malawak na lupain, sa lu-
paing dinadaluyan ng gatas at pulot-
pukyutan,

sa lupain ng mga Kananeo, Heteo, Amorreo,
Pereceo, Heveo at Yebuseo. 9 Nakarating sa akin
ang daing ng mga anak ng Israel, at nakita ko
kung paano sila inaapi ng mga Ehipsiyo.

10 Lumakad ka ngayon! Sinusugo kita
kay Paraon upang ilabas mula sa Ehipto
ang aking bayan, ang mga anak ng Is-
rael."
11 Sinabi ni Moises sa Diyos: "Sino ako
para humarap kay Paraon, at ilabas ang
bayan ng Israel mula sa Ehipto?"
12 Sumagot ang Diyos: "Sasaiyo ako, at
ito ang magiging tanda na sinugo kita.

---

pangako, hindi kinalilimutan ng Diyos ang mga ito. *Tinitingnan* ng Diyos ang kanyang mga anak at nananatiling buhay ang kanyang pag-ibig.

Sinasabi sa atin ng Biblia na may panahon ang Diyos. At hindi maipipilit ng mga tao na makamit ang anumang bagay sa anumang sandali. Kahit na puwede nating apurahin ang panahon ng Diyos sa ating mga panalangin at sa kabutihang-loob ng pagpapaubaya ng sarili sa kanya, sa kanya pa rin *ang mga panahon at mga sandali* (Gawa 1:7).

Ang pagkabalam ng Diyos: 2 Mac 6:12; Hb 1:2; Sir 35:19; Slm 44; Mc 4:26; Lc 18:1; Pag 6:11.

• **3.**1 Maraming taong naghintay ang Diyos (may edad na si Moises noon) bago niya tinawag si Moises. Ginagawa niya ang pagtawag na ito nang si Moises ay nasa daan na ng kanyang buhay bilang ama ng pamilya at pastol ng mga tupa. Ginagawa niya ito sa disyerto kung saan waring inilayo ni Moises ang sarili sa mga kasawiampalad ng kanyang mga kapatid, at araw-araw ay lalong nawawalan ng pag-asang makatulong sa kanyang bayan. Kaya madalas ay hinihintay ng Diyos ang mga tao sa ganito o gayong disyerto ng kanilang buhay. Sa mga panahong iyon na parang basyo inihahanda ng Diyos ang kanyang mga lingkod habang nananatili namang di-natitinag ang puso at kaganda-hang-loob.

*Napakita sa kanya ang Anghel ni Yawe sa pamamagitan ng lagablab ng apoy.* Ang Anghel ni Yawe (alam natin na isang paraan lamang ito ng pagtukoy mismo kay Yaweng-Diyos: tingnan ang *Mga Pangitain at Mga Anghel*, Gen 16:1) ay napakikita bilang apoy na kaakit-akit sa paningin ngunit sumu-sunog sa nagtatangkang lumapit nang napakalapit. Maraming dantaon nang sagradong lugar ang bundok na ito at ginagawa ni Moises ang dapat gawin sa

Pag nailabas mo na sa Ehipto ang bayan, sasambahin ninyo ang Diyos sa bundok na ito."

13 Sumagot naman si Moises sa Diyos: "Kung pupunta ako sa mga Israelita at sasabihin sa kanilang 'Sinugo ako sa inyo ng Diyos ng inyong mga ninuno,' tatanungin nila ako, 'Ano ang pangalan niya?' Ano ang isasagot ko sa kanila?"

• 14 Sinabi ng Diyos kay Moises: "AKO SIYANG UMIIRAL. Ito ang sasabihin mo sa mga anak ng Israel: SIYANG UMIIRAL ang
nagsugo sa akin sa inyo." 15 At sinabi rin
ng Diyos kay Moises: "Sasabihin mo sa mga anak ng Israel: Si YAWENG Diyos ng inyong mga ninuno, ang Diyos ni Abraham, ang Diyos ni Isaac, at ang Diyos ni Jacob ang nagsugo sa akin. Ito ang magiging pangalan ko magpakailanman, at sa pangalang ito sila tatawag sa akin sa lahat ng salinlahi.

**Ang pagsisimula ni Moises**

16 Humayo ka! Tipunin mo ang mga matatanda ng Israel at sabihin sa kanila: Si Yaweng Diyos ng inyong mga ninuno, ang Diyos ni Abraham, ang Diyos ni Isaac, at ang Diyos ni Jacob ay napakita sa akin at sinabi: Kitang-kita ko ang pagtrato sa inyo ng mga Ehipsiyo, at 17 iaahon
ko kayo mula sa lahat ng kaapihang ito sa Ehipto at dadalhin kayo sa lupain ng mga Kananeo, sa lupaing dinadaluyan ng gatas at pulot-pukyutan.

18 Pakikinggan ka ng mga matatanda

---

pagpasok sa isang sagradong lugar: *hinuhubad niya ang kanyang mga sandalyas* para hindi madala sa harap ng Diyos ang alikabok ng karaniwang takbo ng buhay. Ang pagbubunyag lamang ng Bagong Tipan ang magbibigay-kakayahan sa ating maranasan nang sabay ang pitagan sa walang-hanggang kabanalan ng Diyos at ang pagtitiwala sa Isa na napakalapit (Jn 1:14).

*Ako ang Diyos ni Abraham, ang Diyos ni Isaac at ang Diyos ni Jacob.* Ang tumatawag kay Moises ang siya rin mismong sinamba ng kanyang mga ninuno sa iba't ibang pangalan at siya ring tumawag sa mga ito na pumasok sa kanyang plano ng pagliligtas.

*Sasaiyo ako.* Tuwing may tatawagin ang Diyos para sa isang misyon, pinalalakas muna niya ang loob nito at binibigyan ito ng katiyakan na magiging maayos ang lahat: Jos 1:5; Hkm 6:12; Mt 28:20; Lc 1:28.

*Sino ako para humarap kay Paraon?* Si Moises ay hindi na ang masigasig na binatang sumunggab sa kapatas na Ehipsiyo. Nauunawaan ng taong husto na sa gulang na higit pa sa kanyang lakas ang misyong ito at natatakot siyang lubos na ipaubaya ang sarili sa kamay ng Diyos. Ngunit ang pagtawag ng Diyos ay hindi isang boses na naririnig sa isang tainga at lumalabas naman sa kabila: ang Diyos ang may-ari't panginoon ng puso ni Moises.

*Lumakad ka ngayon! Sinusugo kita kay Paraon.* Ganito nagsisimula ang misyon ni Moises. Matapos iligtas ng Diyos ang Israel mula sa Ehipto, halos sapilitang itatalaga ng Diyos sa kanila ang kanilang kapalaran, at ito'y ang maging bayang hinirang ng Diyos.

Sinasabi ng Diyos na dadalhin ang Israel *sa lupang dinadaluyan ng gatas at pulot-pukyutan*, ang Lupang ipinangako kay Abraham. Hindi niya tinitiyak ang panahon ni sinasabi ang mga detalye, pero ipinagpapauna naman niya ang isang pangyayari na magpapatunay na totoo ang misyon. Darating balang araw sa *Bundok Horeb* (o Bundok Sinai) ang pobre ngunit malayang Israel kasama ni Moises para makipagtagpo sa Diyos at tanggapin ang kanyang mga salitang nagbibigay-buhay.

*ANG PANGALAN NG DIYOS*

• 14. Sa piling ng ibang mga bayang may kanilang mga idea tungkol sa Diyos at nangangapa sa dilim tungkol sa kahulugan ng kanilang kapalaran, ang Israel ang magiging bayang nakakikilala sa Diyos ayon sa katotohanan. At dahil dito'y alam din ng Israel kung saan naroon ang tunay na kadakilaan ng tao. Ang pagbubunyag ng kaisa-isang Diyos ay nakakawing sa isang misyong mapagpalaya, at ito ang makabuluhang katangian ng pagbubunyag ng Biblia. Sa naunang ilang dantaon, ninais ni Paraon Akinaaton na kilalanin ang kaisa-isang Diyos: nauwi ito sa problema sa pagsamba at hindi ito nakabatay sa kasaysayan. Ang Diyos ni Moises ang Isa, Banal at Makatarungang Diyos, na nagnanais mapaglingkuran ng mga malayang tao.

*'Siyang umiiral: Ako Siyang Umiiral'* (14). Dalawa ang paraan ng pagsasalin sa mga salitang ito. Ito ang una: Ang Diyos ang Siyang umiiral, nang mag-isa at walang hangganan. Tugma ang kahulugang ito sa katapusan ng talata 14 at nagbibigay-kahulugan din sa 'Yawe'. Pero puwede rin itong intindihin bilang: Siyang Umiiral ang Siyang Umiiral. Sa gayon, hindi naman talaga tumatanggi ang Diyos na magpakilala kay Moises, sapagkat ibibigay niya rito ang kanyang pangalan. Ipinauunawa lamang niya na walang anumang maaaring makibahagi sa sikreto ng kanyang persona.

*Sa pangalang ito sila tatawag sa akin* (15). Maliwanag na bawat pangalan ay ayon sa wikang kinapapalooban nito kung saan ito may kahulugan. Isang pangalan ang sinasabi ng Diyos sa mga Hebreo: *Yawe* na *Siyang umiiral* ang interpretasyon sa kanilang wika. Kung sa ibang bayan siya nakipag-usap, tiyak na ibang pangalan ang sasabihin ng Diyos, na

ng Israel at magkakasama kayong pupunta sa palasyo ng hari ng Ehipto, at sasabihin sa kanya: Si Yaweng Diyos ng mga Hebreo ay nakipagtagpo sa amin. Kaya payagan mo kaming maglakbay nang tatlong araw patungo sa ilang upang maghandog ng hain kay Yaweng Diyos namin.
[19] Ngunit alam kong hindi kayo paaalisin ng hari ng Ehipto hangga't hindi siya
pipilitin. [20] Kaya iuunat ko ang aking kamay at bubugbugin ko ang Ehipto sa lahat ng kahanga-hangang bagay na gagawin ko sa kanila, at pagkatapos ay paaalisin din nila kayo. [21] At pagagaanin
ko ang loob ng mga Ehipsiyo sa aking bayan pag alis ninyo; hindi kayo aalis nang walang dala. [22] Bawat babae ay hihingi sa kanyang kapitbahay at sa sinumang babaeng Ehipsiyong nasa kanyang

---

magkakaroon ng gayon ding kahulugan para sa bayang iyon.

Kapwa nangangahulugan ng *Siyang umiiral* at *Siyang nagpapairal* ang Yawe. Intindihin natin na ang Diyos ay umiiral at siya ring nagpapairal sa kanyang alam. Ito ang sinabi ng Diyos sa b. 14.

*Ako Siyang umiiral*. Ito ang Diyos na *Buhay at Nakakakita* (Gen 16:13). Kung may gusto siyang ipahayag sa kanyang misteryo, pinangungunahan ito ng nagliliyab na apoy (Ez 1:4; Hb 3:4), ng bagyo at mga kulog (Ex 19:16; 1 Hari 19:11; Slm 18:9-17) at ng mga alon ng dagat; at ng kagila-gilalas na mga hayop na tumitipon sa lahat ng puwersa ng kalikasan (Ez 1). Ngunit mga larawan lamang ang mga ito na parang isang ulap (1 Hari 8:10) na tumatabing sa misteryo ng Diyos na walang kasinlalim. Lampas-lampas at hindi ito kailanman maaabot hindi lamang ng mata ng tao kundi maging ng isipan ng alinmang nilalang, tao man o anghel.

Tinatanggap ng mga nilalang ang pag-iral mula sa Diyos. Ngunit nasa Diyos mismo ang bukal ng sariling pag-iral at wala siyang kailangang anuman kaninuman. Ang Diyos ang Isa, at walang sinuman sa mga tumatanggap ng pag-iral mula sa kanya ang makatatapat o makapagdaragdag sa Kaisa-isahan.

Ang Diyos ang *Siyang Umiiral*, at *pinaiiral niya* ang kanyang alam. Ang pagbubunyag na ito ang pinakasusi sa buong Biblia. At kailangang alalahanin ito kapag basta na lamang sinasabi ng mga mananampalatayang “Ang Diyos ay Pag-ibig, ang Diyos ay Kabutihang-loob”, at nakakalimutan namang magiging kabulaanan ito kung hindi muna ipahahayag na ang Diyos ang Siyang Umiiral. Kung ang Pinakamakapangyarihan lamang ang Diyos, wala tayong anumang iisipin kundi magluluhod sa harap niya, maglulunsad tayo ng giyera laban sa mga diyusdiyusan, at bibigyan natin ng pangunahing importansiya ang mga tuntunin tungkol sa pananalangin, pag-aayuno at mga kawanggawang hinihingi niya. Kung Kabaitan lamang siya, hindi natin mauunawaan kung bakit niya tayo inilalagay sa pagsubok. Kung Kabutihan lamang siya, oobligahin nating gumawa ng mabuti ang lahat nang hindi na iginagalang ang kanilang kalayaan.

Pero hindi, sinabi niyang *Ako Siyang Umiiral*. Ang Diyos ay Maykalooban na aktibung-aktibo at malayang-malayang umiiral, at tinatawag niya tayong umiral sa katotohanan. Kaya lumikha ang Diyos ng daigdig na puwede nating galawan nang responsable. Hindi ipinipilit sa atin ng Diyos ang mabuti. Mas gusto niya na sa pamamagitan ng ating mga karanasan at mga pagkakamali ay madiskubre natin kung nasaan ang tunay na mabuti.

Ang *pagsamba* sa Diyos ay hindi nangangahulugan ng pagpapatirapa sa harap niya gaya ng paniwala ng ilan, kundi ng paglapit natin sa kanya nang *harap-harapan*. Gusto ng Diyos na siya'y paglingkuran ng mga taong nagpapalaya naman sa iba.

Sa pagpapakilala bilang Maykalooban, nasabi na ng Kaisa-isahang Diyos ang pinakamahalaga. Sa mga panimulang ito'y hindi na niya maliliwanag pa o maipauunawa na ang misteryo ng Tatlong Persona (Loob) ng Diyos ay ang Diyos mismo. Ito ang magiging gawa ni Jesus (Mt 28:19; Jn 1:18-19). Kaya mga dantaong iningatan ng mga Israelita ang larawan ng isang Diyos na Pinuno na ang sinasalita ay ang lengguwahe ng pagsunod.

*Yawe* o *Jehova*? Mga apat na dantaon bago dumating si Jesus, hindi na binibigkas ng mga Israelita ang pangalang Yawe dala ng kanilang respeto. Kaya binago rin ang pagkakasulat ng Yawe sa Biblia, at pinalitan ng Yehovah na wala namang kahulugan ni hindi rin siyang binibigkas. Ngunit sa pagkakita nito, alam na ng bumabasa na hindi niya dapat sabihing Yawe kundi *Edonah* o Panginoon. (Isinama nila sa mga sagradong katinig na YHWH ng Yawe ang tatlong patinig na *e, o, a* ng Edonah.)

*Si Yawe ang nakipagtagpo sa amin*. Hindi maikakaila ng pagdadahilang panrelihiyon (*upang maghandog ng hain*) ang tanging layunin ng mga aliping Hebreo na lumaya mula sa kaapihang kanilang tinitiis. Nangyari ang lahat ng ito nang panahong iyon na walang problemang panlipunan o pampulitika na di kayang ipahayag sa paggamit ng mga salitang panrelihiyon (Ex 17:16; Blg 25:16).

Pero may ilang nagtatanong ngayon: Pagpapalaya ba sa tao o pampulitika ang sinasabi sa atin ng Biblia o hindi kaya espirituwal na pagpapalaya ang ipinapanukala nito sa atin? Sa totoo'y artipisyal lamang ang pagiging salungat ng dalawang ito. Tinuturuan tayo ng karanasan na hindi sapat ang materyal na tulong o mga pagpapabagong pampulitika ni mga panalangin para iligtas ang kapwa. Ang mahalaga'y magkaroon ng bagong buhay ang mga tao. At upang mangyari ito, sila mismo ang kailangang humarap at lumutas sa mga tunay na problema ng kanilang pang-araw-araw na buhay-pangmateryal man o pang-edukasyon o pampulitika – mula sa mas malinaw na pananaw sa

bahay ng mga bagay na yari sa pilak at
ginto, at ng mga damit. At ibibihis ninyo
ang mga ito sa inyong mga anak, at sa
gayo'y sasamsaman ninyo ang mga
Ehipsiyo."

**Ang kapangyarihang gumawa ng himala**

**4** • 1 Sumagot si Moises kay Yawe:
"Paano kung hindi sila maniwala o
makinig sa akin, at sabihin nilang 'Hindi
naman totoong napakita sa iyo si Yawe!'?"
2 Kaya tinanong siya ni Yawe: "Ano
'yang hawak mo?" Sumagot siya: "Tung-
kod." 3 Sinabi ni Yawe: "Ihagis mo sa
lupa." Inihagis niya ito sa lupa at naging
ahas, at napaurong si Moises. 4 Sinabi ni
Yawe: "Hulihin mo sa buntot." Hinuli iyon
ni Moises at naging tungkod uli sa kan-
yang kamay. 5 At sinabi ni Yawe: "Ito ay
para maniwala sila na napakita sa iyo si
Yaweng Diyos ng inyong mga ninuno, ang
Diyos ni Abraham, ang Diyos ni Isaac,
ang Diyos ni Jacob."
6 At muling sinabi sa kanya ni Yawe:
"Ipatong mo ang iyong kamay sa dibdib
mo. Ipinatong niya ang kanyang kamay
sa kanyang dibdib, at nang iangat niya
iyo'y naging ketongin ang kanyang ka-
may, simputi ng niyebe. 7 At sinabi ng
Diyos: "Ipatong mo uli ang iyong kamay
sa dibdib mo." Ipinatong nga niyang muli
ang kanyang kamay sa kanyang dibdib,
at nang muli niya iyong iangat, naging
malusog na muli ang kanyang kamay,
tulad ng kanyang katawan.
8 Idinugtong ni Yawe: "Kapag hindi sila
naniwala sa iyo at hindi nakumbinsi ng
unang tanda, maniniwala sila kapag na-
saksihan nila ang ikalawa. 9 Ngunit kung
hindi pa sapat ang dalawang tandang ito
para maniwala sila sa iyo, kumuha ka ng
tubig sa Ilog Nilo at ibuhos iyon sa tuyong
lupa; at ang tubig na galing sa ilog ay
magiging dugo sa lupa."

**Si Aaron, ang interpreter ni Moises**

• 10 Sinabi ni Moises kay Yawe: "O
Yaweng Panginoon ko, kailanma'y hindi

---

katotohanan ng buhay ayon sa paningin ng Diyos at taglay ang mas tunay na pag-ibig na espirituwal na pagmamahal.

*Iaahon ko kayo mula sa lahat ng kaapihang ito.* Pinagmamalasakitan ng Diyos na Siyang Umiiral ang mga di pa umiiral sa katotohanan. Sinasabi nating inililigtas ng Diyos ang mga tao; kaya ipinalalagay nating ang mga ito'y mga tunay na tao at hindi tau-tauhang walang kalayaan o responsabilidad o kinikilalang dangal. Hindi paghuhugas ng mga kaluluwa ang kaligtasan kundi pagpapanumbalik sa dating kabuuan ng tao sa iba't ibang dimensyon nito: sa sarili, sa pamilya at sa lipunan.

Sa pangungusap tungkol sa pagpapalaya, lagi nang isang ganap na pagpapalaya sa tao ang tinutukoy ng Biblia. Sa pagpapalaya at pagliligtas sa kapwa naliligtas at lumalaya ang mga tao. Puwede nating pag-aralan ang Exodo bilang *Talambuhay ni Moises* at makita ang "pagliligtas" sa kanya o ang paglago niya bilang tao at bilang mananampalataya habang pinangangatawanan niya ang kanyang mga gawaing materyal at espirituwal at ang pagiging pinuno at tagapagpalaya ng kanyang mga kapatid.

• **4.**1 *Paano kung hindi sila maniwala sa akin?* Mahirap sa mga naghihikahos ang magkaisa at manalig sa mga puwedeng makapag-angat sa kanila. Pero magiging mas mahirap pa sa Israel ang masundan ang isang napakahabang daan ng pagpapalaya at lubhang salungat sa karunungan ng tao.

Maraming beses na hindi na iniisip ni Moises kung ano ang iisipin ng tao, kundi kumikilos siyang may kapangyarihan ng Diyos. Kaya tinatanggap niya ang kapangyarihang gumawa ng mga himalang magpapatunay sa kanyang awtoridad.

Iniakma ang lahat ng ito sa mundong ginagalawan ni Moises. Matutunghayan natin dito ang tipo ng mga kababalaghang sinasabing gawa ng mga salamangkerong Ehipsiyo.

• 10. *Magsasalita si Aaron para sa iyo.* Gusto sigurong takbuhan ni Moises ang tawag ng Diyos. Naramdaman niya siguro na hindi siya marapat sapagkat wala sa kanya ang mga katangiang waring kailangang-kailangan para maging lider. Pag Diyos ang tumawag, ibibigay niya ang lahat ng kakailanganin.

Para maintindihang mabuti ang papel ni Aaron sa mga pangyayaring ito, alalahanin natin na ang mga paring Judio ay tinawag na "mga anak ni Aaron"; itinuring silang kanyang mga inapo. Kaya si Aaron, na kapatid ni Moises sa di malinaw na paraan, tulad ng pagiging "kapatid ni Miriam kay Aaron", ay naging kapatid niya sa dugo sa paglipas ng panahon. Nakikita natin siyang nakikibahagi sa kapangyarihan ni Moises, at nagpapaliwanag sa mga salita nito; sa katunayan, ang mahalaga lamang sa mga pari ng Israel ay mapatunayan ang kanilang awtoridad.

ako naging magaling sa pagsasalita, kahit
na ngayong kinausap mo ako. Mabigat
ang aking bibig, mapurol ang aking dila."
11 Sinabi sa kanya ni Yawe: "Sino ba ang
nagbigay sa tao ng bibig? Sino ang nag-
paging-pipi sa kanya o bingi, nakakakita
o bulag? Hindi ba't akong si Yawe? 12 Sige,
humayo ka na – sasabibig mo ako at
ituturo ko sa iyo ang sasabihin mo."

13 Ngunit iginiit ni Moises: "Panginoon
ko naman, iba na lang sana ang isugo
mo." 14 Kaya nagalit si Yawe kay Moises,
at sinabi: "Di ba't kapatid mo si Aaron,
ang Levita? Alam kong magaling siyang
magsalita. Hayu't dumarating siya para
salubungin ka, at matutuwa siya kapag
nakita ka. 15 Kausapin mo siya at sabihin
ang sinabi kong sabihin mo. At sasainyo
ako kapag kinausap mo siya o nagsalita
siya, at ituturo ko ang dapat ninyong
gawin. 16 Magsasalita si Aaron sa bayan
para sa iyo; siya ang magiging pinaka-
bibig mo, at ikaw nama'y magiging
parang Diyos sa kanya. 17 At sa pamama-
gitan ng tungkod na ito sa iyong kamay,
gagawa ka ng mga kahanga-hangang
tanda."

18 Umuwi si Moises sa kanyang bi-
yenang si Yetro, at sinabi: "Babalik ako sa
aking mga kapatid sa Ehipto para mala-
man kung buhay pa sila." Sinabi ni Yetro
kay Moises: "Lumakad ka sa kapaya-
paan!"

**Bumalik si Moises sa Ehipto**

• 19 Sinabi ni Yawe kay Moises sa lupain
ng Madian: "Bumalik ka sa Ehipto sapag-
kat patay nang lahat ang mga taong nag-
hangad pumatay sa iyo."

20 Isinama ni Moises ang kanyang may-
bahay at mga anak. Isinakay niya sila sa
asno, at umalis patungong Ehipto. At
hawak ni Moises sa kanyang kamay ang
tungkod ng Diyos.

21 Sinabi ni Yawe kay Moises: "Sa pag-
balik mo sa Ehipto, alalahanin mo ang
lahat ng kahanga-hangang bagay na ipi-
nagkatiwala ko sa iyo, at gawin ang mga
ito sa harap ni Paraon. Gayunma'y pati-
tigasin ko ang kanyang puso kaya hindi
niya paaalisin ang aking bayan. 22 At sa-
sabihin mo kay Paraon – Ito ang sabi ni
Yawe – Ang Israel ang aking panganay na
anak, 23 at sinabi ko sa iyo: Paalisin mo
ang aking anak upang makasamba sa
akin. Ngunit tumanggi kang paalisin siya
kaya babawian ko ng buhay ang iyong
panganay na anak."

24 Sa isang bahay-pahingahan sa daan,
nilapitan si Moises ng Anghel ni Yawe, at
tinangka siyang patayin. 25 Ngunit ku-
muha si Sefora ng matalas na bato, at
hiniwa ang supot ng ari ng kanyang anak
na lalaki, at ipinahid ito sa mga paa ni
Moises, at sinabi: "Ikaw na nga ngayon
ang asawa ko sa pamamagitan ng dugo."
26 At iniwan ng Anghel si Moises. Sinabi ni
Sefora na "asawa sa pamamagitan ng
dugo" dahil sa pagtutuli.

**Tinanggap ng mga Israelita sina Moises at Aaron**

27 Sinabi ni Yawe kay Aaron: "Pumunta
ka sa disyerto at salubungin ang iyong
kapatid na si Moises." Kaya lumakad si
Aaron at sinalubong si Moises sa Bundok
ng Diyos. Hinalikan niya ito, 28 at isina-
laysay ni Moises kay Aaron ang lahat ng
sinabi sa kanya ni Yawe at lahat ng tan-
dang ipinagagawa sa kanya. 29 Tinipon
nina Moises at Aaron ang lahat ng mata-
tanda ng mga Israelita, 30 at sinabi sa
kanila ni Aaron ang lahat ng sinabi ni
Yawe kay Moises. Ginawa rin niya ang
mga tanda sa harap ng buong bayan, 31 at

---

• 19. *Malabo ang pangyayaring ito. Lumilitaw na may malubhang sakit si Moises. Sa pagkaka-intindi ng kanyang asawa'y dahil ito sa hindi pa siya tuli. Kaya, ayon sa pag-iisip nang panahong iyon, tinuli nito ang kanyang anak alang-alang sa kanya.*
Mapapansin na ang 4:19 ang pinaghanguan ng Mt. 2:20: layunin ng ebanghelista na ipakita na si Jesus ang bagong Moises.

sila'y naniwala. Nang marinig nila na dinalaw ni Yawe ang mga anak ng Israel at nakita ang kanilang paghihirap, nagpatirapa sila sa lupa at sumamba.

**Nakipag-usap si Moises kay Paraon**

5 • 1 Pagkatapos ay nagpunta sina Moises at Aaron kay Paraon, at sinabi: "Ito ang sinasabi ni Yaweng Diyos ng Israel – Paalisin mo ang aking bayan upang maipagpiyesta nila ako sa disyerto."

2 Sumagot si Paraon: "Sino si Yawe para pakinggan ko ang kanyang tinig at paalisin ang Israel? Hindi ko kilala si Yawe, at hindi ko paaalisin ang Israel."

3 At sinabi naman nila: "Nakipagtagpo sa amin ang Diyos ng mga Hebreo. Payagan mo kaming makapaglakbay nang tatlong araw sa disyerto, at mag-aalay kami roon ng mga hain kay Yaweng Diyos namin. Kung hindi'y parurusahan niya kami ng mga salot o tabak."

4 Sinabi sa kanila ng hari ng Ehipto: "Moises at Aaron, bakit ninyo pinatitigil ang mga tao sa kanilang trabaho? Bumalik kayo sa inyong mga trabaho. 5 Napakarami na ng mga anak-pawis na ito at inaabala pa ninyo sa kanilang mga trabaho."

6 Nang araw ding iyon, iniutos ni Paraon sa mga kapatas ng bayan at sa mga sekretaryong Israelita: 7 "Huwag na ninyong bibigyan ng dayami tulad ng dati ang mga tao para sa paggawa ng tisa. Sila mismo ang palakarin ninyo at pakunin ng dayami para sa kanilang sarili, 8 pero dati pa ring dami ng tisa ang ipagagawa ninyo sa kanila, tulad ng dati, at huwag bawasan kahit isa. Mga tamad sila kaya sila sumisigaw na paalisin para mag-alay ng hain sa kanilang Diyos. 9 Mas pabigatin pa ninyo ang trabaho ng mga taong ito, at nang hindi nila bigyang-pansin ang mga kasinungalingang ito."

**Mga unang paghihirap**

10 Lumakad ang mga kapatas at ang kanilang mga sekretaryong Israelita, at sinabi sa bayan: "Hindi na kayo bibigyan pa ni Paraon ng dayami. 11 Kayo mismo ang lumakad at manguha ng dayami para sa inyong sarili saanman kayo makakakita, pero di dapat mabawasan ni isa man ang inyong trabaho."

12 Kumalat ang bayan sa buong Ehipto upang manguha ng pinaggapasang magagamit na dayami. 13 Patuloy silang minamadali ng mga kapatas sa pagsasabing "Tapusin ang trabahong dapat matapos sa araw-araw, tulad noong mayroon kayong dayami." 14 Binugbog ng mga kapatas ang mga sekretaryong Israelita na kanilang pinamahala, at sinabi: "Bakit hindi ninyo natapos kahapon ni ngayon ang dating dami ng tisa tulad ng dati?"

15 Nagreklamo kay Paraon ang mga sekretaryong Israelita, at sinabi: "Bakit naman ninyo kami ginaganito? 16 Hindi na nga kami binibigyan ng dayami, pero pinagagagawa pa kami ng tisa. Binubugbog kami, pero ang inyong mga tauhan ang mali." 17 Sumagot si Paraon: "Mga batu-

---

• **5**.1 Hindi madaling marinig ang salita ng Diyos sa mga opisina sa kapitolyo, hindi tulad sa disyerto. Ang mga sagot at mga desisyon ng Paraon ang modelong parang ginagaya ng maraming direktor at administrador. Hinindian ng Paraon sina Moises at Aaron at nawalan naman ng tiwala sa kanila ang kanilang mga kasamahan.

Matutunghayan natin sa kabuuan ng kasaysayan ang parehong oposisyon ng mga ayaw gumalaw para lumaya, walang tiwalang magtatagumpay ito o ng mga bumabale-wala at hindi sumusuporta sa mga lider na nagtatrabaho para sa kanilang kapakanan. Malungkot na sinabi ni Martin Luther King bago siya mamatay na nagugulat siya sa kawalang-pakialam ng mga Negro: pakiramdam niya'y nag-iisa siya sa pakikibaka para sa kanyang mga kalahi. Sa ika-16 na dantaon naman, matitinding puna ang dinanas ni Fray Bartolome de las Casas mula sa iba pang misyonero dahil sa pagpoprotesta niya para sa mga Indio ng Latin America.

Hindi nagkukulang ng mga paraan ang Diyos para isulong ang kanyang gawa ng pagpapalaya hangga't may pananampalataya si Moises at magpapakatatag.

Pansinin ang pagkakalagay sa gipit ng *mga sekretaryong Israelita* na nag-uutos sa bayan sa ngalan ng mga awtoridad na Ehipsiyo.

gan! Mga tamad! Kaya gusto ninyong makaalis para mag-alay ng hain kay Yawe. 18 Sige, balik sa inyong mga trabaho. Hindi kayo bibigyan ng dayami, ngunit parehong dami pa rin ng tisa ang inyong gagawin."

19 Nakita ng mga sekretaryong Israelita na masama ang kanilang lagay. 20 Pagkaalis nila sa bahay ni Paraon, nakipagkita sila kina Moises at Aaron na naghihintay sa kanila, 21 at sinabi nila sa mga ito: "Makita sana kayo ni Yawe at hatulan, sapagkat pinabaho ninyo kami kay Paraon at sa kanyang mga opisyal, at inilagay ninyo sa kanilang kamay ang tabak upang patayin kami."

22 Bumaling si Moises kay Yawe at sinabi: "O Panginoon! Bakit naman ganito kasama ang trato mo sa iyong bayan? Bakit mo pa ako sinugo? 23 Mula nang kausapin ko si Paraon sa iyong pangalan, pinahirapan na niya ang bayang ito, at wala ka man lang ginawa para iligtas ang iyong bayan!"

**6** 1 Sinabi ni Yawe kay Moises: "Dahil sa malakas na kamay, paaalisin niya kayo; at dahil sa malakas na bisig ay ipagtatabuyan niya kayo sa kanyang lupain. Makikita mo ngayon ang gagawin ko kay Paraon."

### Isa pang salaysay ng pagtawag kay Moises

• 2 *Nagsalita ang Diyos kay Moises at sinabi: "Ako si Yawe!* 3 *Napakita ako kina Abraham, Isaac at Jacob, bilang Diyos na Makapangyarihan, ngunit hindi ako nagpakilala sa kanila sa pangalang Yawe.* 4 *Nakipagtipan ako sa kanila na ibibigay sa kanila ang lupain ng Kanaan, ang lupaing tinirhan nila bilang mga dayuhan.* 5 *At ngayon, pagkarinig ko sa daing ng mga Israelitang inaalipin ng mga Ehipsiyo naaalaala ko ang aking pakikipagtipan.*

6 *Kaya sabihin mo sa kanila: Ako si Yawe, ilalabas ko kayo mula sa pamatok ng Ehipto at palalayain sa pagkaalipin sa kanila. Tutubusin ko kayo sa pamamagitan ng mga kahanga-hangang gawa at sa mga suntok ng aking makapangyarihang kamay.* 7 *Kukunin ko kayo bilang aking bayan at ako ang inyong magiging Diyos. At malalaman ninyo na ako si Yaweng Diyos ninyo na naglabas sa inyo mula sa pamatok ng Ehipto.* 8 *Dadalhin ko kayo sa lupaing ipinangako kong ibibigay kina Abraham, Isaac at Jacob, at ibibigay ko ito sa inyo bilang ari-arian ninyo. Ako si Yawe."*

9 *Sinabi ito ni Moises sa mga anak ng Israel, pero hindi sila nakinig sa kanya sapagkat labis na silang nasiraan ng loob bunga ng malupit na pang-aalipin sa kanila.*

10 *Nagsalita si Yawe kay Moises:* 11 *"Humayo ka at kausapin si Paraong hari ng Ehipto, at sabihin sa kanya na paalisin sa lupain ang bayan ng Israel."* 12 *Ngunit sinabi ni Moises: "Kung ang mga Israelita na nga mismo ay hindi nakinig sa akin, paano pa akong pakikinggan ni Paraon, ako na may mapurol na dila?"* 13 *Ngunit kinausap ni Yawe sina Moises at Aaron, at inutusan sila gayundin si Paraon na paalisin sa Ehipto ang bayan ng Israel.*

### Mga ninuno nina Moises at Aaron

14 *Narito ang mga pinuno ng mga tribu:*
*Mga anak ni Ruben na panganay ni Israel: sina Hanok, Falu, Hesron at Karmi – ito ang angkan ni Ruben.*

15 *Mga anak ni Simeon: sina Hamuel, Hamin, Ahod, Hakin, Sojar at Saul na anak ng isang Kananea – ito ang angkan ni Simeon.*

16 *Ito naman ang mga anak ni Levi at ang kanilang mga inapo: sina Gerson, Kehat at Merari. Nabuhay si Levi nang sandaa't tatlumpu't pitong taon.*

17 *Mga anak ni Gerson: sina Lobni at Semei, at ang kanilang mga inapo.*

18 *Mga anak ni Kehat: sina Amram, Hishar, Hebron at Oziel. Nabuhay si Kehat nang sandaa't tatlumpu't tatlong taon.*

19 *Mga anak ni Merari: sina Majli at Musi. Ito ang mga inapo ni Levi at ang kanilang mga pamilya.*

---

• **6.**2 Sinabi natin sa simula ng librong ito na pinagsama-sama rito ang iba't ibang salaysay ng parepareho ng mga pangyayari. Dito nagsisimula ang isang mas huli at mas binuod na istorya ng pagtawag kay Moises. Ibinibigay rito ang listahan ng kanyang mga ninuno. At sinasabi rin ng mga paring sumulat nito na nabuhay si Moises nang sandaa't dalawampung taon, ibig sabihi'y tatlong salinlahi, bilang na may sinasagisag, buo at ganap:

– apatnapung taong gulang siya nang umalis sa Ehipto,
– walumpung taon nang makipagtagpo sa Diyos,
– sandaa't dalawampung taon nang mamatay.

20 *Napangasawa ni Amram ang kanyang*
*tiyahing si Yokabed na nagkaroon ng dalawang*
*anak na lalaki, sina Moises at Aaron. Nabuhay*
*si Amram nang sandaa't tatlumpu't pitong taon.*
21 *Mga anak ni Hishar: sina Kore, Nefeg at*
*Zicri.*
22 *Mga anak ni Oziel: sina Misael, Elisafan at*
*Sitri.*
23 *Napangasawa ni Aaron si Elizabeth na*
*anak ni Aminadab, at kapatid ni Najason, at*
*nagkaanak ng apat na lalaki: sina Nadab,*
*Abihu, Eleazar at Itamar.*
24 *Mga anak ni Kore: Aser, Elkana at Abiasat.*
*Ito ang angkan ng mga Koreita.*
25 *Napangasawa naman ni Eleazar na anak*
*ni Aaron ang isa sa mga anak ni Futiel, at*
*ipinanganak nito sa kanya si Finjas.*
*Ito ang mga pinuno ng angkan ng mga*
*Levita, ayon sa mga pamilya.*
26 *Ang Aaron at Moises na ito ang sinabihan*
*ni Yawe na "Ilabas ninyo ang bayan ng Israel*
*nang bata-batalyon mula sa lupain ng Ehipto."*
27 *Sila ang nakipag-usap kay Paraong hari ng*
*Ehipto tungkol sa paglalabas sa mga anak ng*
*Israel mula sa Ehipto.*
*Sila nga sina Moises at Aaron.*
28 *Nang magsalita si Yawe kay Moises sa*
*lupain ng Ehipto,* 29 *sinabi niya: "Ako si Yawe.*
*Sabihin mo kay Paraong hari ng Ehipto ang*
*lahat ng sinasabi ko sa iyo."* 30 *Ngunit sinabi ni*
*Moises: "Mapurol ang aking dila, paano ako*
*pakikinggan ni Paraon?"*

**Pahayag ng mga salot**

**7** 1 *Sinabi ni Yawe kay Moises: "Tingnan mo,*
*ginawa kitang parang diyos kay Paraon, at*
*ang kapatid mong si Aaron ang iyong magiging*
*propeta.* 2 *Sasabihin mo kay Aaron ang lahat*
*ng iniuutos ko, at sasabihin naman niya kay*
*Paraon na paalisin ang bayan ng Israel sa*
*lupaing ito.* 3 *Ngunit patitigasin ko ang puso ni*
*Paraon, at bagamat pararamihin ko ang aking*
*mga tanda at kahanga-hangang bagay,* 4 *ay*
*hindi siya makikinig sa iyo. Kaya gagamitin ko*
*ang aking kamay laban sa Ehipto at palalabasin*
*ko ang aking mga hukbo, ang aking bayan, ang*
*mga anak ng Israel mula sa Ehipto sa pama-*
*magitan ng mabigat na mga parusa.* 5 *At ma-*
*lalaman ng mga Ehipsiyo na ako si Yawe kapag*
*iniunat ko ang aking kamay laban sa Ehipto*
*upang ilabas ang bayan ng Israel mula sa*
*kanilang lupain.*
6 *Ginawa nga nina Moises at Aaron ang ini-*
*utos ni Yawe.* 7 *Walumpung taon noon si Moises*
*at walumpu't tatlo naman si Aaron nang ka-*
*usapin nila si Paraon.*
8 *Nagsalita si Yawe kina Moises at Aaron sa*
*pagsasabing* 9 *"Kapag sinabi sa inyo ni Paraon*
*na gumawa ng himala para patunayan ang*
*inyong mga sinabi, sasabihin mo kay Aaron –*
*Kunin mo ang iyong tungkod at ihagis sa hara-*
*pan ni Paraon – at iyon ay magiging ahas."*
10 *Pinuntahan nga nina Moises at Aaron si*
*Paraon, at ginawa ang iniutos ni Yawe. Inihagis*
*ni Aaron ang kanyang tungkod sa harap ni*
*Paraon at ng mga opisyal nito, at iyon ay naging*
*ahas.* 11 *Kaya ipinatawag naman ni Paraon ang*
*mga pantas at mga salamangkero, at nagawa*
*rin ng mga ito ang gayon sa pamamagitan ng*
*kanilang mga lihim na kaalaman.* 12 *Inihagis ng*
*bawat isa ang kanyang tungkod at naging ahas*
*din ang mga iyon. Ngunit nilulon ng tungkod ni*
*Aaron ang mga tungkod ng mga salamangkero.*
13 *Gayunma'y tumigas ang puso ni Paraon at*
*hindi sila pinakinggan, tulad ng sinabi ni Yawe.*

**Mga salot sa Ehipto**

• 14 Sinabi ni Yawe kay Moises: "Ma-
tigas ang puso ni Paraon; tumatanggi
siyang paalisin ang bayan. 15 Kaya sa

• **7.**14 Narito ang *mga salot* ng Ehipto. Pipitong salot ang isinasalaysay ng mga talatang galing sa pinakamatandang istorya. Siyam naman ang sinasabi ng iba pang salaysay, ang sa Eloista. At idinadagdag ng ikatlong istorya ang tungkol sa *mga pigsa*.

Alam ng mga manunulat ng Biblia na gumagawa rin ng mga himala ang puwersa ng kasamaan para itago ang mga pagkilos ng Diyos. Pansinin ang mga detalyeng ito: 7:11-12; 8:3; 8:14-15; 9:10.

Inilalarawan din naman sa kabanata 10 ang mga reaksyon ng mga taong nakakakilala sa mga tanda ng Diyos ngunit hindi naman sumasapit sa tunay na pagbabalik-loob.

Sa pagbasa sa mga salot o kasawiampalad ng Ehipto, tatlong bagay ang itatanong ng modernong mambabasa:

– Talaga nga bang nagkaroon ng mga kagila-gilalas na milagro para pinsalain ang mga Ehipsiyo?

– Kung mga natural na pangyayari ang mga ito, kailangan ba nating ituring na parusa ng Diyos ang anumang kapahamakan?

– Ang Ehipsiyong magbubukid ba o mamamayan ang may pananagutan sa pulitika ng Paraon at dapat siyang parusahan?

Tungkol sa unang tanong, alam nating isinalaysay at pinalawak ng mga Israelita sa loob ng mga dantaon ang mga istoryang ito. Gusto lamang sabihin ng mga ito na ipinakita ng Diyos ang kanyang kalooban sa Paraon sa pamamagitan ng mga kapahamakang pangkalikasan na laganap sa Ehipto: ang balang, "ang pulang Nilo", mga palaka.

Tungkol naman sa pangalawa, tingnan ang pali-

umaga'y puntahan mo si Paraon paglabas niya ng palasyo patungo sa tubig. Hintayin mo siya sa tabing-ilog at hawakan ang tungkod na naging ahas. 16 Sasabihin mo sa kanya – Si Yaweng Diyos ng mga Hebreo ang nagsugo sa akin para sabihin sa iyo: Paalisin mo ang aking bayan upang sambahin ako sa disyerto. Ngunit hanggang ngayo'y hindi ka pa nakikinig. 17 Ito ang sinasabi ni Yawe: Malalaman mo sa pamamagitan nito na ako si Yawe: tingnan mo, hahampasin ko ng hawak kong tungkod ang tubig ng Nilo, at magiging dugo ito! 18 Mamamatay ang mga isda sa ilog at babaho ang Nilo, at hindi na maiinom ng mga Ehipsiyo ang tubig nito."

*19 Sinabi ni Yawe kay Moises: "Sabihin mo kay Aaron – Kunin mo ang iyong tungkod at iunat ang iyong kamay sa ibabaw ng mga tubig ng Ehipto, sa mga ilog, kanal, sapa at lahat ng ipunan ng tubig, at magiging dugo iyon. Magkakaroon ng dugo sa buong Ehipto, maging sa mga sisidlang kahoy at bato." 20 Ginawa nga nina Moises at Aaron ang iniutos ni Yawe.*

Itinaas ni Aaron ang kanyang tungkod at hinampas ang tubig ng Nilo, nang nakikita ni Paraon at ng mga opisyal nito, at naging dugo ang lahat ng tubig ng Nilo. 21 Namatay ang mga isda sa ilog, at bumaho ang Nilo, kayat hindi na mainom ng mga Ehipsiyo ang tubig ng Nilo.

*Nagkaroon ng dugo sa buong lupain ng Ehipto. 22 Gayunman, nagawa rin ng mga salamangkerong Ehipsiyo ang gayon sa pamamagitan ng kanilang mga lihim na kaalaman, at tumigas ang puso ni Paraon. At hindi ito nakinig kina Moises at Aaron, tulad ng sabi ni Yawe.*

23 Umuwi si Paraon na parang walang anumang nangyari. 24 Ngunit naghuhukay ang lahat ng Ehipsiyo sa pampang ng Nilo sa paghanap ng tubig na maiinom sapagkat hindi nila mainom ang tubig sa ilog.

**Ikalawang salot: mga palaka**

25 Lumipas ang pitong araw matapos hampasin ni Yawe ang Nilo.

26 Sinabi ni Yawe kay Moises: "Puntahan mo si Paraon at sabihin sa kanya na sinasabi ni Yawe – Paalisin mo ang aking bayan para sumamba sa akin! 27 Kung hindi mo sila paaalisin, parurusahan ko ang iyong lupain sa salot ng mga palaka. 28 Babaha ng palaka ang Nilo, papasukin nila ang iyong palasyo, ang iyong kuwarto at ang iyong kama, pati ang bahay ng iyong mga opisyal at iyong mga mamamayan, ang inyong mga hurno at pinagmamasahan ng harina. 29 Lulundag sa iyo at sa iyong bayan at sa lahat ng iyong opisyal ang mga palaka."

**8** 1 Kinausap ni Yawe si Moises: "Sabihin mo kay Aaron – Iunat mo ang iyong kamay, hawak ang iyong tungkod, sa ibabaw ng mga ilog, kanal at sapa ng Ehipto, at paahunin ang mga palaka sa buong lupain ng Ehipto." 2 Iniunat nga ni Aaron ang kanyang kamay sa mga tubig ng Ehipto, at nag-ahunan ang mga palaka at naglipana sa buong lupain ng Ehipto. 3 Gayon din ang ginawa ng mga salamangkero ng Ehipto sa pamamagitan ng kanilang mga lihim na kaalaman, at nagpalabas din sila ng mga palaka sa lupain ng Ehipto!

4 Kaya ipinatawag ni Paraon sina Moises at Aaron, at sinabi: "Hingin ninyo kay Yawe na alisin ang mga palaka sa akin at sa aking bayan, at paaalisin ko ang inyong bayan para makapag-alay ng mga hain kay Yawe." 5 Ngunit sumagot si Moises: "Sabihin mo sa akin kung kailan kita ipagdarasal at ang iyong mga opisyal sampu ng iyong bayan upang maalis sa iyo at sa iyong mga opisyal ang mga palaka maliban sa Nilo." 6 Sumagot si Paraon: "Bukas!" At sinabi ni

---

wanag sa Lc 13:1. Binababalaan tayo ng Diyos sa pamamagitan ng mga tanda. Kung bubuksan ng mga pinuno ng isang bansa ang kanilang mga mata sa kasamaang nagpapahirap sa kanilang bayan, makikita mismo nila na pagbabayaran nang malaki ang kawalang-katarungan.

Pag dating naman sa ikatlong tanong, alalahanin nating ayon sa kanilang panahon at kalagayan ang takbo ng utak ng mga sagradong manunulat. Hindi nila pinoproblemang malaman kung ang mga Ehipsiyo o ang Paraon mismo ang nagkasala sa pagsalungat kay Moises. Tanging nakita lamang nila na plano ng Diyos ang sinasalungat nila kayat kailangan silang magapi: ito ang ibig nilang sabihin sa salitang *pinarusahan*. Hindi nila itinatanong kung ano na ang nangyari sa mga magbubukid na Ehipsiyo. Para sa kanila, ang Ehipto ang kumakatawan sa di-makatarungang Kapangyarihan, at ang Paraon sa Kaaway ng Diyos.

Moises: "Ayon sa sabi mo, at nang malaman mo
na walang katulad si Yaweng Diyos namin,
7 aalis ang mga palaka sa iyo at sa iyong mga
bahay, sa iyong mga opisyal at sa iyong bayan;
sa Nilo lamang mananatili ang mga iyon."
8 Pagkasabi nito, iniwan nina Moises at Aaron si
Paraon.

At tumawag si Moises kay Yawe tungkol sa
mga palaka ayon sa napagkasunduan nila ni
Paraon. 9 Ginawa ni Yawe ang sinabi ni Moises
kay Paraon, at namatay ang mga palaka sa mga
bahay, sa mga bakuran, at mga bukirin. 10 Ti-
nipon iyon at ibinunton, at umalingasaw ang
buong lupain. 11 Ngunit nang maginhawahan si
Paraon, nag-ibayo ang katigasan ng kanyang
puso, at ayaw na namang makinig kina Moises
at Aaron, tulad ng sinabi ni Yawe.

**Ikatlong salot: mga lamok**

12 Sinabi ni Yawe kay Moises: "Sabihin mo
kay Aaron na hampasin niya ng kanyang tung-
kod ang alabok ng lupa, at gawin itong lamok sa
buong lupain." 13 Gayon nga ang ginawa ni
Aaron; hinampas niya ang alikabok ng lupa at
naging mga lamok na nagpahirap sa mga tao at
mga hayop. Ang lahat ng alikabok sa lupa sa
buong Ehipto ay naging lamok. 14 Ngunit nang
tangkain ng mga salamangkero, sa pamama-
gitan ng kanilang mga lihim na kaalaman, na
bugawin ang mga lamok, ay hindi nila nagawa
iyon, kaya nagpatuloy ang mga lamok sa pag-
papahirap sa mga tao at mga hayop. 15 Sinabi ng
mga salamangkero kay Paraon: "Ito ang daliri
ng Diyos!" ngunit matigas ang puso ni Paraon at
ayaw niyang makinig, tulad ng sinabi ni Yawe.

**Ikapat na salot: mga bangaw**

16 Sinabi ni Yawe kay Moises: "Gumising ka
nang maaga bukas at makipagharap ka kay
Paraon, sa pagpunta niya sa ilog. Sabihin mo sa
kanya – Ito ang sabi ni Yawe: Paalisin mo ang
aking bayan upang sumamba sa akin. 17 Kung
hindi mo paaalisin ang aking bayan, padarag-
sain ko sa iyo ang mga bangaw, pati sa iyong
mga opisyal at sa iyong bayan at sa iyong mga
bahay. Mapupuno ng mga bangaw ang mga
bahay ng mga Ehipsiyo, kahit na ang lupang
kinatitirikan ng mga ito. 18 Ngunit sa araw na
iyon ay ibubukod ko ang lupain ng Gosen na
tirahan ng aking bayan. Hindi magkakaroon ng
bangaw roon, para malaman mo na akong si
Yawe ay nasa lupaing ito. 19 Kaya hindi magiging
pareho ang pakikitungo ko sa aking bayan at sa
iyong bayan. Makikita mo bukas."

20 Ginawa nga ito ni Yawe, at nagdagsaan ang
napakakapal na bangaw sa palasyo ni Paraon at
sa mga bahay ng kanyang mga opisyal at sa
buong Ehipto, at winasak ang buong lupain.

21 Ipinatawag ni Paraon sina Moises at Aaron,
at sinabi: "Sige, mag-alay na kayo ng mga hain
sa inyong Diyos sa lupaing ito." 22 Ngunit su-
magot si Moises: "Hindi ito maaari pagkat ang
mga hayop na iniaalay namin kay Yaweng Diyos
namin ay sagrado para sa mga Ehipsiyo. Kaya
tingnan mo, kung mag-aalay kami ng haing
hindi tama sa harap ng mga Ehipsiyo, hindi ba
nila kami babatuhin? 23 Kailangan naming mag-
lakbay nang tatlong araw sa disyerto, at doon
kami mag-aalay ng hain kay Yaweng Diyos
namin, tulad ng iniutos niya sa amin."

24 Sumagot si Paraon: "Paaalisin ko kayo
para mag-alay ng hain sa disyerto kay Yaweng
Diyos ninyo, sa kundisyong hindi kayo lalayo.
At ipagdasal ninyo ako sa Diyos!"

25 Sinabi ni Moises: "Pagkaalis na pagkaalis
ko'y ipagdarasal kita kay Yawe, at bukas ay
iiwan na ng mga bangaw si Paraon, ang kanyang
mga opisyal at ang kanyang bayan. Ngunit
huwag mong ipagpatuloy ang panlilinlang sa
amin sa pagtangging paalisin ang bayan para
mag-alay kay Yawe." 26 Umalis si Moises sa
bahay ni Paraon at nanalangin kay Yawe. 27 At
ginawa ni Yawe ang sinabi ni Moises, at iniwan
ng mga bangaw si Paraon, ang kanyang mga
opisyal, at ang kanyang bayan. Walang naiwan
isa mang bangaw.

28 Ngunit matigas pa rin ang puso ni Paraon,
at tumanggi siyang paalisin ang bayan.

**Ikalimang salot: ang peste**

9 1 Sinabi ni Yawe kay Moises: "Puntahan
mo si Paraon at sabihin sa kanya – Ito ang
sabi ni Yaweng Diyos ng mga Hebreo – Paalisin
mo ang aking bayan para sumamba sa akin.
2 Kung tatanggihan mong paalisin sila at patuloy
silang pipigilan, 3 magdadala ng kakila-kilabot
na salot ang kamay ni Yawe sa iyong mga hayop
na nasa bukid – sa iyong mga kabayo, mga
asno, mga kamelyo, mga baka at mga tupa.
4 Ngunit iba ang magiging pakikitungo ni Yawe
sa mga alagang hayop ng Israel sa mga hayop
ng Ehipto. Walang mamamatay sa mga hayop
ng bayan ng Israel."

5 At itinakda ni Yawe ang oras, at sinabi:
"Gagawin ito ni Yawe bukas." 6 Ginawa nga ito ni
Yawe kinabukasan: namatay ang lahat ng ala-
gang hayop ng mga Ehipsiyo, ngunit wala isa
mang namatay sa pag-aari ng mga Israelita.
7 Nagsiyasat si Paraon, at totoo ngang wala isa
mang namatay sa mga hayop ng mga Israelita.
Ngunit matigas pa rin ang puso ni Paraon, at
hindi pa rin niya pinaalis ang bayan.

**Ikanim na salot: mga pigsa**

8 *Sinabi ni Yawe kina Moises at Aaron:
"Kumuha kayo ng ilang dakot na abo mula sa
hurnong tisa at isaboy ito ni Moises sa langit na
nakikita ni Paraon.* 9 *Magiging pinong alikabok
iyon sa buong lupain ng Ehipto, at magdadala
ng nagnanaknak na pigsa sa mga tao at mga
hayop."* 10 *Kaya kumuha sila ng abo sa hurno, at
sa harapan ni Parao'y inihagis iyon ni Moises sa
langit, at nagdala nga iyon ng nagnanaknak na
pigsa sa mga tao at mga hayop.* 11 *At hindi
makaharap kay Moises ang mga salamangkero
sapagkat sila man ay may pigsa rin, tulad ng
lahat ng Ehipsiyo.*

12 *Ngunit pinatigas ni Yawe ang puso ni
Paraon, at hindi nito pinakinggan sina Moises at
Aaron, tulad ng sinabi ni Yawe kay Moises.*

**Ikapitong salot: mga batong yelo**

13 Sinabi ni Yawe kay Moises: "Gumising ka
nang maaga, humarap kay Paraon at sabihin sa
kanya – Ito ang sabi ni Yaweng Diyos ng mga
Hebreo: Paalisin mo ang aking bayan para
sumamba sa akin! 14 Sapagkat sa pagkaka-
taong ito ay ipadadala ko ang buong lakas ng
aking mga salot laban sa iyo, sa iyong mga
opisyal at sa iyong bayan, upang malaman
mong walang tulad ko sa buong daigdig.
15 Sapagkat kung gugustuhin ko ay naiunat ko
na sana ang aking kamay laban sa iyo, at
binugbog ka na at ang iyong bayan sa salot na
lilipol sa inyo sa balat ng lupa. 16 Ngunit ito ang
dahilan kung bakit pinababayaan pa kitang
mabuhay: upang masaksihan mo ang aking
kapangyarihan at upang maipagbunyi ang
aking pangalan sa buong daigdig. 17 Tutol ka pa
rin ba sa pag-alis ng aking bayan sa lupain?
18 Bukas, sa ganitong oras, magpapaulan ako ng
mga batong yelo na hindi pa nangyayari sa
Ehipto mula nang matatag ito hanggang
ngayon. 19 Kaya ipasilong mo ang lahat ng iyong
kawan at lahat ng pag-aari mo na nasa bukirin,
sapagkat pag bagsak ng yelo sa anumang ma-
lalabi sa mga bukirin, maging tao o hayop,
mamamatay ang mga iyon." 20 Nagmadaling
isinilong ng ilang opisyal ni Paraon na natakot sa
salita ni Yawe ang kanilang mga alipin at mga
hayop; 21 ngunit pinabayaan ng mga bumale-
wala sa babala ni Yawe ang kanilang mga alipin
at mga hayop sa bukid.

22 At sinabi ni Yawe kay Moises: "Iunat mo
ang iyong kamay sa langit para umulan ng mga
batong yelo sa buong Ehipto – sa mga tao, mga
hayop at sa lahat ng tumutubo sa bukid." 23 Ini-
unat nga ni Moises ang kanyang tungkod sa
langit, at nagpadala si Yawe ng kulog at mga
batong yelo, at tinamaan ng kidlat ang lupa, at
nagpaulan ng mga batong yelo sa lupain ng
Ehipto. 24 Gumuhit ang kidlat sa gitna ng pag-
ulan ng yelo. Napakalakas ng pag-ulan ng mga
batong yelo na hindi pa nangyayari sa buong
Ehipto mula nang iyon ay maging bansa.

25 Sa buong Ehipto, tinamaan ng mga batong
yelo ang lahat ng nasa bukid, maging tao o
hayop. Pinadapa niyon ang lahat ng tumutubo
sa bukid at ibinuwal ang lahat ng puno.
26 Tanging sa lupain lamang ng Gosen hindi
bumagyo ng yelo, kung saan naroon ang mga
Israelita.

27 Ipinatawag ni Paraon sina Moises at Aaron,
at sinabi: "Maliwanag na ngayon na nagkasala
ako. Tama si Yawe; ako at ang aking bayan ang
mali. 28 Idalangin ninyo kay Yawe na husto na
ang kulog at pag-ulan ng yelo! Paaalisin ko na
kayo, at hindi na kayo mananatili pa rito."

29 Sinabi ni Moises sa kanya: "Pagkalabas ko
ng siyudad, itataas ko ang aking kamay kay
Yawe; titigil ang kulog at hindi na uulan ng yelo,
at malalaman ninyo na kay Yawe ang lupa.
30 Ngunit alam kong ikaw at ang iyong mga
opisyal ay wala pa ring takot kay Yaweng aming
Diyos." 31 Nasalanta ang mga tanim na linen at
sebada, sapagkat nagpuso na ang butil ng
sebada at namumulaklak na ang linen, 32 ngunit
hindi napinsala ang mga trigo at mga trigong-
habaan na huli na nang itanim.

33 Iniwan ni Moises si Paraon, at lumabas ng
lunsod, at itinaas ang mga kamay kay Yawe.
Tumigil nga ang kulog at yelo, at huminto ang
pagbuhos ng ulan. 34 Nang makita ni Paraon na
tumila na ang ulan at napawi na ang kulog at
yelo, muli siyang nagkasala. Nanatiling matigas
ang puso niya at ng kanyang mga opisyal.
35 Nagmatigas nga si Paraon at hindi pinaalis
ang mga Israelita, tulad ng sinabi ni Yawe sa
pamamagitan ni Moises.

**Ikawalong salot: mga balang**

**10** • 1 Sinabi ni Yawe kay Moises: "Puntahan
mo si Paraon sapagkat pinatigas ko ang
puso niya at ng kanyang mga opisyal, upang
ipakita sa kanila ang aking mga tanda, 2 at nang
maisalaysay mo sa iyong mga anak at mga apo
kung paano ako lumaban sa mga Ehipsiyo
sampu ng mga tanda na ginawa ko sa kanila,
upang malaman ninyo na ako si Yawe."

3 Kaya pumunta sina Moises at Aaron kay
Paraon, at sinabi: "Ito ang sabi ni Yaweng Diyos
ng mga Hebreo – Hanggang kailan ka tatang-
ging yumuko sa harap ko? Paalisin mo ang

aking bayan upang sumamba sa akin. 4 Kung
tatanggi kang paalisin ang aking bayan, bukas
na bukas di'y magpapadala ako ng mga balang
sa bansa mo, 5 at tatakpan nila ang balat ng lupa,
at wala nang ibang makikita. Lalamunin ng mga
iyon ang anumang natira pagkatapos ng ulan ng
yelo, pati ang bawat punong tumutubo sa bukid.
6 Pupunuin ng mga iyon ang iyong bahay at ang
mga bahay ng iyong mga opisyal at lahat ng
bahay sa Ehipto – isang pangyayaring hindi
nasaksihan ng iyong mga ninuno o ng mga
ninuno ng iyong mga ninuno mula nang tumira
sila rito hanggang sa araw na ito." Pagkasabi
nito, tumalikod si Moises at iniwan si Paraon.
7 Sinabi ng mga opisyal ni Paraon: "Hang-
gang kailan magiging bitag para sa atin ang
lalaking ito? Paalisin na ninyo ang bayan upang
makasamba sila kay Yaweng Diyos nila. Hindi
pa ba ninyo nakikitang wasak na ang Ehipto?"
8 Kaya muling iniharap sina Moises at Aaron
kay Paraon, at sinabi nito sa kanila: "Sige,
umalis na kayo! Sambahin ninyo si Yaweng
Diyos ninyo. Pero sino nga bang talaga ang
aalis?" 9 Sinabi ni Moises: "Aalis kaming kasama
ang aming mga bata at matatanda, ang aming
mga anak na lalaki at babae, ang aming mga
tupa at mga baka, sapagkat malaking piyesta ni
Yawe ang aming ipagdiriwang." 10 Sinabi ni Pa-
raon: "Sumainyo nawa si Yawe kung paalisin ko
kayong kasama ang inyong mga batang maliliit!
Maliwanag na may masama kayong binabalak.
11 Hindi! Mga lalaki lamang ang aalis para su-
mamba kay Yawe, kung iyon ang gusto ninyo!"
At pinalayas sila sa harapan ni Paraon.
12 Sinabi ni Yawe kay Moises: "Iunat mo ang
iyong kamay sa lupain ng Ehipto upang mag-
datingan ang mga balang sa lupain, at lalamunin
ng mga iyon ang lahat ng tumutubo sa lupain,
lahat ng natira pagkatapos umulan ng yelo."
13 At iniunat nga ni Moises ang kanyang tungkod
sa lupain ng Ehipto. Maghapo't magdamag na
pinaihip ni Yawe ang hanging silangan sa lupain,
at kinaumagaha'y dala na ng hanging silangan
ang mga balang. 14 Nagdatingan ang napaka-
raming balang, at dumapo sa buong lupain ng
Ehipto – umaatikabo – na hindi pa kailan man
nagkaroon at hindi na magkakaroon pang muli.
15 Parang ulap sa kapal ang mga balang sa
buong lupain, at dumilim ang lupa. Nilamon ng
mga iyon ang lahat ng tumutubo sa lupa, ang
lahat ng bungangkahoy na natira pagkatapos
umulan ng yelo. Walang nalabing luntian, ma-
ging puno o halaman sa bukid, sa buong lupain
ng Ehipto.
16 Dahil sa lahat ng ito, agad na ipinatawag ni
Paraon sina Moises at Aaron, at sinabi sa kanila:
"Nagkasala ako laban kay Yaweng Diyos ninyo
at laban sa inyo. 17 Kahit ngayon lang ay pata-
warin na sana ninyo ang aking kasalanan, at
ipakiusap kay Yaweng inyong Diyos sa huling
pagkakataon na alisin sa akin ang nakama-
matay na salot na ito."
18 Iniwan ni Moises si Paraon, at nanalangin
kay Yawe 19 na nagpadala ng napakalakas na
hangin mula sa kanluran na tumangay naman
sa mga balang at dinala ang mga ito sa Dagat ng
Mga Tambo. Wala isa mang balang na naiwan sa
buong lupain ng Ehipto.
20 Ngunit pinatigas ni Yawe ang puso ni Pa-
raon, kaya hindi pa rin nito pinaalis ang mga
Israelita.

**Ikasiyam na salot: dilim**

21 Sinabi ni Yawe kay Moises: "Iunat mo sa
langit ang iyong kamay upang lukuban ng ka-
rimlan ang lupain ng Ehipto, isang makapal at
nadaramang karimlan." 22 Iniunat nga ni Moises
ang kanyang kamay sa langit, at agad na na-
balot ng dilim ang buong lupain ng Ehipto sa
loob ng tatlong araw. 23 Hindi nila makita ang
isa't isa kaya hindi sila makagalaw sa loob ng
tatlong araw, ngunit may liwanag sa tinitirhan ng
lahat ng Israelita.
24 Ipinatawag ni Paraon si Moises, at sinabi:
"Sige, umalis na kayo, at sumamba kay Yawe.
Isama ninyo ang inyong mga anak, iwan lamang
ninyo ang inyong mga tupa at mga baka."
25 Sinabi naman ni Moises: "Bakit? Ikaw ba ang
magbibigay sa amin ng mga hayop para sa
aming mga hain at sinunog na handog kay
Yaweng Diyos namin? Hindi! 26 Isasama rin
namin ang aming mga hayop, walang maiiwan
ni isang pata man, sapagkat sa aming hayupan
kami pipili ng mga iaalay kay Yaweng Diyos
namin. At hindi namin malalaman kung alin ang
aming isasakripisyo kay Yawe hanggang hindi
kami nakararating sa lugar na iyon."

---

• **10.1** *Pinatigas ko ang puso niya.* Sa katunayan, ang sinasabi ng teksto ay: "Pinapagmatigas ko siya", o "Hinayaan kong tumigas ang puso niya." Pero ang puso para sa mga Hebreo ang lugar na pinanggagalingan ng mga disisyon (ulo naman para sa atin); hindi ibig sabihi'y nilason ng Diyos ang puso ni Paraon. Nagmamatigas si Paraon: iyon ang gusto ng Diyos, at nagiging bahagi iyon ng kanyang plano na nagsasamantala sa mga humahadlang dito. Tiyak na hindi gusto ng awtor na harapin ang problema ng kalayaang pantao sa Diyos na makapangyarihan sa lahat.

27 Pinatigas pa rin ni Yawe ang puso ni Paraon,
ayaw na naman nitong paalisin ang mga
Israelita.
28 Sinabi ni Paraon kay Moises: "Lumayas ka
sa harap ko, at huwag ka nang haharap pa sa
akin! Mag-ingat ka, sapagkat mamamatay ka sa
oras na humarap ka sa akin." 29 Sinabi ni Moises:
"Gaya ng sabi, hinding-hindi na ako haharap
pang muli sa iyo."

**Pagbabalita sa ikasampung salot**

**11** • 1 Sinabi ni Yawe kay Moises: "Isa
pang salot ang ipadadala ko kay
Paraon at sa Ehipto. Pagkatapos niyon,
paaalisin na niya kayo at ipagtatabuyan
pa. 2 Kausapin mo ang bayan at sabihin sa
kanila na humingi sila sa kanilang mga
kapitbahay ng mga bagay na yari sa pilak
at ginto."
3 Pinagmagandang-loob ni Yawe ang
mga Ehipsiyo sa sambayanan. At si Moi-
ses mismo ay iginalang ng mga opisyal ni
Paraon at ng mga tao, tulad ng isang
taong kinikilala sa Ehipto.
4 Sinabi ni Moises: "Ito ang sabi ni Yawe
– Dadaan ako sa buong Ehipto pagha-
hatinggabi 5 at mamamatay ang lahat ng
panganay na anak sa Ehipto – mula sa
pinakapanganay ni Paraon na siyang
tagapagmana ng trono hanggang sa
panganay ng utusang babaeng nasa
gilingan at sa mga unang anak ng mga
hayop. 6 Magkakaroon ng matinding
pagtangis sa buong lupain ng Ehipto na
hindi pa kailan man nangyayari at hindi
na mangyayari pang muli. 7 Ngunit sa
mga Israelita, isa mang aso'y hindi
aalulong dahil sa kamatayan ng tao o
hayop. At malalaman ninyong magkaiba
ang pakikitungo ni Yawe sa Ehipto at sa
Israel.
8 Lahat ng iyong pinunong ito ay lalapit
sa akin at yuyuko sa harap ko, at sasa-
bihin: Umalis na kayo, ikaw at ang buong
bayang sumusunod sa iyo. Pagkatapos
nito ako aalis." At nag-aapoy sa galit na
iniwan ni Moises si Paraon.
9 Sinabi ni Yawe kay Moises: "Hindi ka
pakikinggan ni Paraon, kaya magka-
karoon ng maraming kahanga-hangang
bagay sa lupain ng Ehipto."
10 Ginawa na nga nina Moises at Aaron
ang mga kahanga-hangang bagay na ito
sa harap ni Paraon ngunit pinatigas
naman ni Yawe ang puso ni Paraon kaya
hindi pa rin niya pinaalis ang mga Israelita
sa kanyang lupain.

**Ang Paskuwa**

**12** • *1 Nakipag-usap si Yawe kina
Moises at Aaron sa lupain ng
Ehipto, at sinabi: 2 "Ang buwang ito ang
magiging simula ng lahat ng buwan para
sa inyo, ang unang buwan ng inyong*

---

• **11.**1 *Mamamatay ang lahat ng panganay na anak sa Ehipto.* Malapit na ang pansampung salot: papatayin ng "Anghel ni Yawe" ang mga anak ng mga Ehipsiyo. Malamang na ito ay tungkol sa kung anong epidemya o peste, gaya ng nasa 2 Mga Hari 19:35. At sa mismong pagkakataong ito ipinagdiriwang ang pagsasalu-salo sa tupang pampaskuwa.

• **12.**1 *Kukuha ng isang kordero para sa bawat sambahayan.* Sa paggala ng mga ninuno ng mga Hebreo kasama ng kanilang mga kawan bago sila lumusong sa Ehipto, ipinagdiriwang nila taun-taon ang *Paskuwa ng Kordero*, na tradisyunal na piyesta ng mga pastol. Iniaalay nila ito sa unang buwan ng *tagsibol* (12:2), na panahong napakaselan para sa mga inahing tupang bagong panganak. Inaalagaan nang ilang araw sa mismong tirahan ng mga tao (12:6) ang tupang napili para sa piyesta. Kayat mas nakakaisa ito sa pamilya at dinadala nito ang mga pagkakasala ng lahat ng kabilang sa pamilyang iyon. At pagkatapos ay winiwisikan naman ng dugo nito ang mga tolda para itaboy ang mga *Mamumuksang* espiritu na maaaring puminsala sa mga tao at mga hayop.

*Makikita ko ang dugo at ito ang dahilan ng paglampas ko.* Nabago ang kahulugan ng matandang kapistahan. Gusto ng Diyos ang Paskuwa sa himig ng paglabas sa Ehipto: mananatili ito palagi para ipagunita sa Israel ang kanyang paglaya.

Sa pagliligtas niya sa mga panganay ng Israel, muling ipinahahayag ng Diyos ang kanyang pormal na pagbabawal sa pagsunog sa tao bilang handog (Gen 22). Kanya siyempre ang mga panganay ng kanyang bayan (13:1) gayundin ang mga panganay ng mga hayop at mga unang bunga ng lupa (Dt 26:2); pero dahil ang Diyos mismo ang nagligtas, tutubusin ang mga panganay sa Israel sa halip na susunugin bilang handog (Ex 13:13).

Mula noo'y ituturing na ng mga pamilyang Israelita na kay Yawe ang mga panganay nilang lalaki (Ex 13:1), dahil iniligtas sila sa salot. Ayon sa batas na ito,

taon. 3 Kausapin mo ang buong pama-
yanan ng Israel, at sabihin sa kanila:
Sa ikasampung araw ng buwang ito,
kukuha ng isang kordero ang bawat
pamilya, isang kordero para sa bawat
sambahayan. 4 Kung ang pamilya ay
napakaliit para sa isang kordero, kaila-
ngang magsalo sila ng pinakamalapit
nilang kapitbahay, batay sa bilang ng
mga tao at kung gaano ang kayang
kainin ng bawat isa.
5 Pipili kayo ng isang korderong wa-
lang kapintasan, walang kapansanan,
lalaki at inianak ngayong taong ito.
Kukunin ninyo ito sa mga tupa o mga
kambing. 6 Isasama ninyo iyon sa inyo
hanggang sa ikalabing-apat na araw ng
buwan.
Sa dapithapong iyon, kakatayin ng
buong pamayanan ng Israel ang kanilang
mga kordero, 7 at kukuha kayo ng kaun-
ting dugo at ilalagay iyon sa mga poste at
hamba ng pinto ng mga bahay na kaka-
inan ninyo.
8 Kakanin ninyo sa gabi ring iyon ang
karne niyon na inihaw sa apoy, kaulam
ang tinapay na walang lebadura at ma-
pait na gulay.
9 Huwag ninyong kakanin nang mala-
sado ang karne o nilaga, kundi inihaw na
buo sa apoy – kasama ang ulo, ang mga
pata at mga lamang-loob. 10 Huwag
kayong magtitira para sa kinabukasan. At
kung may matira man, sunugin iyon sa
apoy kinaumagahan.
11 At ganito ninyo ito kakanin: naka-
sinturon ang inyong baywang, nakasan-
dalyas ang inyong mga paa, at may
hawak na tungkod sa inyong kamay.
Dalian ninyo itong kakanin, sapagkat ito
ang paskuwa sa karangalan ni Yawe.
12 Sa gabing iyon, dadaanan ko ang
buong Ehipto at tatagain ang bawat
panganay sa Ehipto – sa mga tao at mga
hayop – at parurusahan ko ang lahat ng
diyos ng Ehipto. Ako si Yawe! 13 Ang dugo
sa inyong mga bahay ang magiging
tanda na kayo ay naroon. Makikita ko
ang dugo at ito ang dahilan ng pag-
lampas ko; at hindi magkakaroon sa inyo
ng nakamamatay na salot kapag tinaga
ko ang lupain ng Ehipto.
14 Ito ang araw na aalalahanin ninyo at
ipagdiriwang sa karangalan ni Yawe.
Ipagdiriwang ninyo ang araw na ito
bilang araw ng kapistahan kay Yawe sa
lahat ng inyong salinlahi; ipagdiriwang
ninyo ito bilang kautusang panghabang-
panahon.

**Piyesta ng Tinapay na Walang Lebadura**

• 15 Pitong araw kayong kakain ng tinapay
na walang pampaalsa. Mula sa unang araw ay
aalisin na ninyo sa inyong mga bahay ang lahat
ng lebadura, sapagkat sinumang kumain ng

---

si Jesus na *panganay* ni Maria at panganay ng Diyos ay ihahain sa Templo (Lc 2:22).

*Ito ang Paskuwa kay Yawe* (12:27). Magkakaroon ng bagong kahulugan ang piyestang ito na galing sa mga pagano: pinagtitibay ng dugo ng Kordero ang pakikipagtipan ni Yawe sa bayang pinili niya mula sa lahat ng iba pang mga bayan. Mula noo'y magiging piyesta ng kasarinlan ng Israel ang Paskuwa, at sa mga araw ng Paskuwa loloobin ng Diyos na mamatay at mabuhay si Jesus. Pinagtitibay ng kamatayan ni Jesus ang *Bagong Pakikipagtipan* ng Diyos sa mga tao (Lc 22:20).

Bawat misa ay pagsasangayon sa pagkamatay at pagkabuhay ng Kordero ng Diyos, si Kristo. Tinutulungan ba tayo nito na makapasok nang mas malalim sa ating bokasyon para makapaglingkod sa daigdig na patuloy na pinalalaya ng Diyos? Malayong-malayo ito sa kaisipang isang tungkuling panrelihiyon ang dapat tuparin.

• 15. Makalipas ang mga dantaon, nang maging bayan ng mga magsasaka ang Israel, naging kaugalian nila na ipagdiwang taun-taon sa panahon ng tagsibol ang isang linggong piyesta kung kailan sila kumakain ng tinapay na walang lebadura. Galing din sa mga pagano ang piyestang ito. Ngunit sa halip na kalabanin ng mga paring Judio ang pagdiriwang nito, mas ginusto nilang pagsamahin ang sanlinggong ito at ang piyesta ng Paskuwa, at bigyan ito ng bagong kahulugan sa pag-uugnay nito sa Paglabas mula sa Ehipto. Ipapaalaala ng di-pinaalsang tinapay ang madaliang pag-alis ng mga Israelita kayat wala na silang panahon para magpaalsa pa ng tinapay.

Isang halimbawa ang ibinibigay sa atin dito ng Biblia: anong pagpapakahulugang Kristiyano meron ang mga piyestang sa simula ay wala naman, gaya ng Bagong Taon, Araw ng Paggawa?

*tinapay na may lebadura mula sa una*
*hanggang ikapitong araw ay hindi na ma-*
*bubuhay sa Israel.* 16 *Magkakaroon ng banal na*
*pagtitipon sa unang araw, at isa pa sa ikapitong*
*araw. Walang magtatrabaho sa mga araw na ito*
*maliban sa kinakailangang paghahanda ng*
*pagkain.*
17 *Ipagdiwang ninyo ang Piyesta ng Tinapay*
*na Walang Lebadura, sapagkat sa araw na iyon*
*ko inilabas ang inyong mga hukbo mula sa*
*Ehipto. Ipagdiwang ito sa mga susunod na*
*salinlahi bilang panghabampanahong kautu-*
*san.* 18 *Sa unang buwan, mula sa hapon ng*
*ikalabing-apat na araw hanggang sa ikadala-*
*wampu't isa, tinapay na walang lebadura ang*
*inyong kakanin.*
19 *Hindi dapat magkaroon ng lebadura sa*
*inyong mga bahay sa loob ng pitong araw.*
*Sinumang kakain ng anumang may lebadura*
*ay hindi na mabubuhay pa sa Israel, maging*
*dayuhan man o katutubo.* 20 *Huwag kakain ng*
*anumang may lebadura; tinapay na walang*
*lebadura ang kakanin ninyo sa lahat ng inyong*
*tirahan."*

• 21 Tinawag ni Moises ang lahat ng
matatanda ng Israel, at sinabi sa kanila:
"Pumili kayo at kumuha ng isang hayop
para sa bawat pamilya, at katayin ang
kordero ng Paskuwa. 22 Kumuha ng isang
sanga ng isopo at ilubog sa dugong nasa
planggana, at iwilig ang dugo sa mag-
kabilang poste at hamba ng pintuan: at
walang sinuman sa inyo ang lalabas sa
pinto ng kanyang bahay hanggang
umaga. 23 Sapagkat dadaan si Yawe para
tagain ang Ehipto at kapag nakita niya
ang dugo sa hamba at mga poste ng pin-
tuan, lalampasan niya ang pinto at hindi
pahihintulutang pumasok ang Mamu-
muksa sa inyong mga bahay para
managa.
24 Sundin ninyo at ng inyong mga inapo
ang tagubiling ito bilang panghabam-
panahong kautusan; 25 gagawin ninyo ang
seremonyang ito pagpasok ninyo sa
lupaing ibibigay sa inyo ni Yawe, tulad ng
kanyang ipinangako. 26 At kung tanungin
kayo ng inyong mga anak – Ano ang ibig
sabihin ng seremonyang ito? – 27 sasa-
bihin ninyo sa kanila – Ito ang pag-aalay
ng Paskuwa kay Yawe: nilampasan niya
ang mga bahay ng mga Israelita sa Ehipto
nang tagain niya ang mga Ehipsiyo, at
iniligtas ang ating mga bahay."
Nang marinig ito ng sambayanan,
yumuko sila at sumamba. 28 At nagsilakad
ang mga Israelita at ginawa ang iniutos ni
Yawe kina Moises at Aaron.

**Kamatayan ng mga panganay**

29 Kinahatinggabihan, tinaga ni Yawe
ang lahat ng panganay sa Ehipto, mula sa
pinakapanganay ni Paraon na tagapag-
mana ng trono hanggang sa panganay ng
bilanggong nasa piitan pati ang unang
anak ng lahat ng hayop.
30 Nagising nang gabing iyon si Paraon,
ang kanyang mga opisyal at lahat ng
Ehipsiyo, at nagkaroon ng malakas na
panangisan sa Ehipto sapagkat walang
bahay na hindi namatayan.
31 Nang gabi ring iyon, ipinatawag ni
Paraon sina Moises at Aaron, at sinabi:
"Sige, tumindig kayo at iwan ang aking
bayan. Umalis na kayo at sumamba kay
Yawe tulad ng sabi ninyo. 32 Dalhin ninyo
ang inyong mga tupa at mga baka, tulad
ng sabi ninyo, at magsilayas kayo! At
sumaakin nawa ang pagpapala." 33 Ina-
pura rin ng mga Ehipsiyo ang samba-
yanan na umalis sa lupain sa lalong ma-
daling panahon, at sinabi nila: "Mama-
matay tayong lahat kapag hindi sila
umalis."
34 Kaya dinala ng mga Israelita ang
masa ng harina na hindi pa nalalagyan ng
lebadura, at pinasan ito na nasa lalagyang
pinagmamasahan na nakabalot sa kani-
lang mga kapa. 35 Ginawa ng mga Israelita
ang sinabi sa kanila ni Moises, at nang-
hingi sila sa mga Ehipsiyo ng mga bagay
na yari sa ginto at pilak at ng mga damit.
36 Pinagmagandang-loob ni Yawe ang
mga Ehipsiyo sa kanyang bayan, at ibi-
nigay ng mga ito sa kanila ang kanilang
hinihingi, kaya nasamsaman nila ang
Ehipto.

**Pag-alis ng mga Israelita**

• [37] *Umalis ang mga Israelita sa Rameses patungo sa Sukot; halos animnaraang libong lalaki na naglalakad, hindi pa kasama sa bilang ang mga bata.*

[38] *Kasama rin nilang umalis ang isang makapal na pulutong ng lahat ng uri ng tao, gayundin ang napakaraming kawan ng mga tupa at mga baka.*

[39] *Ginawa naman nilang tinapay na walang lebadura ang masa na kanilang dala mula sa Ehipto. Hindi pa iyon nalalagyan ng lebadura dahil hindi sila puwedeng maantala nang palayasin sila sa Ehipto kaya hindi na sila nakapagbaon.*

[40] *Tumira sa Ehipto ang mga Israelita sa loob ng apatnaraa't tatlumpung taon.*
[41] *Sa katapusan ng apatnaraa't tatlumpung taong ito, sa pinakahuling araw mismo, umalis sa Ehipto ang lahat ng hukbo ni Yawe.*

[42] *Ito ang gabi ng pagbabantay ni Yawe upang ilabas sa Ehipto ang Israel. Para kay Yawe ang gabing ito, at ang gabi ring ito ang gabi ng pagbabantay ng mga Israelita, taun-taon, sa habang panahon.*

**Mga batas tungkol sa Paskuwa**

[43] *Sinabi ni Yawe kina Moises at Aaron: "Ito ang mga kautusan sa pagdiriwang ng Paskuwa. Walang dayuhang kakain nito,* [44] *liban sa aliping tinuli pagkabili sa kanya. Makakakain siya nito,* [45] *ngunit hindi ang pansamantalang naninirahan o ang upahang manggagawa.* [46] *Kakainin ang buong kordero sa loob ng isang bahay lamang, at sa karne nito ay walang ilalabas ng bahay. Huwag babaliin ang alinman sa mga buto nito.* [47] *Ipagdiriwang ng buong pamayanan ng Israel ang seremonyang ito.*

[48] *Kung may dayuhang nakikipamayan sa inyo at gustong ipagdiwang ang Paskuwa ni Yawe, kailangang ipatuli niya ang lahat ng lalaki sa kanyang sambahayan. At maaari na siyang dumulog tulad ng isang isinilang sa lupain, ngunit walang lalaking di-tuli ang maaaring makisalo dito.* [49] *Iisa lang ang batas para sa mga katutubo at mga dayuhang nakikipamayan sa inyo."*

[50] *Ginawa nga ng lahat ng Israelita ang iniutos ni Yawe kina Moises at Aaron.* [51] *At nang araw ding iyon, inilabas ni Yawe ang mga Israelita, bata-batalyon, mula sa lupain ng Ehipto.*

**Pag-aalay sa mga panganay na anak**

**13** [1] *Nagsalita si Yawe kay Moises sa pagsasabing:* [2] *"Italaga ninyo sa akin ang lahat ng panganay: akin ang mga anak na lalaki ng Israel na magbubukas sa bawat sinapupunan, maging tao o hayop."*

[3] Sinabi ni Moises sa sambayanan: "Alalahanin ninyo ang araw na lumabas kayo sa Ehipto mula sa bahay ng pagkaalipin, sapagkat inilabas kayo ni Yawe mula roon nang may malakas na kamay; at dahil dito, hindi kayo kakain ng tinapay na pinaalsa.

• [4] *Buwan ng Abib ang inyong pag-alis.*
[5] Kapag dinala na kayo ni Yawe sa lupain ng mga

---

• 21. Matutunghayan natin dito ang iba pang mga tagubilin tungkol sa pagdiriwang ng Paskuwa.

• 37. *Isang makapal na pulutong ng lahat ng uri ng tao* (38). Walang pagkakahawig sa bayang banal ang mga pagala-galang Israelita. Naroon ang mga taong dahil sa kung anu-anong mga dahilan ay nagpasyang umalis kasama ni Moises. Hinuhuli ng Tagapagligtas ang lahat sa kanyang lambat, at sa paglipas lamang ng panahon, sa pagharap ng mga ito sa mga pagsubok sa disyerto ay saka niya pagbubukud-bukurin ang mabubuti at masasama.

*Animnaraang libong lalaki*. Gusto lamang sabihin ng di-kapani-paniwalang bilang na ito ang panrelihiyong kahalagahan ng pag-alis na ito. Sa totoo'y hindi lalampas nang mga dalawandaan ang mga lalaki pati na ang kanilang mga asawa't anak na kasamang umalis ni Moises. Alalahanin nating sila'y mga pastol, at hindi sila mabubuhay nang may bababa sa tigsasampung hayop. Ang isang grupo ng dalawandaang katao ay mangangahulugan ng mga dalawanlibong tupa at asno. Hindi kayang sustinihan ng mga balon ng Sinai at ng mga oasis nito ang mas maraming kawan. Magkakamali siguro tayo kung, dito at sa iba pang mga aklat ng kasaysayan, ay isasalin natin ang salitang nangangahulugan ng grupo ng sampung tao bilang sanlibong tao. Hindi gaanong mahalaga ang mga pagpapalabis sa katotohanan na likas sa popular na bersiyon ng isang salaysay: hindi pinipigilan ng mga ito ang Diyos na masabi ang gusto niyang sabihin. Totoo muli ang mensahe rito. Ang pag-alis na ito ng bayan ni Moises ay simula ng isang napakalaki at pambihirang karanasan.

• **13.**4 *Magiging pinakatanda para sa iyo sa iyong kamay* (tingnan 9 at 16). Gumagamit ng mga

Kananeo, Heteo, Amorreo, Heveo at Yebuseo,
sa lupaing dinadaluyan ng gatas at pulot-
pukyutan na isinumpa niya sa inyong mga
ninuno na ibibigay sa inyo, gagawin ninyo ang
seremonyang ito sa buwang ito.

6 Kakain kayo ng tinapay na walang lebadura
sa loob ng pitong araw, at magpipiyesta kayo sa
karangalan ni Yawe sa ikapitong araw. 7 Tinapay
na walang lebadura ang kakanin ninyo sa loob
ng pitong araw, at hindi kayo dapat kakitaan ng
tinapay na may lebadura, o ng lebadura sa buo
ninyong nasasakupan. 8 Sa araw na iyon, sa-
sabihin ninyo sa inyong anak – Ginagawa ko ito
dahil sa ginawa ni Yawe para sa akin nang
lumabas ako sa Ehipto.

9 Ang seremonyang ito ay magiging pinaka-
tanda para sa iyo sa iyong kamay at isang pag-
aalaala sa iyong noo, upang laging sumaiyong
mga labi ang Aral ni Yawe, sapagkat inilabas ka
ni Yawe mula sa Ehipto nang may malakas na
kamay. 10 Dahil dito, tutuparin mo ang kautu-
sang ito sa takdang panahon taun-taon.

11 Kapag dinala ka na ni Yawe sa lupain ng
mga Kananeo at ibinigay iyon sa iyo, tulad ng
isinumpa niya sa iyo at sa iyong mga ninuno,
12 ibubukod mo para kay Yawe ang lahat ng
unang magbubukas ng sinapupunan, at lahat ng
panganay pati ng inyong mga hayop. Para kay
Yawe ang mga panganay na lalaking ito.

13 Bawat panganay na asno ay tutubusin ng
isang kordero, at kung hindi ninyo ito tutubusin,
babaliin ninyo ang leeg nito. Tutubusin ninyo
ang bawat panganay sa inyong mga anak na
lalaki. 14 Kung sa hinaharap ay tanungin kayo ng
inyong anak kung ano ang ibig sabihin nito,
sasabihin ninyo – Inilabas kami ni Yawe mula sa
Ehipto nang may malakas na kamay, mula sa
bahay ng pagkaalipin. 15 Nang magmatigas si
Paraon na payagan kaming umalis, pinatay ni
Yawe ang bawat panganay sa Ehipto, maging
tao o hayop. Ito ang dahilan kung bakit iniaalay
ko kay Yawe ang lahat ng panganay na lalaki sa
aking mga hayop, at tinutubos naman ang ba-
wat panganay sa aking mga anak na lalaki.

16 Ito ang magiging pinakatanda sa iyong
kamay at tatak sa pagitan ng iyong mga mata,
na magpapaalaala sa iyo na inilabas kami ni
Yawe mula sa Ehipto nang may malakas na
kamay.

**Ang pag-alis**

17 Nang paalisin ni Paraon ang sambayanan,
hindi sila dinala ng Diyos sa daang nasa lupain
ng mga Pilisteo, bagamat iyon ang mas malapit,
sapagkat naisip ng Diyos na maaaring masiraan
ng loob at magbalik sa Ehipto ang sambayanan
kung makita nilang sila'y mapapalaban. 18 Kaya
pinaliko ng Diyos ang sambayanan sa daang
nasa ilang patungo sa Dagat ng Mga Tambo. At
umalis nga ang mga Israelita sa Ehipto, nakaha-
nay na lima-lima.

19 Dinala ni Moises ang mga buto ni Jose
sapagkat pinasumpa nito ang mga anak ng
Israel sa pagsasabing "Tiyak na dadalawin kayo
ng Diyos kayat dalhin ninyo ang aking mga buto
mula rito."

20 Mula sa Sukot, tumigil sila sa Etam na nasa
may hangganan ng disyerto. 21 Sa araw ay nasa
unahan nila si Yawe sa isang haliging ulap upang
ituro sa kanila ang daan, at sa gabi nama'y sa
isang haliging apoy upang bigyan sila ng li-
wanag, kaya nakapaglakbay sila araw at gabi.
22 Hindi nawala sa harap ng sambayanan
maging ang ulap kung araw o ang apoy kung
gabi.

**Hinabol ng mga Ehipsiyo ang mga Israelita**

**14** 1 *At sinabi ni Yawe kay Moises:* 2 *"Sa-*
*bihin mo sa mga Israelita na bumalik at*
*tumigil sa harap ng Pihahirot, sa pagitan ng*
*Migdol at ng dagat, paharap sa Baal-Sefon. Mag-*
*kampo kayo sa tapat mismo ng lugar na ito at*
*malapit sa dagat.* 3 *Kaya iisipin ni Paraon na*
*naligaw ang mga Israelita at nakulong sa dis-*
*yerto.* 4 *At patitigasin ko naman ang puso ni*
*Paraon upang habulin kayo, at luluwalhatiin*
*ako dahil kay Paraon at sa kanyang mga*
*hukbo, at malalaman ng mga Ehipsiyo na ako si*
*Yawe."*

*Gayon nga ang ginawa ng mga Israelita.*

## Pagtawid sa Dagat ng Mga Tambo


• 5 Nang maipagbigay-alam sa hari ng

---

tato at mga bagay na panrelihiyon ang ibang mga bayan para ipakita ang kanilang kaibahan pag dating sa relihiyon. Ngunit makikilala naman ang mga Israelita sa pagdiriwang ng araw ng pagliligtas sa kanila ng Diyos nilang Tagapagligtas.

• **14.**5 Sa pinakagabi ng pag-aalay sa Korderong Pampaskuwa, lumakad ang mga Hebreo. Hinabol sila ng mga Ehipsiyo at inabutan naman sila nang nasa may latian na sila sa baybayin ng Dagat ng Tambo (13:17). Binubuksan ng Diyos ang daan para sa kanyang bayan upang iligtas ito, samantalang nalulunod naman ang kanilang mga kaaway.

*Huwag kayong matakot!* Hindi pababayaan ng Diyos ang mga umaalis patungo sa daan ng paglaya. Sumasagot si Moises na *parang nakikita ang di-*



Ang mga ruta ng Exodo

Sa paglalahad sa atin ng Biblia ng magandang larawan ng Exodo ng isang buong bayan, pinasisimple nito ang katotohanan. Napatunayan ng mga dalubhasa sa kasaysayan na maraming grupo ng mga nomad ang labas-masok sa Ehipto nang mga taong iyon: isa sa mga ito ang bayang pinalaya ni Moises. Ngunit parang pinaghahalo ng salaysay sa Biblia ang mga alaala ng dalawang magkaibang grupo.

Ang isang grupo siguro'y pinalayas mula sa Ehipto dahil sa pagkakaroon ng salot (ang pansampung salot) nang mga taong 1400. Maaaring lumabas ang grupong ito sa "ruta ng mga kuta at nilakad ang lugar na iyon ng dalampasigan na pinuntahan ng mga pugo" (Ex 16:13; Blg 11:31). At saka sila dumating sa oasis ng Kades kung saan sila matagal na naglagi hanggang sa dumating ang isa pang grupo. Binubuo ng mga tribu nina Ruben, Simeon, Levi at Juda ang pulutong na ito. Sila ang papasok sa Palestina pa-timog:

Lumabas namang kasama ni Moises ang ikalawang grupo, at tumakas sa dilim ng gabi nang mga taong 1260. Tinahak nila ang daan ng mga aliping takas sa may timog ng Sinai. Sila ang mga saksi sa milagro sa Dagat ng Mga Tambo, at pagkatapos ay dumating sila sa Bundok Horeb matapos silang dumaan sa rehiyong tinutubuan ng mga punong tamarisko na nagbubunga ng manna (Ex 16:14; Blg 11:7). Matapos tumigil sa Kades, malamang na ang grupong ito na binubuo ng mga tribu nina Efraim, Manases at Benjamin ang pumasok sa Palestina pa-silangan sa pagtawid nila sa Jordan kasama ni Josue (Jos 3).

Ehipto na nakaalis na ang sambayanan,
nagbago ng isip si Paraon at ang kanyang
mga opisyal tungkol sa sambayanan. Si-
nabi nila: "Ano itong nagawa natin? Pina-
yagan nating makaalis ang Israel at ma-
kalaya sa paninilbihan sa atin!"

6 Ipinahanda ni Paraon ang kanyang
karuwahe at isinama ang kanyang hukbo.
7 Dinala niya ang animnaraan sa kanyang
pinakamahusay na mga karwahe, pati
ang lahat ng karwahe ng Ehipto, at sakay
sa mga ito ang mga mandirigma.

*8 Pinatigas ni Yawe ang puso ni Paraong hari*
*ng Ehipto, kaya hinabol niya ang mga Israelita*
*na matagumpay namang naglalakad. 9 Hinabol*
*ng mga Ehipsiyo – ng lahat ng karwahe at*
*kabayo ni Paraon, ng kanyang mga mangangа-*
*bayo at hukbo – ang mga Israelita, at naabutan*
*ang mga ito na nagkakampo sa tabing-dagat,*
*malapit sa Pihahirot, sa tapat ng Baal-Sefon.*

10 Papalapit na si Paraon, tumingin ang
mga Israelita, at naku! kasunod nilang
dumarating ang mga Ehipsiyo. Lubha
silang natakot, at sumigaw kay Yawe.
11 Sinabi nila kay Moises: "Wala bang
libingan sa Ehipto kaya mo kami dinala sa
disyerto para mamatay? Ano itong gi-
nawa mo sa amin at inilabas mo kami sa
Ehipto? 12 Di ba't sinabi na namin sa iyo sa
Ehipto – Huwag mo kaming pakialaman;
pabayaan mo kaming manilbihan sa mga
Ehipsiyo. Mas mabuti pa nga sanang na-
nilbihan na lamang kami sa mga Ehipsiyo
kaysa mamatay sa disyerto!"

13 Sinabi ni Moises sa sambayanan:
"Huwag kayong matakot! Manatili kayo
sa inyong kinatatayuan at tingnan ang
pagliligtas na gagawin ni Yawe para sa
inyo ngayon. Hindi na ninyo makikita
pang muli kailanman ang mga Ehipsiyo
na nakikita ninyo ngayon! 14 Ipakikipag-
laban kayo ni Yawe; at wala kayong anu-
mang gagawin."

*15 Sinabi ni Yawe kay Moises: "Bakit ka du-*
*maraing sa akin? Sabihin mo sa mga Israelita*
*na magpatuloy sa paglakad. 16 Itaas mo ang*
*iyong tungkod at iunat ang iyong kamay sa*
*dagat, at hatiin iyon upang makatawid sa*
*dagat ang mga Israelita nang hindi nababasa*
*ang mga paa. 17 Patitigasin ko ang puso ng mga*
*Ehipsiyo, kayat hahabulin nila kayo. At lulu-*

---

*nakikita* (Heb 11:27), at ang kanyang pananampalataya ang nagpapasimula sa pakikisangkot ng Diyos.

*Pinaihip ni Yawe ang hanging-silangan*. Sa totoo'y hindi gaanong malinaw ang pinakamatandang salaysay tungkol dito. Hindi nito sinasabing tumawid sa dagat ang mga Israelita kundi *nakita* nilang *patay sa dalampasigan* (14:30) ang mga humahabol sa kanila.

Ganoon nga kaya kabanayad ang pakikisangkot at pagkilos ng Diyos: nagkaroon kaya ng pagguho ng lupa o biglang pagtaas ng tubig? Sapat na iyon para iligtas ang mga hinahabol. Ngunit ang pakikisangkot ng Talaga ng Diyos – napakarami nito sa daigdig – ay walang mababago sa kasaysayan kung wala roon si Moises na propeta ng Diyos para magbigay-kahulugan sa pangyayaring iyon: pinalalaya ni Yawe ang Israel upang maging bayan niya.

Ito ang itinuturo sa atin ng sumunod na salaysay na nasusulat sa mas maliit na letra. Ikinukuwento nito ang pagtawid na ito sa dagat sa paraang mapagtagumpay at bidang-bida. Dito'y maayos na nakapilang lumalakad ang mga tao ni Moises *sa magkabilang pader ng tubig!* Isang tropa ng mga takas? Talaga nga! *Mga hukbo* sila *ni Yawe* (12:41). Sa kanila sinisimulan ng Diyos ng mga dukha ang muling paggawa sa daigdig.

Kaya nagsisilbi pa ring isang huwaran ng kasaysayang Kristiyano ang paglaya ng Israel. May iba pang mga tagumpay tayong makikita, maliliit at malalaki, na nagpaunlad sa Kaharian ng Diyos at kanyang Katarungan. Dito ma'y may mga grupo ring nakatalaga sa gawang pagpapalaya na nakipagharap nang walang sandata laban sa Paraon at sa kanyang mga karwahe, mga opisyal at mga burukrata.

Ang mga tumawid sa kabilang dalampasigan ay hindi na kapareho ng dati: nagsimula na nga ang Bayan ng Diyos. Isusulat naman ni Pablo tungkol dito: "Nabinyagan sa Ulap at sa Dagat ang ating mga ninuno" (1 Cor 10:2), na ibig sabihi'y nakatawid sila sa tubig na nagdudulot ng kamatayan, salamat sa Diyos na nasa Ulap. Nangangahulugan ang *Ulap* na kasama ng kanyang bayan si Yawe, at sa mahiwagang paraa'y kapiling siya ng bayang "bininyagan" na kanyang inaakay.

Kailangan din tayong *tumawid sa dagat:* mga pamayanang Kristiyano, mga bagong mananampalataya, iwan na natin ang buhay na nakahiwalay, at diskubrihin natin ang bagong kahulugan ng buhay. Pero hindi natin ito magagawang nag-iisa kundi samasama, habang patuloy na lumalago at namumunga ang pamayanan.

*Pagtawid sa dagat:* binyag at paglaya: tingnan Heb 11:23-40; 1 P 1:13-15; Pag 7:13-17 at 12:10-12.

*walhatiin ko ang aking sarili nang dahil kay Paraon at sa buo niyang hukbo, nang dahil sa kanyang mga karwahe at mga mangangabayo.* [18] *Malalaman ng mga Ehipsiyo na ako si Yawe kapag ako'y dinakila nang dahil kay Paraon at sa kanyang mga karwahe at mga mangangabayo!"*

[19] Nagpahuli naman ngayon ang Anghel ng Diyos na nangunguna sa mga Israelita. Lumipat din ang haliging ulap mula sa harap, at tumayo sa likod nila, [20] sa pagitan ng mga kampo ng mga Israelita at ng mga Ehipsiyo. Nagbigay ng liwanag ang ulap sa isang hukbo, at karimlan naman sa kabila, kaya hindi nag-abot ang mga hukbo sa buong magdamag. [21] Iniunat ni Moises ang kanyang kamay sa dagat, at magdamag na pinaihip ni Yawe ang malakas na hanging silangan, at tinuyo ang dagat.

*Nahati ang mga tubig,* [22] *at pumunta ang mga Israelita sa tuyong lupa sa gitna ng dagat, samantalang ang mga tubig ay naging pader sa kanan at sa kaliwa nila.* [23] *Hinabol sila ng mga Ehipsiyo, at sinundan sila sa laot ng dagat ng lahat ng kabayo ni Paraon, ng kanyang mga karwahe at mga mangangabayo.*

[24] Nang sumapit ang madaling-araw, tiningnan ni Yawe mula sa haliging apoy at ulap ang kampo ng mga Ehipsiyo, at ginulo iyon. [25] Pinabaon niya ang mga gulong ng kanilang mga karwahe kayat bahagya na silang makagalaw. At sinabi ng mga Ehipsiyo: "Tumakas na tayo sa mga Israelita sapagkat si Yawe ang lumalaban sa Ehipto para sa kanila."

[26] *Sinabi ni Yawe kay Moises: "Iunat mo ang iyong kamay sa dagat at pabalikin mo ang mga tubig sa mga Ehipsiyo, sa kanilang mga karwahe at mga mangangabayo."* [27] *Iniunat nga ni Moises ang kanyang kamay sa dagat.*

Sa pagbubukanliwayway, nanumbalik sa dati ang dagat. Nagsikap tumakas ang mga Ehipsiyo ngunit itinumba sila ni Yawe sa dagat.

[28] *Bumalik ang mga tubig at tinabunan ang mga karwahe at mga mangangabayo – ang buong hukbo ni Paraon na sumunod sa mga Israelita sa dagat.*
*Wala isa mang nakaligtas sa kanila.* [29] *Lumakad naman ang mga Israelita sa tuyong lupa sa kalagitnaanan ng dagat, na ang mga tubig ay naging pader sa kanan at kaliwa nila.*

[30] Sa araw na iyon, iniligtas ni Yawe ang Israel sa mga kamay ng mga Ehipsiyo, at nakita ng Israel ang mga Ehipsiyong patay sa dalampasigan. [31] Nakita ng Israel ang mga kahanga-hangang bagay na ginawa ni Yawe laban sa Ehipto para sa kanila. At nagkaroong-pitagan kay Yawe ang sambayanan, at naniwala sila kay Yawe at kay Moises na kanyang lingkod.

**15** • [1] At inawit ni Moises at ng mga Israelita ang awit na ito kay Yawe:

"Aawitan ko si Yawe,
dahil itinampok niya ang kanyang sarili
kabayo at sakay, itinapon niya sa dagat.
[2] Si Yawe ang aking lakas at awit,
at siya ang aking kaligtasan.
Siya ang aking Diyos, at pupurihin ko siya;
ang Diyos ng aking ama, ipagbubunyi ko siya.

---

• **15.**1 Sigaw ng masayang pasasalamat ang unang awit ni Moises. Isa rin itong pahayag ng pananampalataya. Sinasabi sa isang salmo: "Masaya ang bayang marunong magpuri." Walang maipagmamalaki ang bayang pinalaya sa tagumpay na ito ng Diyos at ni Moises na tao ng pananampalataya. Wala silang ibang marapat gawin kundi magpasalamat sa Diyos.

3 Si Yawe ay mandirigma,
Yawe ang kanyang pangalan.
4 Itinapon niya sa dagat
mga karwahe at hukbo ni Paraon;
nalunod sa Dagat ng Mga Tambo
mga pinakamagaling niyang mandirigma;
5 tinabunan sila ng kalaliman,
parang batong lumubog sa kailaliman.

6 Maluwalhati't makapangyarihan
ang kanang kamay mo, O Yawe,
dinudurog ng iyong kanang kamay
ang kaaway, O Yawe.
7 Sa malaki mong kapangyarihan,
ibinabagsak mo ang iyong mga kalaban;
ipinadadala mo ang iyong poot
at tinutupok silang parang dayami.
8 Sa hininga ng iyong ilong,
nagpatung-patong ang mga tubig
at tumayong parang pader ang mga alon,
tumigas ang kalaliman sa pusod ng dagat.

9 Sabi ng kaaway – Hahabulin ko sila't aabutan,
hahatiin ko ang nasamsam
at ako'y magpapakabusog,
huhugutin ko ang aking tabak
at pupuksain sila ng aking kamay.
10 Hinipan mo sila sa iyong hininga,
at tinabunan sila ng dagat,
parang tingga silang lumubog
sa kagila-gilalas na dagat.

11 Sino sa mga diyos ang tulad mo, O Yawe?
Sino ang tulad mo, kagila-gilalas sa kabanalan,
nakasisindak sa kapuri-puri mong mga gawa,
gumagawa ng mga kahanga-hangang bagay?
12 Iniunat mo ang iyong kanang kamay,
at nilulon sila ng lupa.

---

Aalalahanin ng Pagbubunyag ang awit na ito (Pag 15:3) sa paglalahad sa awit ng mga hinirang at mga martir ni Kristo, sa pagkakitang iniligtas sila mula sa kanilang kahinaan at pinutungan ng luwalhati.

Ang mga matatandang relihiyon (pati na ang mga tao sa ngayon) ay may mga piyestang ayon sa takbo ng kalikasan: piyesta ng buwan, ng tag-init, ng tag-ulan, ng pagsilang. Sa kabilang dako nama'y ang mga kahanga-hangang ginawa ng Diyos para iligtas tayo ang ipinagdiriwang ng lahat ng piyesta sa Biblia. Kung pinupuri natin ang Diyos dahil sa mga kahanga-hangang bagay ng kalikasan, mas dapat natin siyang makilala sa mga pangyayari sa kasaysayan. Pasalamatan natin ang Panginoon, bago ang lahat, para sa maliliit at malalaking pangyayari na nagpapakita ng pagdating ng kanyang Kaharian sa atin.

13 Sa walang maliw mong pag-ibig,
inakay mo ang bayang tinubos mo,
pinatnubayan sila sa iyong lakas
tungo sa iyong banal na tirahan.
14 Narinig ito ng mga bansa at sila'y nanginginig:
pinagharian ng takot ang mga Pilisteo,
15 nasindak ang mga pinuno ng Edom,
nangatog ang mga heneral ng Moab,
nanlupaypay ang mga Kananeo.

16 Nilukuban sila ng takot at sindak
at sa lakas ng iyong bisig,
sila'y naging parang bato
hanggang magdaan ang bayan mo, O Yawe!
hanggang makatawid ang bayang binili mo.
17 Dadalhin mo sila't itatanim
sa bundok ng iyong pamana,
ang lugar ng ginawa mong tirahan, O Yawe,
ang santuwaryo na itinayo ng iyong mga kamay, O Panginoon.
18 Maghahari si Yawe magpakailanman!"

19 Nang sumugod sa dagat ang mga
karwahe, sa mga kabayo at mga manga-
ngabayo ni Paraon, pinabalik ni Yawe ang
mga tubig ng dagat sa kanila, ngunit lu-
makad sa tuyong lupa ang mga Israelita
sa gitna ng dagat.
20 At kumuha ng tamborin si Miriam na
propetisa at kapatid ni Aaron, at sumunod
sa kanya ang lahat ng kababaihan, may
hawak ding mga tamborin at sumasayaw.
21 Inawitan sila ni Miriam: "Umawit kay
Yawe dahil itinampok niya ang kanyang
sarili; kabayo at sakay, itinapon niya sa
dagat."

**Paglalakbay sa disyerto**

• 22 At pinalakad ni Moises ang mga
Israelita mula sa Dagat ng Mga Tambo
patungo sa Disyerto ng Sur. Tatlong araw
silang naglakad sa disyerto, ngunit wala
silang natagpuang tubig.
23 Dumating sila sa Mara pero hindi nila
mainom ang tubig doon sapagkat mapait
ito. (Kaya tinawag na Mara ang lugar na
iyon.)
24 Nagreklamo ang sambayanan laban
kay Moises, at sinabi: "Ano ngayon ang
iinumin natin?" 25 Kaya dumaing si Moises
kay Yawe na nagpakita sa kanya ng kapi-

---

• 22. Lubusan nang iniwan ng mga Israelita ang pinakamaningning at pinakaayaayang sibilisasyon ng mundo sa kanilang panahon, pati na ang mga gulayan nito, ang mga bukiring may irigasyon at ang kilalang kultura nito. Naglaho sana sila bilang isang bayan kung nanatili sila roon. Ngunit ipinatatahak ngayon sa kanila ni Moises ang daan ng paglaya. Tulad ng alinmang bansa o uring panlipunan na nagkakamit ng kasarinlan nito, kailangang sila ang maging responsable sa sarili nilang patutunguhan. Alam ni Moises na hindi walang-lagot na pagpapakasaya ang kalayaan: ito ang simula ng isang mahirap na landas at puno ng mga sakripisyo. Subalit sa daang ito nahahayag ang Kalinga ng Diyos na nagbibigay sa atin ng tiwala sa paglakad. May nagaganap na mga kahanga-hangang bagay na di-inaasahan, ngunit hindi pinoproblema ng Diyos na paalwanin ang kanyang bayan sa pagpaparami ng mga himala.

May dahilan para mangamba ang mga takas na nangahas na "pumalaot" sa disyertong sakop ng Sinai. Nasusuong sila sa gutom, uhaw, at sa mga tagaroon sa disyerto. Sa sumusunod na mga pahina, malinaw na inilalarawan sa atin ng awtor ang mga panganib na ito at ginugunita niya ang ilang pakikisangkot ng Diyos. Pero maluwag niyang isinasalaysay ang mga ito, iniaakma ang mga aral para sa kanyang mga

rasong kahoy. Inihagis niya iyon sa tubig,
at sumarap ang tubig.
Doon binigyan ni Yawe ng mga ka-
utusan at mga batas ang sambayanan.
Doon niya sila sinubok, 26 at sinabi niya:
"Kung pakikinggan mong mabuti ang
tinig ni Yaweng Diyos mo, at gagawin ang
tama sa kanyang paningin, diringgin ang
kanyang mga utos, at tutuparin ang lahat
niyang kautusan, hindi ko ilalapat sa iyo
ang alinman sa sakit na ipinataw ko sa
mga Ehipsiyo, sapagkat ako si Yawe na
nagpapagaling sa iyo."
27 At nakarating sila sa Elim kung saan
may labindalawang bukal at pitumpung
palmera, at nagkampo sila sa tabi ng
tubig.

### Ang manna

**16** • 1 *Umalis ang mga Israelita sa*
*Elim at dumating ang buong pa-*
*mayanan sa Disyerto ng Sin, sa pagitan*
*ng Elim at Sinai, sa ikalabinlimang araw*
*ng ikalawang buwan pagkalabas nila sa*
*Ehipto.*
2 *Sa disyerto, nagreklamo ang buong*
*pamayanan ng Israel laban kina Moises at*
*Aaron,* 3 *at sinabi sa kanila: "Namatay na*
*sana kami sa kamay ni Yawe sa Ehipto,*
*habang nakaupo sa tabi ng kaldero ng*
*karne at kumakain ng tinapay hanggang*
*mabusog. Pero dinala mo kami sa*
*disyertong ito para patayin sa gutom ang*
*buong pamayanan!"*
4 At sinabi ni Yawe kay Moises: "Mag-
papaulan ako ngayon ng tinapay mula sa
langit para sa inyo. Lalabas ang sam-
bayanan araw-araw para manguha ng
kailangan nila sa araw na iyon. Kaya ma-
susubok ko sila kung susundin nga nila
ang aking Aral o hindi. 5 *Sa ikanim na*
*araw, habang inihahanda nila ang kani-*
*lang pinanguha, makikita nilang ito'y*
*doble ng dati nilang natitipon sa bawat*
*araw."*
6 *At sinabi naman nina Moises at Aaron*
*sa lahat ng Israelita: "Malalaman ninyo sa*
*dapithapon na si Yawe ang naglabas sa*
*inyo mula sa Ehipto,* 7 *at makikita ninyo*
*sa umaga ang Luwalhati ni Yawe. Sapag-*
*kat narinig niya ang inyong reklamo*
*laban sa kanya, sapagkat sino kami para*
*pagreklamuhan ninyo?*
8 *Bibigyan kayo ni Yawe sa dapithapon*
*ng karneng makakain at ng tinapay sa*
*umaga upang mabusog kayo, sapagkat*
*narinig ni Yawe ang pagrereklamo ninyo*
*laban sa kanya. Hindi kami ang pinag-*
*reklamuhan ninyo kundi si Yawe, sapag-*
*kat sino ba naman kami?"*
9 At sinabi ni Moises kay Aaron na sa-
bihin sa buong pamayanan ng Israel: "Lu-
mapit kayo kay Yawe sapagkat narinig
niya ang inyong mga reklamo."

---

kasamahang laging natutukso sa maalwang pamumuhay, gahaman sa mga ari-arian at nadadala ng mga pangako ng mga banyagang bansa na umagaw sana sa kanilang pagkakakilanlan at misyon.

*Ako si Yawe na nagpapagaling sa iyo.* Bawat diyos ay may kanya-kanyang espesyalidad, pero si Yaweng Diyos ng ating mga ninuno ay hindi tagapagpalaya lamang. Alam din niya ang ating kahinaan at mabisa ang kanyang salita sa pagpapagaling at pagpapalusog sa atin.

• **16.**1 *Nagreklamo ang buong pamayanan laban kina Moises at Aaron.* Sa patuloy nating pagbasa, muli nating makakatagpo ang mga reklamador pero takot namang magreklamo nang lantaran. Hindi sila nasisiyahan pero wala namang iminumungkahi. Pinupulaan nila ang mga nananampalataya pero sa katunayan, ayaw lamang nila ng mga problema.

*Bibigyan kayo ni Yawe sa dapithapon ng karne...* Ang Diyos ang nagbigay ng pagkain sa kanyang bayan sa mismong sandaling salat sila sa lahat. Maraming langkay ng mga ibong pagod sa matagal na paglipad ang bumagsak sa may kampo. May isa pa rin silang natagpuang pagkain na di nila inaasahan, *ang manna*. Malamang na ito ang dagtang masaganang lumalabas mula sa mga dawag ng disyerto. Sa sandali ng kawalang-pag-asa, ang tulong na ito ang naging patunay sa Israel na hindi sila pinababayaan ng Diyos. Isinasalaysay rin sa Blg 11:4 ang pangyayaring ito.

Naiintindihan natin sa pamamagitan nito na isang regalo ng Diyos ang ating pagkain sa araw-araw. Sa pag-aanyaya niya sa ating tahakin ang isang mahirap na daan, ipinangangako niyang tutulungan tayo at para makapagsimula ay ibibigay sa atin ang pagkaing kailangan natin.

Sa paglipas ng panahon, pinalawak ang salaysay ng pangyayaring ito na parang ipinahihiwatig na

10 Habang nagsasalita si Aaron sa
buong pamayanan ng Israel, bumaling
sila sa disyerto. At masdan, lumitaw ang
Luwalhati ni Yawe sa gitna ng ulap.
11 At sinabi ni Yawe kay Moises: 12 "Na-
rinig ko ang mga reklamo ng mga Israeli-
ta. Kausapin mo sila at sabihin – Kakain
kayo ng karne sa dapithapon, at magka-
karoon kayo ng tinapay sa umaga hang-
gang gusto ninyo; at malalaman ninyo na
ako si Yaweng Diyos ninyo."
13 *Nang dapithapon ding iyon, nagda-*
*tingan ang mga pugo at pinuno ng mga*
*ito ang kampo.* At kinaumagahan, nagka-
roon naman ng hamog sa paligid ng
kampo. 14 Nang pumailanlang ang ha-
mog, hayun at naiwan sa ibabaw ng dis-
yerto ang kung anong manipis na parang
biskwit panotsa. 15 Nang makita iyon ng
mga Israelita, sinabi nila sa isa't isa:
"Manna (Ano ito?)" sapagkat hindi nila
alam kung ano 'yon. Sinabi sa kanila ni
Moises: "Iyan ang tinapay na bigay sa
inyo ni Yawe bilang pagkain.

16 *Ito ang iniutos ni Yawe: tipunin ninyo ito*
*batay sa kayang kainin ng bawat isa, mga apat*
*na litro bawat isa, at ayon din sa bilang ng taong*
*nasa tolda ng bawat isa."*
17 *Ganito nga ang ginawa ng mga Israelita.*
*Tinipon nila iyon, may nanguha ng mas marami*
*at mayroon namang kaunti lamang.* 18 *Ngunit*
*nang takalin nila iyon sa omer, walang sumobra*
*sa nanguha ng mas marami, at hindi kinulang*
*ang nanguha ng kaunti. Nanguha ang bawat*
*isa ayon sa kaya nilang ubusin.*

**Bigyan mo kami ngayon ng aming kakanin**

19 At sinabi sa kanila ni Moises: "Walang
sinumang magtitira nito hanggang kina-
umagahan." 20 Ngunit hindi nila pinaking-
gan si Moises, at itinira iyon ng iba hang-
gang kinaumagahan. Inuod iyon at bu-
maho, at nagalit sa kanila si Moises.
21 Tuwing umaga, nangunguha ang
bawat isa ayon sa kaya niyang kainin, at
natutunaw iyon sa init ng araw.

22 *Sa ikanim na araw, dobleng dami ng tina-*
*pay ang kinukuha nila, dalawang omer bawat*
*isa, at lumapit kay Moises ang mga pinuno ng*
*pamayanan at sinabi iyon kay Moises.* 23 *Sinabi*
*naman ni Moises sa kanila: "Ito ang iniutos ni*
*Yawe – Magpapahinga kayo bukas, sapagkat*
*ang araw na iyon ay isang Pahinga – o sabbat –*
*na sagrado para kay Yawe. Kaya lutuin ninyo*
*ngayon ang dapat lutuin, at pakuluan ang*
*dapat pakuluan, at itabi ang anumang matitira*
*para sa susunod na araw."*
24 *Kaya itinabi nila iyon hanggang umaga*
*tulad ng iniutos ni Moises at hindi iyon buma-*
*ho o inuod.* 25 *At sinabi ni Moises: "Kanin*
*ninyo ito ngayon, sapagkat ngayon ay araw*
*ng Pahinga – o sabbat – sa karangalan ni*
*Yawe. Hindi ninyo ito makikita ngayon sa*
*lupa.* 26 *Manguha kayo nito sa loob ng anim*
*na araw, ngunit wala nito sa ikapitong araw,*
*ang Araw ng Pahinga."*
27 *Lumabas ang ilan para manguha sa ikapi-*
*tong araw pero wala silang nakita.* 28 *At sinabi ni*
*Yawe kay Moises: "Hanggang kailan kayo*
*tatangging sumunod sa aking mga utos at*
*batas?* 29 *Tingnan ninyo, binigyan kayo ni Yawe*

---

nagpadala ng manna ang Diyos araw-araw sa loob ng apatnapung taon: Ex 16:35; Jos 5:12; Slm 78:24; Kar 16:20. Sa katagalan, nawalan ng interes ang mga tao sa pangyayaring ito pero noon, gusto nilang purihin ang Diyos.

Ang regalong ito ng tinapay ng langit ang naging batayan ng dalawang magkaibang paliwanag sa mga kasunod na pahina ng Biblia. Nasa Deuteronomio 8:3, "Pinakain ka niya ng manna na hindi mo alam ni ng iyong mga ninuno upang ipakita sa iyo na hindi lamang sa tinapay nabubuhay ang tao kundi sa lahat ng namumutawi sa bibig ni Yawe mabubuhay ang tao." Tingnan ang paliwanag sa Mc 6:35. At pag dating sa Ebanghelyo, ang manna ang larawan ng tunay na tinapay galing sa langit, si Kristo, na siyang ibinibigay na pinakapagkain ng buhay sa eukaristiya: tingnan ang paliwanag sa Juan 6.

Nakakapukaw-interes gunitain na merong dalawang pangunahing daan mula Ehipto patungong Sinai. Ang Daan ng Mga Kuta na bumabaybay sa dagat ay madaling daanan pero binabantayan ng mga sundalo; ang landas namang mas malayo sa aplaya, na ginagamit ng mga takas na alipin, ay mas mapanganib. Makababába lamang ang mga pugo sa tabing-dagat; ang manna nama'y makukuha sa landas na malayo sa tabing-dagat. Nasabi na natin sa Introduksyon na binibigyan tayo ng Exodo ng mga salaysay ng maraming grupo, na ang ilan ay hinahabol, ang iba nama'y mga takas. Ang unang grupo'y malamang na dumaan sa daan sa tabing-dagat kung saan inililista ang mga manlalakbay at malamang na doon sila nakakita ng mga pugo; ang iba nama'y nakatagpo ng manna sa pagdaan nila sa landas na malayo sa dagat.

*ng Araw ng Pahinga! Kaya naman binibigyan*
*niya kayo sa ikanim na araw ng tinapay na para*
*sa dalawang araw. Manatili ang bawat isa sa*
*kanyang kinaroroonan, at walang lalabas sa*
*kanyang tirahan sa ikapitong araw."*
30 *Kayat nagpahinga ang sambayanan sa*
*ikapitong araw.*

31 Tinawag ng mga Israelita ang pag-
kaing ito ng manna. Maputi itong parang
buto ng kulantro at lasang galyetas na
may pulot-pukyutan.

32 *At sinabi ni Moises: "Ito ang iniutos ni Yawe*
*– Kumuha kayo ng isang takal ng manna, at*
*itabi iyon para sa susunod na mga salinlahi*
*upang makita nila ang tinapay na ibinigay ko sa*
*inyo bilang pagkain sa disyerto nang ilabas ko*
*kayo mula sa Ehipto."* 33 *Kaya sinabi ni Moises*
*kay Aaron: "Kumuha ka ng isang banga at*
*lagyan mo ng isang takal na manna, at ilagay sa*
*harap ni Yawe para sa iyong mga inapo."* 34 *Ni-*
*lagyan nga ni Aaron ng isang punong takal ng*
*manna ang banga, tulad ng iniutos ni Yawe kay*
*Moises, at inilagay iyon sa harap ng mga tapyas*
*ng Kautusan ng Diyos upang doon itabi.*
35 *Kumain ng manna ang mga Israelita hang-*
*gang makarating sila sa isang lupaing may mga*
*naninirahan. Kumain sila ng manna sa loob ng*
*apatnapung taon hanggang makarating sila sa*
*hangganan ng Kanaan.*

**Tubig mula sa bato**

**17** • 1 *Nagpatuloy ang buong pamaya-*
*nan ng mga Israelita mula sa Dis-*
*yerto ng Sin, at nagpunta sa iba't ibang*
*lugar ayon sa ipinag-uutos ni Yawe. Nag-*
*kampo sila sa Refidim, ngunit walang ma-*
*inom na tubig doon ang sambayanan.*
2 Inaway ng sambayanan si Moises, at
sinabi: "Bigyan mo kami ng tubig na mai-
inom." Ngunit sumagot si Moises: "Bakit
ako ang inaaway ninyo? Bakit ninyo si-
nusubok si Yawe?"
3 Ngunit nauuhaw ang bayan at nag-
reklamo sila laban kay Moises: "Ba't mo
pa kami pinaalis sa Ehipto para patayin
lamang kami sa uhaw, pati ang mga
aming mga anak at mga hayop?"
4 Kaya sumigaw si Moises kay Yawe:
"Ano ang gagawin ko sa bayang ito? Ha-
los batuhin na nila ako!" 5 Sinabi ni Yawe
kay Moises: "Pumunta ka sa harap ng
sambayanan, at isama mo ang mga ma-
tatanda ng Israel. Kunin mo ang tungkod
na ipinanghampas mo sa Ilog Nilo, at pu-
munta ka sa harap ng sambayanan. 6 Ta-
tayo ako roon sa harap mo sa bato sa
Horeb. Hampasin mo ang bato, at aagos
mula rito ang tubig at may maiinom na
ang bayan."

Ginawa nga iyon ni Moises sa harap ng
mga matatanda ng Israel.
7 Tinawag na Masa (o Pagsubok) at
Meriba (o Reklamo) ang lugar na iyon,
dahil sa mga reklamo ng mga Israelitang
sumubok kay Yawe sa pagsasabing "Ka-
sama ba natin si Yawe o hindi?"

**Tagumpay laban sa Amalec**

• 8 Nasa Refidim ang mga Israelita nang
dumating ang mga Amalecita at sina-
lakay sila. 9 Kaya sinabi ni Moises kay

• **17.**1 Inilalagay ng Diyos sa pagsubok ang Israel sa disyerto: Hanggang kailan papayag na sumunod sa isang patutunguhang labas sa karaniwan ang mga karaniwang taong ito? Hanggang saan aabot ang kanilang pananampalataya? *Tinutukso* rin ng Israel *ang Diyos*, o humihingi sila ng mga patunay sapagkat hindi buo ang paniwala nila sa kanya. Humihingi sila ng mga milagro: "Kung kasama ka namin, ipakita mo ngayon din."

Ginugunita ng Biblia ang paghaharap na ito sa pagbukal ng tubig mula sa bato. Nalagay rin sa pagsubok si Moises sa lugar na iyon; tingnan sa Blg 20 ang salaysay sa iisang pangyayari.

Nang sumunod na mga panahon, nakita ng tradisyong Judio sa *batong* ito ang isang larawan ng Diyos na bukal ng buhay sa piling ng kanyang bayan, ang milagrosang Bato na kasa-kasama nila sa kanilang mga paglalakbay (tingnan 1 Cor 10:4). Ang Diyos ang Batong di-malalagusan na nag-iingat sa kanyang lihim hanggang sa siya'y masugatan at mula mismo sa kanyang sugat ay dumadaloy ang buhay. Unawain natin na naiwala ng taong makasalanan ang tunay na kaalaman sa Diyos kayat hindi niya siya matagpuan. Ngunit nagiging mahina ang Diyos sa katauhan ni Jesus na sa pagkamatay ay ibinubunyag ang lihim ng Diyos: ito ang kanyang pag-ibig at malasakit sa atin. Binibigyang-diin ng Ebanghelyo na mula sa puso ni Jesus na sinugatan ng sibat ay umagos ang dugo at tubig na naglalarawan sa Espiritu Santo (Jn 7:37 at 19:34).

• 8. Kinukumpleto ng tagumpay laban sa Amalec

Josue: “Pumili ka ng ilang lalaki at laba-
nan ang mga Amalecita bukas ng umaga.
Tatayo naman ako sa tuktok ng burol na
hawak ang tungkod ng Diyos.”
10 Nakipaglaban nga si Josue sa mga
Amalecita tulad ng iniutos ni Moises, at
umahon naman sa tuktok ng burol sina
Moises, Aaron at Hur. 11 Hangga’t naka-
taas ang mga kamay ni Moises, nananalo
ang mga Israelita; ngunit kapag ibinababa
niya ang mga iyon, ang mga Amalecita
naman ang nakalalamang.
12 Nang mangawit ang mga bisig ni
Moises, kumuha sila ng isang bato para
makaupo siya, at itinaas naman nina
Aaron at Hur na nasa magkabilang tabi
niya ang kanyang mga kamay, kayat
nanatiling nakataas ang mga iyon hang-
gang sa paglubog ng araw. 13 Nagapi
naman ni Josue sa kanyang tabak si
Amalec at ang mga tauhan nito.

14 At sinabi ni Yawe kay Moises: “Isulat mo ito
sa isang aklat bilang alaala, at sabihin kay Josue
na papawiin ko ang alaala ni Amalec sa silong
ng langit.”
15 Pagkatapos niyon, gumawa si Moises ng
isang altar, at tinawag iyon na “Si Yawe ang
aking watawat” 16 sapagkat sinabi niya, “Iban-
dila ang watawat ni Yawe. Makikidigma si Yawe
sa mga Amalecita sa mga sali’t salinlahi.”

**Dumating si Yetrong biyenan ni Moises**

**18** 1 Nabalitaan ni Yetrong pari ng Madian
at biyenan ni Moises ang lahat ng ginawa
ng Diyos para kay Moises at sa kanyang bayang
Israel nang ilabas ni Yawe ang Israel mula sa
Ehipto.
2 Matapos pauwiin ni Moises ang kanyang
maybahay na si Sefora, tinanggap ito ni Yetrong
biyenan ni Moises, 3 pati ang dalawa nitong anak
na lalaki. Pinangalanang Gersom ni Moises ang
panganay upang magunita niya na naging
*dayuhan* siya sa isang lupaing banyaga, 4 at ang
isa nama’y Eliezer sapagkat sinabi niya,
“*Tinutulungan ako ng Diyos* ng aking ama, at
iniligtas ako sa tabak ni Paraon.”
5 Kaya dumating sa disyerto si Yetro kasama
ang maybahay at ang mga anak ni Moises sa
pinagkakampuhan ng sambayanan sa bundok
ng Diyos.
6 At ipinasabi kay Moises: “Narito ang bi-
yenan mong si Yetro, kasama ang iyong mayba-
hay at ang dalawa nitong anak na lalaki.” 7 Kaya
sinalubong ni Moises ang kanyang biyenan at
yumuko sa harap nito at hinagkan. At pumasok
sila sa tolda pagkatapos magkumustahan
tungkol sa lagay ng bawat isa. 8 Sinabi ni Moises
sa kanyang biyenan ang lahat ng ginawa ni
Yawe kay Paraon at sa Ehipto alang-alang sa
Israel, ang lahat ng paghihirap na naranasan nila
sa daan at kung paano sila iniligtas ni Yawe.
9 Nagalak si Yetro sa lahat ng kabutihang
ginawa ni Yawe sa Israel sa pagliligtas sa kanila
mula sa kamay ng Ehipto, 10 at sinabi niya:
“Purihin si Yawe na nagligtas sa inyo sa kapang-
yarihan ng Ehipto at ni Paraon, na nagligtas sa
sambayanan sa ilalim ng kapangyarihan ng
Ehipto. 11 Alam ko na ngayon na mas dakila si
Yawe kaysa lahat ng iba pang diyos sapagkat
iniligtas niya ang kanyang bayan nang inaalipin
sila.”
12 Nag-alay pagkatapos si Yetro ng sinunog
na handog at iba pang mga hain sa Diyos; at
dumating si Aaron kasama ang lahat ng mata-
tanda ng Israel upang makisalo sa biyenan ni
Moises sa pagkaing ito sa harap ng Diyos.

**Paghirang sa mga hukom**

• 13 Kinabukasan, naupo si Moises
upang maggawad ng katarungan sa
bayan, at tumayo ang sambayanan sa
paligid niya mula umaga hanggang da-
pithapon.

---

ang mga karanasang ito tungkol sa Kalinga ng Diyos. Si Josue ang namumuno sa pakikipaglaban, pero si Moises ang gumagawa ng kahanga-hangang mga bagay sa nakaunat niyang tungkod. Sa Diyos galing ang tagumpay.

Isang larawan ng panalanging nagkakamit ng tagumpay mula sa Diyos ang laging nakikita ng tradisyong Kristiyano sa istoryang ito.

Hindi lamang para magsalita ang misyon ng mga propeta, kundi para mamagitan sa harap ng Diyos: 1 S 7:7; Jer 7:16; Ex 32:30.

• **18.**13 Kailangang iorganisa ng mga Hebreo at ng iba pang takas na kasamang lumabas ni Moises mula sa Ehipto ang kanilang sarili. Hindi idinikta ng Diyos sa kanila kung ano ang dapat nilang gawin. May mga institusyon silang kailangan na kanilang inimbento. Ang iba nama'y ginaya nila sa ibang mga bayan. Sa pagkakataong ito'y tinutularan nila ang mga Madianita (paring Madianita ang biyenan ni Moises).

Tulad ng ibang di-mapag-aalinlanganang mga pinuno, kailangan ni Moises ng panahon para malamang mas magiging mabuti ang lahat kung

[14]Nang makita ng biyenan ni Moises
ang lahat ng ginagawa niya para sa sam-
bayanan, sinabi nito sa kanya: "Ano itong
ginagawa mo para sa bayan? Bakit nag-
iisa kang nakaupo bilang hukom, saman-
talang nakatayo naman ang buong sam-
bayanan na nakapaligid sa iyo mula
umaga hanggang dapithapon?" [15]Suma-
got si Moises: "Ang bayan ang lumalapit
sa akin upang malaman ang pasya ng
Diyos [16]kapag mayroon silang sigalot.
Lumalapit sila sa akin upang ako ang
humatol sa dalawa, at ipaalam sa kanila
ang mga batas at mga aral ng Diyos."

[17]Sumagot si Yetro: "Hindi mabuti ang
ginagawa mo. [18]Tiyak na sisirain mo ang
iyong sarili pati ang bayang ito, sapagkat
napakabigat ng trabahong ito para sa iyo,
hindi mo ito magagampanang mag-isa.
[19]Makinig ka ngayon sa akin at papa-
yuhan kita, at sumaiyo nawa ang Diyos.
Ikaw ang kakatawan sa sambayanan sa
harap ng Diyos, at ihaharap mo sa kanya
ang kanilang usapin. [20]Ituturo mo sa
kanila ang mga batas at mga aral,
ipaaalam mo sa kanila ang daang dapat
nilang tahakin at kung ano ang dapat
nilang gawin. [21]Ngunit pumili ka ng mga
lalaking may-kakayahan at may pitagan
sa Diyos mula sa sambayanan, mga
taong pinaninindigan ang katotohanan at
namumuhi sa lagay, at hirangin mo sila
bilang mga puno ng mga pangkat na
binubuo ng sanlibo, sandaan, limampu at
sampu.

[22]Sila ang papaggagawarin mo ng ka-
tarungan sa bayan sa lahat ng pagka-
kataon, at idudulog naman nila sa iyo ang
mabibigat na kaso, pero sila na ang ba-
halang magpasya sa maliliit na usapin.
Kaya gagaan ang iyong pasanin. Tutulu-
ngan ka nila. [23]Kung gagawin mo ito, ma-
papatnubayan ka ng Diyos at mapanga-
ngatawanan mo ang iyong tungkulin, at
maluwalhating makararating ang lahat ng
taong ito sa kanilang lugar."

[24]Sinunod nga ni Moises ang payo ng
kanyang biyenan, at ginawa ang lahat
niyang sinabi. [25]Pumili siya ng mga lala-
king may-kakayahan mula sa mga Is-
raelita at inilagay niya sila bilang mga
pinuno ng mga pangkat ng sanlibo, san-
daan, limampu at sampu. [26]Sila ang nag-
gawad ng katarungan sa lahat ng pagka-
kataon, at mabibigat na usapin lamang
ang inihaharap kay Moises, ngunit sila na
mismo ang humahatol sa iba pang mga
kaso.

[27]At pinauwi na ni Moises ang kanyang
biyenan, kayat bumalik siya sa sariling
lupain.

### Paghahanda ng Tipan

**19** • [1]*Sa ikatlong buwan mula nang
umalis ang mga Israelita sa Ehipto,
dumating sila sa Disyerto ng Sinai nang
araw ring iyon.* [2]*Dumating sila roon mula
sa Refidim at nagkampo sa Disyerto ng
Sinai.*

Doon nagkampo ang mga Israelita sa
tapat ng bundok, [3]ngunit umahon si
Moises sa Diyos, at tinawag siya ni Yawe
mula sa bundok, at sinabi: "Ito ang

---

ibabahagi niya sa iba ang kanyang mga responsabilidad. Mabuti't sanay siyang makinig sa Diyos kayat marunong din siyang makinig sa kanyang mga kamag-anak.

Pumupunta ang mga tao kay Moises bilang kanilang propeta at hukom. Hindi lamang niya kailangang lutasin ang mga sigalot kundi nagpupunta sa kanya ang bawat isa para ikonsulta kung ano ang dapat niyang gawin o hindi, o para pagpalain ng Diyos ang kanilang mga balak at lumabas na maayos. Ang mga hukom na kanyang hinihirang ang modelo ng mga pari at "matatanda" na siyang mamumuno sa bayang Israel.

• **19.**1 Nakilala ng mga Israelita ang Diyos sa mga pangyayaring nakapaloob sa kanilang paglaya at sa mga pagsubok sa disyerto. Saka sila makahaharap sa tagpuang itinakda ng Diyos nang tawagin niya si Moises sa mismong lugar na iyon na tinatawag na *Horeb* o Sinai (Ex 3:12). Sumapit na ang sandali para matanggap nang malaya ang pangako ng Diyos na gagawin niya silang bayan niya magpakailanman.

*Akin ang buong daigdig.* Ang Diyos ang Diyos ng lahat ng tao at tagapagligtas ng lahat, maging Katoliko man o hindi. Subalit ipinasya niyang bigyan ng panibagong direksyon ang kasaysayan, at palaguin at

sasabihin mo at ipaliliwanag sa mga
Israelita –
4 Nakita ninyo ang ginawa ko sa mga
Ehipsiyo at kung paano ko kayo pinasan
sa mga pakpak ng agila at pinapunta sa
akin. 5 Kung makikinig ka ngayon sa akin
at tutupdin ang aking tipan, kayo ang
magiging natatangi kong ari-arian sa la-
hat ng bansa. Sapagkat akin ang buong
daigdig, 6 ngunit kayo ay magiging kaha-
rian ng mga pari at banal na bansa para sa
akin. – Ito ang mga salitang sasabihin mo
sa mga anak ng Israel."
7 Kaya umalis si Moises, at ipinatawag
ang lahat ng matatanda ng bayan at ini-
lahad sa kanila ang lahat ng salitang ini-
utos ni Yawe na sabihin niya. 8 Sumagot sa
iisang tinig ang buong bayan: "Gagawin
namin ang lahat ng sinabi ni Yawe." At
inihatid naman ni Moises kay Yawe ang
sagot ng bayan.
9 Sinabi ni Yawe kay Moises: "Darating
ako sa iyo sa isang makapal na ulap
upang marinig ako ng bayan na naki-
kipag-usap sa iyo at nang lagi silang
maniwala sa iyo." At sinabi ni Moises kay
Yawe ang sinabi ng sambayanan.
10 Sinabi naman ni Yawe kay Moises:
"Puntahan mo ang sambayanan at ha-
yaan silang magpakabanal ngayon at
bukas; palabhan mo sa kanila ang kani-
lang mga suot, 11 at maging handa para sa
ikatlong araw. Sapagkat bababa si Yawe
sa ikatlong araw sa Bundok Sinai sa harap
ng buong sambayanan. 12 Lagyan mo ng
mga hangganan sa paligid ang samba-
yanan, at sabihin sa kanila – Huwag ka-
yong aahon sa bundok ni hihipuin ang pa-
anan niyon; mamamatay ang sinumang
humipo sa bundok. 13 Hindi siya pagbu-
buhatan ng kamay kundi babatuhin o pa-
panain. Huwag bubuhayin, maging tao o
hayop. Pag tunog lamang ng trumpeta
saka sila makakaakyat sa bundok."
14 Bumaba si Moises mula sa bundok at
sinabihan ang sambayanan na magpaka-
banal, at nilabhan nila ang kanilang mga
suot. 15 At sinabi niya sa bayan: "Mag-

---

pabungahin ito mula sa loob sa pamamagitan ng kanyang bayan na papagdaranasin niya ng mga mahahalagang karanasan.

*Banal na bansa* na ibig sabihi'y *nakatalaga sa akin*. Ang Israel ang magiging kahariang si Yawe lamang ang tanging hari. Kayat tanging katarungan lamang niya ang kailangang makamit ng mga taong namumuno sa Israel. Ang mga Israelita ay mga taong malaya na para sa Diyos lamang. Kayat hindi sila dapat mahawahan ng mga diyus-diyusan, mga kaugaliang dimalinis at mga huwad na pagpapahalaga ng ibang mga bayan.

*Kayo ang magiging kaharian ng mga pari para sa akin*. Sa anumang relihiyon, ang pari ang siyang lumalapit sa Diyos at tumatanggap sa kanyang mga Komunikasyon. Ang Israel sa kabuuan nito ang may ganitong pribilehiyong makilala ang Diyos at lumapit sa kanya sa paraang hindi magagawa ng iba. Ang Israel ang tumatanggap sa mga pangako ng Diyos para sa lahat ng tao.

Isinasakatuparan ang pagtitipang ito sa paanan ng *Sinai*, sa isa sa pinakakahanga-hangang mga lugar na maaaring isipin. Si Moises at ang matatanda o ang mga kinatawan ng bayan ay umaahon sa bundok sa gitna ng nagngangalit na mga kidlat habang dumadagundong naman ang mga kulog sa mga bangin. Ang kalinisan ng kanilang damit, ang pagbabawal na lumapit at ang mga abstinensya ang naghanda sa kanilang mga espiritu para madama ang "bigat ng Diyos": ito ang kahulugan ng salitang "kaluwalhatian" sa Hebreo.

Tulong sa atin ang lahat ng ito para maintindihan ang gustong sabihin sa atin ni Jesus sa Huling Hapunan niya kasalo ang kanyang mga apostol nang mangusap siya tungkol sa *bagong tipan* (Mc 14:24). Sa sumunod na panalangin, hiningi niyang ang mga sumasampalataya ang maging Bagong Bayang *nakatalaga sa Diyos*, mga pari ng Diyos *sa gitna ng mundo:* Jn 17; 1 P 2:9; Pag 1:6 at 5:10.

Ginagamit sa Biblia ang salitang *Ang Batas* para tukuyin ang kabuuan ng mga batas na nagmula sa Pagtitipang pinagtibay ni Yawe at ng Israel sa Bundok Sinai.

*Ang Batas* ay nagpapahiwatig, sa ganang sarili nito, ng bagay na mabigat. Nakalaya na ang mga Hebreo sa pamatok ng pagkaalipin, pero hindi sila lalago nang walang Batas. Dinidisiplina ang isang bata ng mga tagaturo nito para hubugin ang kanyang kalooban, rendahan ang kanyang mga kapritso at sanayin sa kagandahang-loob. Gayundin naman, kailangang pailalim sa Batas ang Israel bago sila lubos na lumago at mamunga para matanggap ang Espiritu. Sa pagpapailalim sa Batas, madidiskubre nila ang pasang karahasan at paghihimagsik na dala ng bawat isa sa kanyang sarili, at kung gaano kadalas nilang nilalabag ang Diyos.

Huwag sanang kalimutan na tungkol sa paghahanda sa Pagtitipan ang tinutukoy rito. Magtatapos ito sa kab. 24 matapos isingit ang tungkol sa mga batas sa mga kab. 20-23.

handa kayo sa loob ng tatlong araw, at
huwag makipagtalik."
16 Sa umaga ng ikatlong araw, kumulog
at kumidlat at may makapal na ulap sa
bundok at may napakalakas na tunog ng
trumpeta. Nanginig ang lahat ng nasa
kampo. 17 Pinaalis ni Moises ang samba-
yanan sa kampo para lumapit sa Diyos, at
tumayo sila sa paanan ng bundok.
18 Nabalot ng usok ang buong Bundok
Sinai sapagkat bumaba si Yawe sa apoy,
at tumaas ang usok na parang galing sa
pugon. Yumanig nang ubod lakas ang
buong bundok, 19 samantalang palakas
naman nang palakas ang tunog ng
trumpeta. Nagsalita si Moises at sumagot
naman ang Diyos sa pamamagitan ng
kulog.
20 Bumaba si Yawe sa tuktok ng Bundok
Sinai, at tinawag niya si Moises na
umahon sa tuktok. Umahon nga siya, 21 at
sinabi ni Yawe sa kanya: "Bumaba ka at
ibigay ang babalang ito sa sambayanan,
kung hindi'y baka sila sumugod para
tingnan si Yawe at marami sa kanila ang
mamamatay. 22 Kailangang magpaka-
banal din kahit ang mga paring lumalapit
kay Yawe, kung hindi'y sasabog sa kanila
si Yawe."
23 Sumagot si Moises kay Yawe: "Hindi
makaaakyat sa Bundok Sinai ang samba-
yanan sapagkat ikaw na rin ang nag-utos
sa amin na maglagay ng hangganan sa
paligid ng bundok, at ibukod ito bilang
banal." 24 Sumagot si Yawe: "Bumaba ka
at isama mo sa pag-akyat si Aaron, ngu-
nit huwag mong palalampasin ang mga
pari at ang sambayanan para umahon
kay Yawe, kung hindi'y sasabog sa kanila
si Yawe."
25 Kayat bumaba si Moises sa samba-
yanan at sinabi sa kanila...

### Ang Sampung Utos

**20** • 1 Sinabi ng Diyos ang lahat ng
salitang ito. 2 Sinabi niya: "Ako si
Yaweng iyong Diyos na naglabas sa iyo
mula sa lupain ng Ehipto, mula sa bahay
ng pagkaalipin.
– 3 Huwag kang magkakaroon ng ibang
diyos sa harap ko.
– 4 Huwag kang gagawa ng inukit na

---

• **20.**1 *Umahon* si Moises *sa Bundok Sinai* para tanggapin ang mga batas ng Diyos... at isinusunod naman ng Biblia ang dalawang kabuuan ng mga batas. Mas maikli ang una at siyang naglalaman ng sampung utos. Ang ikalawa naman na siyang mas mahaba ang sinulat makalipas ang panahon ni Moises nang nasa Kanaan na ang mga Israelita; tinatawag itong Mga Batas ng Tipan (20:22-23:33).

*Ako si Yaweng iyong Diyos*. Mahalaga nga ang sampung utos na ito, ngunit lalo pang mahalaga ang paraan ng paglalahad sa mga ito. Itinuturo sa anumang sibilisadong lipunan ang dalawang kautusang ito: huwag papatay at huwag magnanakaw. Pero nagsasalita rito si Yaweng kaisa-isahang Diyos na buhay taglay ang kapangyarihan ng nagpalaya sa Israel mula sa pagkaalipin at ngayo'y gusto itong italaga sa paglilingkod sa kanya. At dahil gusto niya silang maging mga taong malaya sa isang malayang bayan, itinatadhana niya sa kanila ang mga saligang-batas na kung wala ang mga ito'y muli silang magiging mga alipin.

Bilang simula, kailangang kilalanin ang Diyos bilang Iisa, Banal at Seloso: b. 3-11.

*Huwag kang magkakaroon ng ibang diyos sa harap ko*. Si Yawe ang Diyos na Seloso na kaiba sa mga diyos ng ibang mga bayan na pinapayagan ang karibal nilang mga diyos na magbukas ng mga kubol sa kanilang tabi at bigyang-kasiyahan ang mga kahilingan na hindi nila mismo maharap. Tulad nga ng sinasabi ng ilan: "Kung hindi ako pinakikinggan ng Diyos sa simbahang ito, pupunta ako sa iba." Kayat nagkakaroon tayo ng diyos para sa digmaan, at isa pa para sa ulan, at iba pa para sa mga buntis. Mga diyos ang mga ito para sa mga taong ang tingin sa relihiyon ay paraan para magkaroon ng kagalingan at kapakinabangan. Makikita natin dito ang pagkakaroon ng pananampalataya *para* makuha sa Diyos ang lahat ng puwedeng makuha sa kanya. Subalit hindi naninilbihan sa Israel o sa atin si Yawe; tayo ang kailangang maglingkod sa Diyos.

*Pinarurusahan ko ang... ikatlo at ikapat na salinlahi*. Ang paghahambing sa "mga anak at apo" at "ikasanlibong salinlahi" ay makulay na paraan ng pagsasabing hindi, siyempre, pinababayaan ng Diyos na di maparusahan ang kasalanan, na itinutuwid niya ang makasalanan, pero gayunpaman, walang-hangganan ang kanyang awa. Ipinaliliwanag ng mga salitang ito ang kahulugan ng *selosong Diyos*, na malimit gamitin sa Biblia. Ang kahulugan nito'y hindi ipinipikit ng Diyos ang kanyang mga mata, lagi niyang ibabangon ang katarungan, at hindi niya matatanggap na ang mga kanya ay tatalikod sa kanilang bokasyon.

*Huwag kang gagawa ng imahen ng anumang nasa lupa*. Ipinagbabawal dito ang anumang imahen ng

diyus-diyusan o imahen ng anumang
nasa langit sa itaas o nasa lupa sa ibaba o
nasa mga tubig sa ilalim ng lupa; 5 huwag
kang yuyuko o maglilingkod sa kanila.
Sapagkat akong si Yaweng iyong Diyos ay
selosong Diyos, at pinarurusahan ko ang
mga anak hanggang sa ikatlo at ikapat sa
salinlahi dahil sa kasalanan ng kanilang
mga magulang na naghimagsik sa akin;
6 ngunit nagpapakita ako ng walang maliw
na pag-ibig hanggang sa ikasanlibong
salinlahi sa mga nagmamahal sa akin at
sumusunod sa aking mga utos.

– 7 Huwag mong gamitin nang walang
katuturan ang pangalan ni Yaweng iyong
Diyos, sapagkat hindi pinakakawalan ni
Yawe ang sinumang gumagamit nang
walang katuturan sa kanyang pangalan.

– 8 Alalahanin mo ang Araw ng Pahinga
at pabanalin ito. 9 Magtrabaho ka sa loob
ng anim na araw at gawin ang lahat mong
gawain, 10 ngunit ang ikapitong araw ay
araw ng pahinga para kay Yaweng iyong
Diyos. Huwag kang gagawa ng anumang
trabaho sa araw na iyon, ikaw man ni ang
iyong anak na lalaki o anak na babae, ni
ang iyong mga katulong, maging lalaki o
babae, ni ang iyong mga hayop, ni ang
dayuhang nasa loob ng iyong bakuran.
11 Sapagkat sa loob ng anim na araw,
ginawa ni Yawe ang langit at lupa at ang
dagat at lahat ng naroroon, ngunit nag-
pahinga siya sa ikapitong araw. Kaya
pinagpala ni Yawe ang Araw ng Pahinga at
pinabanal ito.

– 12 Isaalang-alang mo ang iyong ama at
ina upang humaba ang iyong buhay sa
lupaing ibinigay sa iyo ni Yawe.

---

mga nilalang na magiging mga karibal ng Diyos na Kaisa-isahan at mangangailangan ng pagsamba (na ipinahahayag sa paggawa at pagsasabuhay) na ipinagbabawal ng Batas ng Diyos. Nang panahong iyo'y sa pamamagitan ng sagradong pagbibili ng sarili pinararangalan ng mga Kananeo ang kanilang mga diyos. Laging magkasama ang mga diyus-diyusan at ang imoralidad. Pinagtitibay ng pagbabawal na ito tungkol sa mga imahen ang naunang utos: *Huwag kang magkakaroon ng ibang diyos*.

Sa kabila ng gayong pagbabawal, itinatakda pa rin mismo ng Biblia na ilalagay ang Kaban ng Diyos sa gitna ng mga imahen: dalawang kerubim o anghel na kanilang mga pakpak ang nakatakip dito (1 H 6:23-28). Paano maipaliliwanag ang kontradiksyong ito? Napakasimple lamang ng sagot: Hindi itinuturing na mga diyos ang mga kerubim at hindi nangangailangan ang mga ito ng bukod na pagsamba, kundi mga espiritung tagapaglingkod ng Diyos ang mga ito. Gayundin naman, inaaprubahan ngayon ng Iglesya ang mga estatwa ni Maria at ng mga santo: sapagkat hindi sila mga diyos kundi mga lingkod ng Kaisa-isahan at hindi natin hinihingi sa kanila ang ayaw ibigay ng Diyos. Ang Diyos lamang ang Mabuti (Lc 18:19) at sa kanya nagmumula ang tanang kabutihan (Jaime 1:17). Bilang isang halimbawa, pinaglilingkuran natin si Maria sa pamamagitan lamang ng pamumuhay na tulad ng kay Kristo. Wala tayong inaasahan sa kanya kundi ang ipinasyang ibigay sa atin ng Ama sa pamamagitan niya.

Pero ipinagbabawal ding isalarawan si Yawe. At ang dahilan nito'y lampas ang Diyos sa lahat ng puwede nating isipin o ilarawan sa imahinasyon tungkol sa kanya. Napakahirap ilarawan ang Diyos nang hindi siya pinabababa. At sa pag-iisip natin sa kanya, napakadaling mailarawan sa ating imahinasyon ang gusto natin tungkol sa kanya. Kaya ipinagbabawal din sa atin ng Biblia ang paghubog sa Diyos ayon sa ating pag-iisip. Dahil ayon sa sarili nilang mga pala-palagay ang tingin nila sa Diyos kaya nanghihina ang pananampalataya ng marami sa oras na hindi pamahalaan ng Diyos ang mga pangyayari sa paraang inaakala nilang mabuti.

Bakit naman natin isinasalarawan si Jesus? Narito ang simpleng dahilan: pagkalipas ng mga dantaon kasunod ng mga unang aral ng Diyos kay Moises, dumating ang Diyos sa atin sa katauhan ng kanyang Anak na hindi lamang nagsalita tungkol sa Diyos kundi sa kanya mismo natin nakita ang Diyos na naging tao. At kung iniingatan natin ang mga litrato ng ating mga mahal sa buhay, ba't di natin gugustuhing alalahanin si Jesus gaya ng pagkakita sa kanya ng mga apostol? Ngunit hindi ito nakinikinita ni Moises kaya wala siyang nasabi tungkol dito.

*MGA DIYUS-DIYUSAN AT PAGSAMBA SA MGA ITO:* Tingnan ang paliwanag sa 1 Mga Hari 18:17; Isaias 30:22; Ezekiel 23:5.

Tinatawag na *Sabbat* o *Pahinga* ng mga Hebreo ang pinakahuling araw ng sanlinggo, dito galing ang tawag natin sa araw ng *Sabado*. Pinababanal nila iyon nang higit sa lahat sa paghinto sa lahat ng gawain.

*Nagpahinga si Yawe sa ikapitong araw*. Medyo kaibang dahilan ang ibinibigay sa Dt 5:15. Tingnan din ang Gen 2:2-3 at ang paliwanag dito.

Alam natin na nabuhay si Jesus sa araw na kasunod ng Araw ng Pahinga. Alam ng mga apostol na isang bagong panahon sa daigdig ang pinasinayaan ng Pagkabuhay na iyon, kaya naman itinakda nila sa *Araw ng Panginoon* (o Linggo) ang pahinga (*o sabbat*) ng mga Kristiyano (tingnan Gawa 20:7; 1 Cor 16:2; Pag 1:10). Nalilimutan ng mga Sabadistang gustong balikan ngayon ang araw ng Judio na may kapangyarihan si Jesus at ang kanyang mga apostol na bigyang-interpretasyon at baguhin ang mga batas ni

– [13] Huwag kang papatay.
– [14] Huwag kang makikiapid.
– [15] Huwag kang magnanakaw.
– [16] Huwag kang sumaksi nang mali laban sa iyong kapwa.
– [17] Huwag mong pagnasahan ang bahay ng iyong kapwa. Huwag mong pagnasahan ang maybahay ng iyong kapwa, o ang kanyang katulong, lalaki man o babae, o ang kanyang baka o ang kanyang asno o anumang kanya."

[18] Samantala, nasaksihan ng buong bayan ang kulog at kidlat, at narinig ang tunog ng trumpeta at nakitang umuusok ang bundok. Nanginig sila sa takot at nanatiling nakatayo sa malayo.

[19] At sinabi nila kay Moises: "Ikaw mismo ang magsalita sa amin at makikinig kami. Ngunit huwag magsalita sa amin ang Diyos, kung hindi'y mamamatay kami." [20] Sinabi ni Moises sa sambayanan: "Huwag kayong matakot, sapagkat naparito ang Diyos upang subukin kayo, upang sumainyo ang pitagan sa Diyos at nang hindi kayo magkasalang muli." [21] Kaya nanatiling malayo ang sambayanan samantalang lumakad si Moises patungo sa ulap na kinaroroonan ng Diyos.

**Ang mga tuntunin ng Tipan**

• [22] Nakipag-usap si Yawe kay Moises: "Sabihin mo ito sa mga anak ng Israel – Nakita ninyo na nagsalita ako sa inyo mula sa langit. [23] Huwag ninyong itatabi sa akin ang anumang diyus-diyusang pilak o ginto.

[24] Igawa mo ako ng altar na lupa, at doon mo ialay ang iyong mga sinunog na handog at hain para sa mabuting pagsasamahan, ang iyong mga tupa at mga baka. Sa lahat ng lugar na pupuntahan mo para alalahanin ang aking pangalan, pupuntahan kita at pagpapalain.

---

Moises na galing nga sa Diyos pero hindi deretsahan (Gawa 7:38; Gal 3:19; Heb 2:2). Tingnan din ang Mt 5:27-28; 31-32... Kayat bumabagsak sa kanila ang mga babala mismo ng Biblia sa Gal 2:5; 5:5-6; Col 2:16.

Sa makabagong panahon, kinailangan pang makipaglaban ng mga trabahador para kilalaning piyesta-opisyal ang Linggo. Hindi siguro nakikita ng mga karaniwang nagtatrabaho kahit na araw ng Linggo ang kahalagahan ng pahinga para sa buhay ng tao at sa buhay-Kristiyano. Sa kabila ng reaksyon ni Jesus sa Ebanghelyo laban sa napakahigpit na pagsunod sa Araw ng Pahinga (Mt 12; Jn 5), kalooban pa rin ng Diyos ang lingguhang pahinga. Kaya walang maikakatwiran para sa mga trabahong di nagbibigay ng panahon para sa buhay-panrelihiyon o para sa buhay-pampamilya o para sa kultura.

*Huwag mong gamitin nang walang katuturan ang pangalan ni Yawe.* May apat na paraan ng walang-katuturang paggamit sa pangalan ni Yawe:

– ang paggamit nito gaya ng ginagawa noong araw para sa mga bulong na pangmadyik sa hangaring puwersahang makuha ang kapangyarihan ng Diyos. May mga tao pa ring gumagamit ng Biblia at mga panalanging Kristiyano para gumawa ng mga milagro.

– ang manumpa sa kanyang pangalan at hindi naman pagtupad nito (Sir 23:9 at Mt 5:53).

– ang paglapastangan o pag-insulto sa pangalan ni Yawe, na kamatayan ang hatid na parusa (Lev 24:10).

– ang pagbigkas o pagtawag sa pangalan ni Yawe nang walang importanteng dahilan. Dahil dito kaya nakaugalian na ng mga Judio sa mga huling dantaon ng Matandang Tipan na huwag bigkasin ang pangalan ni Yawe sa pagpapalit nila rito ng *Ang Panginoon* o *Ang Pangalan* o *Mga Langit*.

*Isaalang-alang mo ang iyong ama at ina:* tingnan Sir 3:2.

*Huwag kang magnanakaw.* Para magkaroon ng pagtitiwala at pagkakaisa sa loob ng isang pamayanan, kailangang magkaroon ng lubos na respeto ang bawat isa sa mga pag-aari ng kanyang kapwa. Dapat niyang bayaran ang kanyang mga utang at huwag kanyahin ang anumang mahawakan niya. Subalit hindi dapat gamitin ang utos na ito para bigyang-katwiran ang anumang tipo ng pansariling pag-aari. Para sa Biblia, ang lupa ay sa Diyos at tagapamahala lamang nito ang sinumang umuukupa nito. Kailangang ipamahagi sa lahat ang mga bagay sa daigdig na ito. At kung may kailangang magbenta ng kanyang mana, kailangang isauli iyon ng nakabili pagkatapos ng apatnapu't siyam na taon. Nangangahulugan ito na hindi sang-ayon ang Biblia na mapasakamay ng iilan ang yaman ng bansa at iwang naghihikahos ang masa (tingnan Lev 25:13).

Binibigyang-paliwanag ng Bagong Tipan ang sampung utos: Mt 5:22; 5:33; 5:27; Mc 7:10; Lc 18:20; Rom 7:7; 13:9; Jaime 2:11.

• 22. *Ang Sampung Utos ay kailangang iugnay sa kasalukuyang panahon para maging gabay sa buhay ng tao. Nang nasa Palestina na ang mga Israelita, nagbago ang kanilang buhay bilang mga pagala-galang pastol at naging mga magsasakang may pirmihang tirahan. Bumuo rin sila ng isang kalipunan ng mga batas na matutunghayan natin sa 20:22-23:19. Tinawag itong "Mga Batas ng Tipan", at malamang na pormal na pinagtibay ang mga ito ng labindalawang tribu nang muli silang pagbuklurin sa tawag ni Josue para papanibaguhin ang Pakikipagtipan kay Yawe (tingnan Jos 8:30).*

Huwag nating isipin na idinikta ng Diyos sa kanyang

25 Kung gagawa ka ng altar na bato para sa
akin, huwag mo itong gagawing yari sa tinap-
yas na bato, sapagkat lalapastanganin mo ito
sa paggamit dito ng sinsel. 26 Huwag mong la-
lagyan ng mga baitang ang aking altar, at baka
makita ang iyong kahubaran."

**21** 1 "Ito ang mga batas na ihaharap mo
sa kanila:

2 Kung bibili ka ng aliping Hebreo, magli-
lingkod siya sa iyo nang anim na taon, ngunit
palalayain mo siya sa ikapitong taon nang
walang anumang babayaran.

3 Kung dumating siyang nag-iisa, aalis si-
yang nag-iisa. Kung may asawa naman siya,
aalis siyang kasama ang kanyang maybahay.
4 Kung binigyan naman siya ng kanyang amo ng
asawa at nagkaanak iyon, magiging pag-aari ng
amo ang maybahay at ang mga anak niyon;
aalis siyang nag-iisa.

5 Ngunit kung sabihin ng alipin – Mahal ko
ang aking amo, ang aking asawa, at ang aking
mga anak, kaya ayaw kong lumaya, – 6 ihaharap
siya ng kanyang amo sa Diyos; dadalhin siya sa
pinto o sa haligi ng pintuan, at bubutasan ng
kanyang amo ng pantusok ang isa niyang
tainga, at habambuhay na siyang maninilbihan
sa kanya.

7 Kung ipinagbili ng isang lalaki ang kanyang
anak na dalaga bilang alipin, hindi ito makala-
laya tulad ng mga aliping lalaki. 8 Kung hindi
siya magiging kasiya-siya sa kanyang amo na
pumili sa kanya para sa kanyang sarili, papayag
ito na matubos siya ng iba; wala itong karapatan
na ipagbili siya sa mga dayuhan sapagkat
nakipagsira siya sa kanya. 9 Kung siya nama'y
pinili niya para sa kanyang anak na lalaki,
igagalang niya ang karapatan nito bilang anak
na babae. 10 Kung mag-asawa naman siya ng
ibang babae, hindi niya babawasan ang kan-
yang pagkain, damit o mga karapatan ng may-
asawa. 11 Kung magkulang siya sa kanya sa
tatlong bagay na ito, malayang makaaalis ang
babae nang walang binabayarang anuman.

12 Patayin ang sinumang manakit sa kapwa at
makamatay. 13 Ngunit kung hindi naman niya
sinadyang pumatay, bibigyan kita ng isang
lugar na kanyang matatakbuhan.

14 Subalit kung sadya niyang sinunggaban
ang kanyang kapwa para patayin nang pataksil,
alisin mo siya kahit sa aking altar at patayin.

15 Patayin ang sinumang manakit sa kanyang
ama o ina.

16 Patayin ang sinumang kumidnap sa kapwa
at ipagbili ito o mahulihang bihag pa niya ito.

17 Patayin ang sinumang uminsulto sa kan-
yang ama o ina.

18 Kung may mga nag-aaway, at sinuntok o
binato ng isa ang kanyang kapwa, at hindi
naman namatay kundi naratay lamang 19 at pag-
katapos ay nakabangon at nakapaglakad na sa
kalye, hawak ang kanyang tungkod, walang
pananagutan ang sumuntok. Gayunman, ba-
bayaran nito sa nasaktan ang nasayang na
panahon at ipagagamot hanggang ganap na
gumaling.

20 Kung hampasin ng isang lalaki ang kan-
yang aliping babae o lalaki, at namatay iyon sa
kanyang kamay, dapat siyang parusahan.
21 Ngunit kung nabuhay iyon pagkalipas ng isa o
dalawang araw, hindi siya parurusahan sapag-
kat ari-arian niya ang alipin.

22 Kung may nag-aaway, at tinamaan nila
ang isang buntis kayat napaanak ito nang wala
sa panahon ngunit hindi naman napinsala ang
babae, kailangang bayaran ng nakasakit sa
babae ang anumang multang itatakda ng asawa
nito at ipinahihintulot ng hukuman. 23 Ngunit

---

bayan ang lahat ng nasa Biblia. Isang katibayan nito ang nilalaman ng kalipunang ito ng mga batas. Isang bahagi nito ang binubuo ng mga batas ng mga bayan ng Kanaan na inangkin ng mga Israelita dahil mabuti at makatarungan ang tingin nila sa mga ito. Mga sariling batas naman ng Israel ang isa pang bahagi, na idinikta ni Moises o mga bunga kaya ng kanyang aral. Madaling makikilala ang mga ito sapagkat sinasabi rito "ka" o "mo" o "ninyo" o kaya'y nagsisimula sa "ang sinumang".

Pansinin na pinabigat ng Israel ang mga parusa sa sinumang pumatay sa kanyang kapwa (Gen 4:15 at 9:15). Kayat ang pananampalataya sa Diyos ang nagsisilbing saligan at nagpapatibay sa pagrespeto sa tao. Mapapansin na pinabigat ng Israel ang mga parusa sa pagpatay ng kapwa (Gen 4:15 at 9:15): ang pananampalataya sa Diyos ay naghahatid sa paggalang at pagsasanggalang sa buhay ng tao. Hinahatulan nito nang magaan ang lipunang konsumerista, na tinatawag na liberal, na halos hindi iginagalang ang buhay sa mga lugar na mahirap ang pera: huwag nang banggitin pa ang aborsyon.

Sa paghahayag ng batas na ito na iniangkop sa isang lipunang sinauna, inaanyayahan tayo ng Biblia na itaguyod ang paggawa ng batas na angkop sa ating lipunang pang-industriya pero binigyang-sigla ng kaparehong diwa ng pagkakaisa ng mga tao. Hindi para sa Iglesya ang paglutas ng masasalimuot na problema ng ating panahon, pero maitatakda nito ang mga simulain ng isang pamumuhay na ayon sa kalooban ng Diyos at maiaangkop ito sa lipunan ng kasalukuyan. Nagagawa nito ang ganito sapagkat meron itong buong pananaw tungkol sa sangkatauhan.

kung magkaroon ng malubhang pinsala, buhay
ang ibabayad sa buhay, 24 mata sa mata, ngipin
sa ngipin, kamay sa kamay, paa sa paa, 25 sunog
sa sunog, sugat sa sugat, galos sa galos.

26 Kapag pinalo sa mata ng isang lalaki ang
kanyang alipin, lalaki man o babae, at ito ay
nabulag, palalayain niya ang alipin bilang kaba-
yaran sa mata nito, 27 o kung mabungian ito
dahil sa kanya, palalayain din niya ang alipin
bilang kabayaran sa ngipin nito.

28 Kung sinuwag ng isang bakang kapon ang
isang lalaki o babae, at namatay iyon, babatuhin
ang baka hanggang mamatay, at hindi kakainin
ang laman niyon, ngunit hindi parurusahan ang
may-ari ng baka.

29 Kung dati nang nanunuwag ang baka, at
binalaan na ang may-ari niyong ngunit hindi pa
rin iyon ikinulong, at may napatay ito pagkata-
pos, babatuhin ang baka at papatayin din ang
may-ari nito. 30 Gayunman, kung pagmumul-
tahin siya para masagip ang kanyang buhay,
kailangang bayaran niya ang lahat ng hihingin
sa kanya.

31 Pareho ring batas ang ipapataw, maging
batang lalaki man o babae ang sinuwag ng baka.
32 Kung aliping lalaki o babae naman ang
sinuwag ng baka, magbabayad ng tatlumpung
pirasong pilak ang may-ari nito sa amo ng
alipin, at babatuhin naman ang baka.

33 Kung iniwang bukas ng isang lalaki ang
isang balon o kung naghukay siya at hindi iyon
tinakpan, at may nahulog na baka o asno roon,
34 babayaran ng may-ari ng balon ang may-ari
ng hayop, ngunit magiging kanya na ang hayop.

35 Kung sinaktan ng baka ng isa ang baka ng
kanyang kapwa, at namatay iyon, ipagbibili nila
ang buhay na toro at paghahatian kapwa ang
pera at ang laman ng namatay na hayop.
36 Subalit kung dati nang nanunuwag ang baka,
at hindi pa rin iyon ikinulong ng may-ari, kaila-
ngang magbayad ang may-ari – baka sa baka –
ngunit kanya na ang patay na baka.

37 Kung nagnakaw ng baka o tupa ang isang
lalaki, at kinatay iyon o ipinagbili, babayaran
niya ng limang baka ang bakang ninakaw, at
apat na tupa naman para sa tupang ninakaw.

22 1 Kung mahuli ang isang magnanakaw
na nanloloob sa isang bahay, at siya ay
hinampas at namatay, walang pananagutan ang
nakamatay sa kanya. 2 Ngunit mananagot na
ang nakamatay kung nangyari ito pagkasikat ng
araw. Kailangang bayaran ng magnanakaw ang
lahat niyang ninakaw. Kung walang-wala na-
man siya, ipagbibili siya para sa kanyang ni-
nakaw. 3 Kung matagpuang buhay sa kanyang
pag-iingat ang kanyang ninakaw, maging baka,
asno o tupa, magbabayad siya ng doble.

4 Kung ipastol ng isang tao ang kanyang mga
alagang hayop, at pinabayaang gumala at
manginain sa bukid o ubasan ng iba, babayaran
niya iyon ng pinakamainam na ani mula sa
kanyang bukid at ubasan.

5 Kung nagkasunog at kumalat ang apoy sa
*dawagan,* at nasunog nito ang mga butil na
nakabunton o tumutubo roon o ang buong buki-
rin, magbabayad ang nagsindi ng apoy.

6 Kung ang isang tao ay nagpatago sa iba ng
salapi o anumang bagay para ingatan, at iyon ay
nanakaw, magbabayad nang doble ang magna-
nakaw kung mahuhuli. 7 Kung hindi naman
mahuli ang magnanakaw, ang may-ari ng
bahay ay manunumpa sa harap ng mga hukom
na hindi siya ang nagnakaw sa ari-arian ng
kanyang kapwa.

8 Anumang usapin tungkol sa tunay na pag-
mamay-ari ng baka, asno, tupa o damit o anu-
mang bagay na nawala ay kailangang iharap sa
mga hukom. Sinumang mapatunayan ng mga
hukom na wala sa katwiran ay magbabayad
nang doble sa kanyang kapwa.

9 Kung ipinagkatiwala ng isang tao sa kan-
yang kapwa ang kanyang asno, baka, tupa o
anumang hayop, at ang hayop ay namatay o
napinsalaan o may humuli nang walang naka-
kakita, 10 manunumpa sa harap ni Yawe ang
pinagiwanan na hindi niya ninakaw ang ari-arian
ng kanyang kapwa. Tatanggapin ng may-ari ng
hayop ang patotoo, at wala namang kailangang
isauli ang isa. 11 Ngunit kung ninakaw sa kanya
ang hayop, kailangang ibalik niya iyon. 12 Kung
ang hayop ay nilapa ng mabangis na hayop,
ihaharap niya ang nalabi bilang ebidensiya,
ngunit hindi niya kailangang magbayad.

13 Kung nanghiram ang isang tao ng hayop sa
kanyang kapwa at ang hayop ay napinsala o
namatay nang wala ang may-ari, kailangang
bayaran iyon ng nanghiram. 14 Ngunit kung
naroon naman ang may-ari, hindi kailangang
magbayad ang nanghiram.

15 Kung akitin ng isang lalaki ang isang dala-
gang wala pang katipan at sumiping sa kanya,
babayaran niya ito ng dote at pakakasalan.
16 Kung tumanggi naman ang ama ng dalaga na
ibigay ito sa kanya, babayaran pa rin niya ang
halagang katumbas ng dote sa isang ikakasal na
dalaga.

17 Patayin ang mangkukulam.

18 Patayin ang sinumang makipagtalik sa
hayop.

19 Puksain ang sinumang maghandog sa
ibang diyos liban kay Yawe.
20 Huwag mong pahirapan o apihin ang isang
dayuhan, sapagkat kayo man ay naging dayu-
han din sa lupain ng Ehipto.

21 Huwag ninyong apihin ang biyuda o
ulila. 22 Sakaling apihin mo sila at duma-
ing sa akin, tiyak na pakikinggan ko sila,
23 at mag-aapoy ang aking poot at papa-
tayin kita sa tabak, at mabibiyuda rin ang
iyong asawa at mauulila naman ang iyong
mga anak.
24 Kung nagpautang ka ng pera sa
aking bayan, sa dukhang kasama mo,
huwag kang maging gaya ng usurero –
huwag mo siyang patawan ng tubo.
25 Kung may inilit kang balabal, ibalik
mo iyon paglubog ng araw, 26 sapagkat
iyon lamang ang pantakip niya sa kan-
yang katawan. Ano pa ang kanyang tutu-
lugan? At kapag dumaing siya sa akin,
pakikinggan ko siya sapagkat ako ay ma-
awain.
27 Huwag mong lapastanganin ang
Diyos o murahin ang pinuno ng iyong
bayan.
28 Huwag mong antalahin ang pagbibi-
gay sa akin ng aking bahagi sa iyong trigo
at alak.
Ibigay mo sa akin ang panganay sa
iyong mga anak na lalaki. 29 Gayundin
ang gagawin mo sa iyong mga baka at
mga tupa. Pitong araw na mananatili ang
mga ito sa piling ng ina, ngunit ibibigay
mo sa akin sa ikawalong araw.
30 Mga taong banal kayo para sa akin.
Huwag kayong kakain ng karne ng hayop
na nilapa ng mabangis na hayop, ihagis
iyon sa mga aso.

**23** 1 Huwag kang gagawa ng maling
pahayag, ni tutulungan ang ma-
sama sa pagiging saksi ng karahasan.
2 Huwag kang susunod sa nakararami
sa paggawa ng masama o kung binaba-
luktot nila ang katarungan sa isang usa-
pin. 3 Huwag mong kikilingan ang sinu-
man, maging ang dukha.
4 Kung makita mo ang nawawalang
baka o asno ng iyong kaaway, ihatid mo
iyon sa kanya.
5 Kung makita mong nabubuwal sa bi-
gat ng dala ang asno ng namumuhi sa iyo,
huwag mong lampasan iyon, sa halip ay
tulungan mo siya.
6 Huwag mong ipagkait ang katarungan
sa sinumang dukha sa kanyang usapin.
7 Lumayo ka sa kasinungalingan.
Huwag mong patayin ang walang gina-
wang mali o ang matuwid, sapagkat hindi
ko patatawarin ang masama.
8 Huwag kang tatanggap ng lagay, sa-
pagkat binubulag ng suhol ang malinaw
na paningin at binabaluktot ang mga sa-
lita ng matuwid.
9 Huwag ninyong apihin ang dayuhan;
alam na ninyo kung paano maging dayu-
han, sapagkat naging dayuhan kayo sa
Ehipto.

10 Anim na taon kang maghahasik sa iyong
bukirin at mag-aani ng bunga, 11 ngunit pagpa-
pahingahin mo ang lupa at huwag tataniman sa
ikapitong taon. Kayat makakain ng dukha ang
anumang ibubunga nito, at makakain naman ng
mababangis na hayop ang kanilang iiwan. Ga-
yon din ang gagawin mo sa iyong ubasan at sa
taniman ng olibo.
12 Anim na araw kang magtatrabaho, ngunit
magpapahinga ka sa ikapito upang makapag-
pahinga rin ang iyong baka at asno, at maginha-
wahan ang anak ng iyong aliping babae, pati na
ang dayuhan.
13 Sundin ninyo ang lahat ng sinasabi ko at
huwag tumawag sa ibang mga diyos, ni hindi
dapat marinig ang kanilang mga pangalan sa
inyong mga labi.
14 Tatlong beses kang magpipiyesta sa aking
karangalan sa loob ng isang taon.
15 Ipagdiwang mo ang Piyesta ng Tinapay na
Walang Lebadura tulad ng iniutos ko. Tinapay
na walang lebadura ang kakanin mo sa loob ng
pitong araw sa takdang panahon sa buwan ng
Abib, sapagkat noon ka lumabas mula sa
Ehipto. At walang haharap sa akin nang walang
dala.
16 At ang Piyesta ng Pag-aani, sa mga unang
bunga ng iyong pagod, sa paghahasik mo sa
iyong bukirin.
At ang Piyesta ng Pamimitas sa pagtatapos

ng taon, sa pagtitipon mo sa mga bunga ng mga
bukirin.
17 Tatlong beses sa santaon na haharap kay
Yawe ang buo mong kalalakihan.
18 Hindi mo dapat samahan ng tinapay na
may lebadura ang aking sakripisyo ng dugo, o
ititira hanggang kinaumagahan ang taba ng
pagpipiyesta sa akin.
19 Dalhin mo sa bahay ni Yaweng iyong Diyos
ang pinakauna sa mga unang bunga ng iyong
lupa.
Huwag mong lulutuin ang batang kambing sa
gatas ng ina nito.

• 20 Tingnan mo, nagsusugo ako ng
Anghel na mauuna sa iyo, para pangala-
gaan ka sa daan at ihatid ka sa lugar na
aking inihanda. 21 Mag-ingat ka sa harap
niya at makinig sa kanya; huwag mo
siyang paghihimagsikan sapagkat hindi
niya palalampasin ang iyong maling
gawa, dahil sumasakanya ang aking
pangalan.
22 Kung pakikinggan mo siyang mabuti
at gagawin ang lahat ng sinasabi ko,
magiging kaaway ako ng iyong mga ka-
away at kalaban ng iyong mga kalaban.
23 Mangunguna sa iyo ang aking Anghel at
ihahatid ka sa lupain ng mga Amorreo,
Heteo, Pereceo, Kananeo, Heveo, Yebu-
seo – pupuksain ko silang lahat.
24 Huwag kang yuyuko sa harap ng
kanilang mga diyos o maglilingkod sa ka-
nila o tutularan ang kanilang mga kauga-
lian; sa halip ay lubusan mo silang puk-
sain at durugin ang kanilang mga sagra-
dong bato.
25 Kung paglilingkuran ninyo si Yaweng
Diyos ninyo, babasbasan niya ang iyong
tinapay at tubig – at ilalayo kita sa karam-
daman.
26 Walang makukunan o magiging baog
sa iyong lupain. Pararamihin ko ang iyong
mga araw.
27 Maghahasik ako ng takot sa harap
mo, at lilituhin ko ang lahat ng bayang
pupuntahan mo; patatalikurin ko't pata-
takbuhin ang lahat mong kaaway.

28 Magpapauna ako ng mga bubuyog sa iyo
para itaboy sa harap mo ang mga Heveo, Ka-
naneo at Heteo. 29 Hindi ko sila palalayasin sa
loob ng isang taon lamang, kung hindi'y magi-
ging disyerto ang lupain at dadami ang maba-
bangis na hayop at pipinsalain ka. 30 Unti-unti ko
silang palalayasin hanggang dumami ka at
maangkin ang lupain.
31 Itatakda ko ang iyong mga hangganan
mula sa Dagat ng Mga Tambo hanggang sa
dagat ng mga Pilisteo (Mediterraneo), at mula sa
Disyerto hanggang sa Ilog Eufrates; sapagkat
ibibigay ko sa iyong mga kamay ang mga nasa
lupain at palalayasin ko sila sa harap mo.
32 Huwag kang makikipagtipan sa kanila o
sa kanilang mga diyos. 33 Hindi sila titira sa iyong
lupain, kung hindi'y ibubulid ka nila sa pagka-
kasala sa akin sa paglilingkod sa kanilang mga
diyos. Tiyak na magiging bitag iyan sa iyo.

**24** 1 *At sinabi niya kay Moises: "Umak-*
*yat ka kay Yawe, ikaw at sina Aaron,*
*Nadab at Abihu, kasama ang pitumpu sa mga*
*matatanda ng Israel, at sasamba sila mula sa*
*malayo.* 2 *Si Moises lamang ang lalapit kay*
*Yawe, at hindi ang iba, at hindi rin aakyat ang*
*bayan kasama niya."*

**Pagtatapos ng Tipan**

• 3 Dumating si Moises at sinabi sa
sambayanan ang lahat ng salita ni Yawe at

---

• **23.**20 *Tingnan mo, nagsusugo ako ng Anghel na mauuna sa iyo.* Napakahirap mangusap nang lubusan tungkol sa Kalinga ng Diyos para sa atin. Sasabihin ko ba sa bawat sandali: "Gawa ito ng Diyos"? Ang "anghel" na ipinadala ng Diyos para mauna sa Israel ang tinutukoy dito ng Biblia. Isa itong paraan ng pagsasabing ipinagsasanggalang at pinapatnubayan ng Diyos ang kanyang bayan sa paggamit sa di-mabilang na mga tagapamagitan, nakikita man o di-nakikita.

*Durugin ang kanilang mga sagradong bato.* Sa mga nakalipas na dantaon, ang "pagwasak ng mga diyus-diyusan" ay binigyang-kahulugan, kalimitan, sa panatikong paraan, na nagbunga ng pagkawala ng mga masining na gawa ng mga pagano. Tiyak na imposibleng hindi mangyari ang ganito dahil sa kaisipan ng panahong iyon. Ang pagkaunawa natin ngayon sa mga salitang ito ay ang pagsamba at kulto ng mga huwad na diyus-diyusan ng ating panahon. Sa halip, kung anong sinasabi ni Pablo tungkol sa karneng inialay sa diyus-diyusan, gayundin ang masasabi natin tungkol sa mga gawa ng sining na kumakatawan sa mga paganong diyus-diyusan (1 Cor 8).

• **24.**3 Ang pinakaimportanteng mga pangyayari sa Biblia ang kadalasa'y isinasalaysay nang napakaikli.

lahat ng batas nito. Sumagot sa iisang tinig ang buong bayan: "Gagawin namin ang lahat ng sinabi ni Yawe!"

4 Isinulat ni Moises ang lahat ng salita ni Yawe. At kinabukasan, maaga siyang gumising, at gumawa ng isang altar sa paanan ng bundok at ng labindalawang batong nakatayo para sa labindalawang tribu ng Israel.

5 At inutusan niya ang ilang kabataang lalaking Israelita na mag-alay kay Yawe ng mga sinunog na handog at ng mga batang toro bilang hain sa mabuting pagsasamahan.

6 Kinuha ni Moises ang kalahati sa dugo at inilagay sa mga planggana, at iwinisik naman sa altar ang kalahati.

7 At kinuha niya ang Aklat ng Pakikipagtipan, at binasa sa harap ng sambayanan. Sinabi nila: "Gagawin namin at susundin ang lahat ng sinabi ni Yawe."

8 At kinuha ni Moises ang dugo at iwinisik ito sa sambayanan, habang sinasabi: "Narito ang dugo ng pakikipagtipang ginawa ni Yawe sa inyo ayon sa lahat ng salitang ito."

9 At umakyat si Moises kasama sina Aaron, Nadab, Abihu at ang pitumpung matatanda ng Israel.
10 At nakita nila ang Diyos ng Israel. Nasa ilalim ng kanyang mga paa ang parang baldosang sapiro, sindalisay mismo ng langit.
11 Ngunit hindi niya iniunat ang kanyang kamay laban sa mga hinirang na ito sa mga anak ng Israel; nakita nila ang Diyos, at kumain sila at uminom.

**Ibinigay kay Moises ang Batas**

12 Sinabi ni Yawe kay Moises: "Umakyat ka rito sa akin sa bundok at tumigil dito. Ibibigay ko sa iyo ang mga tapyas ng bato, ang Aral at Utos na isinulat ko upang turuan sila."

13 Kaya umalis si Moises at ang kanyang ayudanteng si Josue, at bago umak-

---

Sa paanan ng Bundok Sinai pinagtitibay ang Tipang mamamahala sa buhay ng Israel.

Dalawang eksena ang pinagsasama sa pagdiriwang ng Tipan. Una, nasasaksihan ni Moises at ng matatanda ng Israel ang Luwalhati ni Yawe na nasa Bundok Sinai. At sa pagbalik naman ni Moises, pinagtitibay ng sambayanan ang Tipan sa pamamagitan ng solemneng pag-aalay.

*Umakyat si Moises kasama ang pitumpung matatanda.* Napakaekstraordinaryo at napakadakila ng Tipan kayat hindi marapat na sa karanasang espirituwal lamang ni Moises masalalay ang pananagutan at pag-ako ng sambayanan. Pitumpung saksi ang makapagsasabi ng kanilang nakita. Ang pag-ahon sa bundok na kagila-gilalas sa pag-iisa nito, ang maaliwalas na asul ng langit sa tuktok, ang sinag ng araw – ang lahat ng ito ang naghanda sa kanila para makita ang Luwalhati ng Diyos. Naroon si Yawe at "nakita" nila siya sa isang mahiwagang karanasan batay sa kakayahang makipagtagpo ng mga tao sa Diyos na buhay "na kailanma'y hindi nakita ninuman" (Jn 1:18).

*Narito ang dugo ng pakikipagtipan...* Ayon sa kaugalian nang panahong iyon, kapwa winiwisikan ng dugo ng mga hayop na isinakripisyo ang dalawang partidong nagpipirmahan ng kontrata. Dahil ang altar ang kumakatawan kay Yawe, tinatanggap nito ang pagwiwisik sa ngalan niya. Kailangang alalahanin ang mga detalyeng ito sa pagsasabi ni Jesus sa Huling Hapunan: "Ito ang dugo ng Tipan na ibubuhos para sa marami" (Mc 14:24).

Sa *mga tapyas ng bato* iingatan ng sambayanan ang alaala ng pagtatagpo sa Sinai. Kasama ng iba pang mga alaala ng panahon sa disyerto, itatabi ang mga ito sa isang lalagyang yari sa mamahaling kahoy na tinatawag na *Kaban ng Tipan*.

Sa paglipas ng panahon, malilimot ng mga anak ng Israel ang pananagutan at pangakong pinagmulan ng mga Tapyas ng Batas. Ituturing nilang parang milagrosa ang Kaban na maghahatid sa kanila ng proteksyon ng Diyos (1 S 4:4). Kaya maglalaho ang tunay na kabuluhan nito at hahayaan naman ng Diyos na mawala ito sa gitna ng mga kapahamakan ng bansa.

Ayon sa pinakamatandang salaysay, nagsulat si Moises sa mga Tapyas habang nagdidikta naman ang Diyos (Ex 34:28). Dinagdagan na ng mga sumunod na salaysay ang pangyayaring ito ayon sa nakagawian, at sinabing: *ang Diyos ang sumulat sa mga sulat* (31:18; 32:16).

Hindi tayo dapat mabigla sa pagsasalungatang ito: sa halip, tinutulungan tayo nito para maunawaan ang pagkasi ng Diyos sa Biblia. Alam nating Salita ng Diyos ang Biblia, pero ito'y kasintotoong gawa ng mga sumulat nito, bawat isa sa kanyang sariling estilo, ayon sa kanyang kultura at pag-uugali. Marami na tayong nakitang kakatwang detalye, sinaunang kuru-kuro, na likas sa isang partikular na dantaon at kultura. Ang mga pagpapahayag sa isang lugar ay dapat balansihin ng mga nasa iba pang mga aklat nito.

Ang aral na tama para sa isang panahon ay itutuwid kapag umunlad pa ang mga tao. Pinananagutan ng Diyos ang aklat sa kabuuan nito, pero hindi ang mga detalyeng kinuha at inihiwalay.

yat sa Diyos, 14 sinabi ni Moises sa mga matatanda: “Maghintay kayo rito hanggang sa aming pagbabalik. Kasama ninyo sina Aaron at Hur, sa kanila dumulog ang sinumang may problema.”

*15 Nang umakyat si Moises sa bundok, tinakpan iyon ng ulap. 16 Bumaba ang Luwalhati ni Yawe sa Bundok Sinai, at binalot ng ulap ang bundok sa loob ng anim ng araw. At sa ikapitong araw, tinawag niya si Moises mula sa gitna ng ulap.*

*17 Napakitang parang naglalagablab na apoy sa tuktok ng bundok ang Luwalhati ni Yawe sa paningin ng mga Israelita.*

*18 At pumasok sa ulap si Moises at umakyat sa bundok.*

Apatnapung araw at apatnapung gabi si Moises sa bundok.

## *IKALAWANG BAHAGI*
## *ANG PAGTATAYO NG TIRAHAN*

**25** 1 Sinabi ni Yawe kay Moises: 2 “Sabihin mo sa mga Israelita na tanggapin ang abuloy para sa akin; tanggapin ninyo ang abuloy ng sinumang nagbibigay nang buong-puso.

3 Tanggapin ninyo mula sa kanila ang mga bagay na ito: ginto, pilak at tanso, 4 telang kulay asul-purpura at pula, pinong linen, hinabing balahibo ng kambing, 5 mga katad na balat ng lalaking tupa na kinulayan ng pula, malambot na katad, kahoy ng akasya, 6 langis para sa lampara, pabango para sa langis ng pagtatalaga at sa insenso, 7 mga mamahaling bato at hiyas na palamuti sa mga damit ng pari.

8 Kailangang gumawa ang mga Israelita ng isang santuwaryo para sa akin upang manahan ako sa piling nila. 9 Ipakikita ko sa iyo ang plano ng Tirahan at ng mga kasangkapan nito, at gagawin ninyo ang mga iyon ayon sa planong ito.

**Ang Kaban**

10 Igagawa n'yo ako ng Kabang yari sa akasya na apatnapu't limang pulgada ang haba, dalawampu't pito ang lapad at dalawampu't pito rin ang taas. 11 Babalutan mo ito ng lantay na ginto sa loob at labas, at palalamutian ang paligid nito ng minoldeng ginto. 12 Gumawa ka rin ng apat na gintong pulseras para sa Kaban at ikabit ang mga ito sa apat na paa ng Kaban, dalawa sa isang tabi at dalawa sa kabila. 13 Gumawa ka rin ng pampasang yari sa akasya at balot sa ginto, 14 at paraanin ang mga ito sa mga pulseras na nasa magkabilang tabi ng Kaban para madala ang Kaban. 15 Ilalagay ang mga pampasan sa mga pulseras na nasa Kaban at hindi na huhugutin. 16 Ilalagay mo sa loob ng Kaban ang Pahayag na ibibigay ko sa iyo.

17 Gawin mong lantay na ginto ang Lugar ng Pagpapatawad na may apatnapu't limang pulgada ang haba, at dalawampu't pito ang lapad. 18 Gumawa ka rin ng dalawang kerubim na pinanday na ginto para sa magkabilang gilid ng Lugar ng Pagpapatawad. 19 Ilagay ang isang kerubim sa isang gilid at sa kabila naman ang isa pa, at ikabit ang dalawang kerubim sa magkabilang dulo ng takip. 20 Nakabukang paitaas ang mga pakpak ng mga kerubim para lukuban nila ang Lugar ng Pagpapatawad, magkaharap at nakatingin sa Lugar ng Pagpapatawad. 21 Ilagay mo ang Lugar ng Pagpapatawad sa ibabaw ng Kaban at ilagay naman sa loob ng Kaban ang mga tapyas ng bato na ibibigay ko sa iyo.

22 Dito ako makikipagtagpo sa iyo at ibibigay ko sa iyo ang lahat kong kautusan para sa sambayanan ng Israel.

**Ang mesa at ang kandelabra**

23 At gumawa ka ng isang mesang yari sa akasya na may apatnapung pulgada ang haba, dalawampu ang lapad at tatlumpu ang taas. 24 Balutan mo ito ng lantay na ginto at lagyan ng minoldeng ginto sa paligid. 25 Paligiran mo ito ng balangkas na tatlong pulgada ang lapad na may palamuting minoldeng ginto. 26 Gumawa ka ng apat na gintong pulseras at ilagay ang mga ito sa apat na sulok na kinalalagyan ng mga paa ng mesa. 27 Kailangang malapit sa balangkas ang mga pulseras upang doon isuot ang mga pampasan sa mesa. 28 Mula sa kahoy ng akasya ang gagawin mong mga pasanan na babalutan ng ginto, at sa mga ito mo bubuhatin ang mesa.

29 Gumawa ka rin ng mga pinggan, kopa, mga banga at mangkok na gagamitin sa paghahandog ng alak; gawin mong yari sa lantay na ginto ang mga ito. 30 Ilalagay mo sa mesa sa harap ko ang mga tinapay ng pag-aalay.

31 Gumawa ka ng gintong kandelabra na may paa at tangkay na yari sa pinitpit na ginto. Gawin

mong buo ang kandelabra, pati na ang mga palamuting bulaklak, mga buko at talulot. [32]Lagyan mo ng anim na sanga ang ilawan, tigatlo sa magkabila. [33]Lagyan mo rin ang bawat sanga ng tatlong palamuting bulaklak na may buko at talulot tulad ng bulaklak ng almond. [34]Lagyan mo rin ang mismong ilawan ng apat na palamuting bulaklak na may mga buko at talulot. [35]Isang buko ang nasa ilalim ng unang dalawang sanga, isa naman sa ilalim ng susunod na dalawang sanga, at isa pa uli sa ilalim ng huling dalawang sanga, kaya may buko sa ilalim ng bawat dalawang sanga. [36]Kailangang nakakabit ang mga buko at sanga sa katawan ng ilawan, at yari sa iisang piraso ng pinitpit na ginto ang lahat ng ito. [37]At saka gumawa ka rin ng pitong ilaw para sa ilawan, at iayos ang mga ito para magliwanag sa harap ng ilawan. [38]Ang mga pansipit ng mitsa sa mga ilaw at mga trey ay kailangang yari din sa lantay na ginto. [39]Gagamit ka ng pitumpu't limang libra ng lantay na ginto sa paggawa sa ilawan at mga palamuti nito. [40]Hala, gawin mo ang mga ito ayon sa planong ipinakita sa iyo sa bundok.

**Ang Tirahan**

**26** [1]Gawin mo mula sa sampung tela ng hinabing pinong linen na kulay asul-purpura at pula ang banal na Tirahan. Paburdahan mo ng mga kerubim ang mga telang ito ng linen. [2]Pare-parehong apatnapung talampakan ang haba at anim na talampakan ang luwang ng bawat tela; iisa lamang ang sukat ng lahat ng tela. [3]Tatahiin at pagkakabit-kabitin ang limang tela at ganoon din ang gagawin sa lima pa. [4]Kakabitan mo ng sintas na biyoleta ang gilid ng huling piraso sa unang lima at gayundin ang gagawin mo sa gilid ng huling piraso ng isa pa. [5]Limampung sintas ang ilalagay mo sa unang piraso at gayundin naman sa ikalawa. [6]Saka ka gagawa ng limampung gintong kawit para pagkabitin ang dalawang telang linen. Sa ganito mabubuo ang banal na Tirahan.

[7]Gagawa ka ng mga tela sa hinabing balahibo ng kambing para maging takip sa Tirahan. Gagawa ka ng labing-isang tela. [8]Apatnapu't tatlong talampakan ang haba at anim na talampakan ang luwang ng bawat tela; pare-pareho ng sukat ang lahat ng tela. [9]Pagkakabit-kabitin mo ang limang tela para maging isang piraso at gagawin ding isa pang piraso ang nalalabing anim na tela. Itutupi ang ikaanim sa harapan ng Tirahan. [10]Kabitan mo ng limampung sintas ang gilid ng huling tela sa unang lima at ganoon din ang gawin mo sa gilid ng huling piraso sa anim na magkakasama. [11]Gagawa ka ng limampung kawit na tanso at isusuot ang mga ito sa mga sintas para pagkabitin ang dalawang piraso at gawin itong toldang pantakip sa Tirahan.

[12]Isang bahagi ang iiwan sa anim na magkakasama; lalaylay ito sa likod ng Tirahan. [13]Ang sobrang ito ang magiging takip sa Tirahan.

[14]Gagawa ka pa ng ibang takip para sa banal na Tirahan: isang yari sa pulang katad ng toro, at sa ibabaw nito'y may isa pang takip na yari sa malambot na katad.

[15]Gagawa ka ng mga tablang yari sa akasya, at itatayo mo ang mga ito sa Tirahan. [16]Bawat isa'y labinlimang talampakan ang haba at dalawampu't pitong pulgada naman ang lapad. [17]May dalawang nakausli sa bawat isa kung saan ikakabit ang isa pang tablang kasunod, at ganito nga ang gagawin mo para sa lahat ng tabla ng Tirahan. [18]Dalawampung tabla ang ilalagay mo sa dakong timog ng Tirahan. [19]At gagawa ka ng apatnapung paang pilak para sa dalawampung tabla: dalawang paa para sa dalawang nakausli sa bawat tabla. [20]Para sa kabilang dako naman ng Tirahan, sa hilaga, maglagay ka rin ng dalawampung tabla [21]na nakatayo sa apatnapung paang pilak, dalawang paa sa bawat tabla. [22]Para naman sa likuran ng Tirahan, sa dakong kanluran, gumawa ka ng anim na tabla, [23]at dalawa pang tabla para sa mga panulukan sa likod ng Tirahan. [24]Pagkakabitin ang mga ito sa ibaba at itaas, sa unang bilog na kawit, at gayundin ang gagawin sa dalawang tabla ng dalawang panulukan. [25]Kaya't magkakaroon ng walong tabla at labing-anim na paang pilak; dalawang paa sa ilalim ng unang tabla at gayundin sa iba pa.

[26]Gagawa ka rin ng limang pahalang na kahoy ng akasya para pagdugtungin ang mga tabla sa isang tabi ng Tirahan, [27]at lima pang pahalang para naman sa mga tabla sa kabilang tabi ng Tirahan. [28]Lalagos ang mga pahalang sa gitna ng mga tabla, sa magkabilang dulo. [29]Babalutin ng ginto ang mga tabla, at lalagyan ng gintong pulseras na suutan ng mga pahalang na nababalot din ng ginto.

[30]Ganito mo gagawin ang banal na Tirahan ayon sa planong ipinakita ko sa iyo sa bundok.

[31]Gagawa ka ng kurtinang yari sa lineng asul-purpura at pula, at lanang matingkad na pula, at hinabing pinong linen, at pabuburdahan mo ito ng kerubim. [32]Isasabit mo ito sa apat na haliging akasya na nakatayo sa apat na paang pilak at binalutan ng ginto at nilagyan ng gintong pulseras. [33]Isasabit mo ang kurtina sa mga kawit at sa likuran nito mo ilalagay ang Kaban ng Pahayag, at ang kurtina ang maghihiwalay ng Banal na Lugar mula sa Kabanal-banalan.

34 Ilalagay mo ang Lugar ng Pagpapatawad sa ibabaw ng Kaban na nasa loob ng Kabanal-banalan.

35 Sa labas ng kurtina, ilalagay mo naman ang mesa sa gawing hilaga ng Tirahan at ang kandelabra sa gawing timog sa tapat ng mesa.

36 Para sa pintuan ng Tirahan, gagawa ka ng kurtinang yari sa lanang asul-purpura at pula, at hinabing linen, na gawa ng isang magaling na burdadora. 37 Gagawa ka sa kurtinang iyon ng limang haliging akasya na balot ng ginto at may mga kawit na ginto at may limang paang tanso.

### Ang altar ng mga susunuging handog

**27** 1 Gumawa ka ng isang parisukat na altar na yari sa akasya, walong talampakan ang haba at lapad, at limang talampakan ang taas. 2 Lagyan mo ng mga sungay ang apat na sulok ng altar at balutan ng tanso ang altar pati ang mga sungay. 3 Gagawa ka ng mga gamit na tanso para sa altar – mga sisidlan para sa abo, mga pala, mga plangganang pangwisik, kawit at mga lalagyan ng baga. 4 Gagawa ka rin ng barandilyang tanso para sa altar at kakabitan mo ng apat na pulseras na tanso ang apat na sulok nito. 5 Ikakabit mo ang mga pulseras na tanso sa ilalim ng tuntungan ng altar na aabot ang mga ito sa kalagitnaan ng altar. 6 At para sa pagbuhat sa altar, gagawa ka ng mga pampasang yari sa akasya at babalutin mo ng tanso ang mga ito. 7 Isusuot mo ang mga pampasan sa mga pulseras na tanso upang nasa magkabilang tabi ang mga ito kapag binuhat ang altar. 8 Gawin mong walang-laman at guwang ang loob ng altar gaya ng ipinakita sa iyo sa bundok.

9 Gagawa ka rin ng patyo para sa Tirahan. Sa dakong timog ng patyo'y may mga kurtinang yari sa hinabing pinong linen na sandaa't limampung talampakan ang haba. 10 Ang mga kurtina'y may dalawampung tansong haliging may mga kawit at baras na pilak, at nakapatong sa dalawampung tansong paa. 11 Maglalagay ka rin naman sa dakong hilaga ng mga kurtinang linen na sandaa't limampung talampakan ang haba, at dalawampung haliging may kawit at baras na pilak at nakapatong sa dalawampung paa. 12 Sa dakong kanluran ng patyo, magsasabit ka pa ng mga kurtinang may pitumpu't limang talampakan ang haba, sa sampung haliging nakapatong sa sampung paa. 13 Pitumpu't limang talampakan din ang luwang ng patyo na nakaharap sa silangan. 14 Mga kurtinang dalawampu't limang talampakan ang haba ang nakasabit sa tatlong haliging nakapatong sa tatlong paa sa isang tabi ng pintuan. 15 May mga kurtina ring dalawampu't limang talampakan ang haba sa kabilang tabi ng pintuan, at nakasabit sa tatlong haliging nakapatong sa tatlong paa. 16 At para sa pintuan sa patyo, maglalagay ka ng mga kurtinang tatlumpung talampakan ang lapad na gawa ng isang magaling na burdadora mula sa lanang asul-purpura at pula, at hinabing linen, at isasabit mo ang mga ito sa apat na haliging may apat na paa.

17 Pagdurugtungin ng mga pilak na baras ang lahat ng haliging nakapaligid sa patyo at gagawin mong yari sa pilak ang mga kawit at sa tanso naman ang mga paa ng mga ito. 18 Sandaa't limampung talampakan ang haba ng patyo, at pitumpu't limang talampakan ang luwang at pitong talampakan ang taas. Yari sa hinabing linen ang lahat ng kurtina nito na may mga paang tanso.

19 Yari sa tanso ang lahat ng kagamitan sa Tirahan, pati na ang mga tulos na ginagamit dito at sa patyo.

20 Iutos mo sa bayang Israelita na dalhan ka ng dalisay na langis ng olibo para sa ilaw upang doo'y laging magningas ang isang apoy. 21 Si Aaron at ang kanyang mga anak na lalaki ang maglalagay ng apoy na ito sa Toldang Tagpuan na nasa labas ng kurtina ng Kaban ng Tipan. Magniningas ang apoy sa harap ni Yawe mula gabi hanggang umaga at sa habang panahon. Utos itong dapat sundin ng bayang Israel magpakailanman.

### Ang mga damit ng mga pari

**28** 1 Ibukod mo mula sa mga Israelita ang kapatid mong si Aaron at ang kanyang mga anak: sina Aaron, Nadab at Abihu, Eleazar at Itamar upang maging pari ko.

2 Magpagawa ka ng mga sagradong damit para sa iyong kapatid na si Aaron upang maging kagalang-galang siya at marangal. 3 Iutos mo sa mga magagaling na mananahing pinuspos ko ng diwa ng katalinuhan na gumawa ng mga damit para kay Aaron para sa pagtatalaga sa kanya bilang aking pari. 4 Ito ang mga damit na gagawin nila: damit pandibdib, efod, damit pang-ibabaw, burdadong tunika, turban at sinturon. Isusuot ng iyong kapatid na si Aaron at ng kanyang mga anak na mga pari ko ang mga sagradong damit na ito. 5 Gagamit ka ng ginto, lanang asul-purpura at pula at hinabing linen para sa mga damit na ito.

6 Gawing maganda ang efod na yari sa ginto, telang asul-purpura at pula at hinabing mamahaling linen. 7 Lalagyan ito ng dalawang sintas para sa balikat upang pagkabitin ang harap at likod nito. 8 Gagawing kasama at katulad ng efod ang hinabing pamigkis nito na yari rin sa gintong

sinulid, telang asul-purpura at pula, at hinabing pinong linen. [9] At kukuha ka ng dalawang mamahaling batong onix at iukit mo sa mga ito ang mga pangalan ng mga anak ng Israel, [10] tig-anim na pangalan sa bawat bato, ayon sa ayos ng kapanganakan. [11] Gaya ng pag-ukit sa mga batong pantatak, iukit mo sa dalawang bato ang mga pangalan ng mga anak ng Israel, at ilagay mo ang mga bato sa enggasteng ginto. [12] Ikabit mo sa mga tirante ng efod ang dalawang bato sa pag-alaala sa mga anak ng Israel. Dadalhin ni Aaron sa kanyang mga balikat ang kanilang mga pangalan para maalaala sila ni Yawe. [13] Gagawa ka rin ng mga gintong enggaste [14] at ng dalawang tanikalang ginto na itinirintas, at ikakabit mo ito sa mga enggaste.

[15] Gumawa ka rin at magpaburda ng eskapularyong panghatol gaya ng pagkagawa sa efod. Gawin mo ito na yari sa ginto, telang asul-purpura at pula at hinabing pinong linen. [16] Gagawin mo itong pinagtaklob na parisukat na may siyam na pulgada ang lapad. [17] Lalagyan mo ito ng apat na hanay ng mga batong-hiyas: rubi, topasyo at karbusyo para sa unang hanay; [18] esmeralda, sapiro at brilyante para sa pangalawang hanay; [19] haspe, rubi at amatista para sa pangatlong hanay; [20] at berilo, krisolito at onix para sa pang-apat. Ilalagay ang mga ito sa mga enggasteng ginto. [21] Labindalawang lahat ang mga bato taglay ang labindalawang pangalan ng mga anak ng Israel. Iuukit na parang tatak sa mga bato ang labindalawang pangalan ng labindalawang tribu; tig-isang pangalan sa bawat bato.

[22] Para naman sa damit panghatol, gagawa ka ng mga tanikalang ginto na itinirintas, [23] at dalawa pang gintong bilog na kawit na ilalagay sa dalawang sulok sa itaas ng damit-panghatol. [24] Itatali mo ang dalawang gintong tanikala sa dalawang bilog na kawit na nakakabit sa mga sulok ng eskapularyong panghatol. [25] Ang kabilang dulo ng mga tanikalang lubid nama'y ikakabit mo sa dalawang enggaste para maikabit ang mga ito sa tiranteng nasa harapan ng efod.

[26] Gumawa ka rin ng dalawang gintong bilog na kawit at ilagay ang mga ito sa dalawang sulok sa ibaba ng eskapularyo, sa tupi nito sa loob na malapit sa efod. [27] Gagawa ka ng dalawa pang bilog na kawit na ginto at ilalagay ang mga ito sa harap ng efod, sa may ibaba ng dalawang tirante nito na malapit sa tupi, at sa ibabaw ng hinabing sinturon ng efod. [28] Itatali mo sa sintas na kulay asul-purpura ang mga bilog na kawit ng eskapularyo sa bilog na kawit ng efod para manatili ang eskapularyo sa ibabaw ng hinabing sinturon at hindi ito maalis sa efod.

[29] Kayat tuwing papasok sa banal na lugar si Aaron, isusuot niya ang damit-pandibdib o ang panghatol, dala ang mga pangalan ng mga anak ni Israel sa kanyang dibdib upang lagi silang maalaala ni Yawe.

[30] Ilalagay mo rin sa eskapularyo ng paghatol ang Urim at Tumim na gagamitin ni Aaron sa pagpapasya niya para sa mga Israelita. Dadalhin din ni Aaron ang mga ito sa kanyang dibdib sa pagharap niya kay Yawe.

[31] Gawin mong kulay asul-purpura ang pang-ibabaw sa efod. [32] Lagyan mo ito sa gitna ng butas na suutan ng ulo; gagawin ang butas sa paghabi tulad sa kuwelyo ng isang kamisadentro para hindi ito mapunit. [33] Gagawa ka ng mga bilog na palamuti na yari sa lanang asul-purpura at pula, at hinabing pinong linen sa laylayan ng balabal ng efod, [34] at lalagyan mo ng mga kampanilya ang pagitan ng mga ito. Ilalagay na magkakasalit ang mga gintong kampanilya at bilog na palamuti sa paligid ng laylayan ng balabal.

[35] Isusuot ito ni Aaron tuwing maglilingkod siya sa Diyos, kayat maririnig ang kuliling ng mga kampanilya tuwing papasok siya sa banal na lugar sa harap ni Yawe o kung lumalabas siya rito. Kung hindi'y mamamatay siya.

[36] Gumawa ka ng isang kapirasong metal na yari sa lantay na ginto at iukit mo rito ang: 'Itinalaga kay Yawe'. [37] Itatali mo ito ng isang laso na asul-purpura sa harap ng turban. [38] Ilalagay ito ni Aaron sa kanyang noo; kayat siya mismo ang mananagot sa mga banal na handog na iaalay ng mga Israelita kay Yawe. Laging isusuot ni Aaron ang metal na ito sa kanyang noo upang makamit niya ang kagandahang-loob ni Yawe para sa mga Israelita.

[39] Humabi ka rin ng tunikang linen at turbang linen at ng sinturon, na magaling ang pagkagawa.

[40] Gagawa ka ng damit at sinturon at turban para sa mga anak ni Aaron upang sila'y maging kagalang-galang at marangal.

[41] Ikaw ang magbibihis sa iyong kapatid na si Aaron at sa kanyang mga anak. At papahiran mo sila ng langis at itatalaga, at ilalaan silang maglingkod sa akin bilang mga pari. [42] Magpapagawa ka ng mga karsonsilyong linen para sa kanila upang takpan ang kanilang baywang hanggang hita. [43] Isusuot ni Aaron at ng kanyang mga anak ang mga ito sa pagpasok nila sa Toldang Tagpuan at sa paglapit nila sa altar para maglingkod sa banal na lugar. Kung hindi'y magkakaroon sila ng pagkasala at mamamatay. Batas ito magpasawalang hanggan para kay Aaron at sa lahat niyang inapo.

**Ang pagtatalaga sa mga pari**

**29** 1 Ito ang seremonyang gagawin mo sa
pagtatalaga kay Aaron at sa kanyang
mga anak bilang mga paring maglilingkod sa
akin. Pipili ka ng batang toro at dalawang kam-
bing na lalaki na walang kapintasan. 2 Gagawa
ka ng tinapay na walang lebadura at may halong
langis, at biskwit na walang lebadura at pina-
hiran ng langis; magagawa mo ang mga ito mula
sa pinong harina. 3 Ilagay mo ang lahat ng ito sa
isang basket na iaalay mo kasama ng batang
toro at dalawang lalaking kambing.

4 At pagkahatid mo kay Aaron at sa kanyang
mga anak na lalaki sa bungad ng Toldang Tag-
puan pagkapaligo nila, 5 kukunin mo ang tunika,
ang damit na pang-ibabaw sa efod, ang efod at
ang eskapularyo, at ang may burdang sinturon
at isusuot mo ang mga ito kay Aaron. 6 Ilalagay
mo ang turban sa kanyang ulo at itatali rito ang
sagradong metal. 7 Kukunin mo ang langis ng
pagtatalaga at ibubuhos ito sa kanyang ulo.

8 Palalapitin mo naman pagkatapos ang kan-
yang mga anak at bibihisan din sila ng tunika.
9 Sisinturunan mo ang kanilang mga baywang at
lalagyan ng turban ang kanilang mga ulo. At sa
pagtatalaga mo kay Aaron at sa kanyang mga
anak, mapapasakanila ang pagkapari mag-
pakailanman.

10 At saka mo dadalhin ang toro sa harap ng
Toldang Tagpuan at ipapatong naman ni Aaron
at ng kanyang mga anak ang kanilang kamay sa
ulo nito. 11 Papatayin mo ang toro sa harap ni
Yawe sa may pintuan ng Toldang Tagpuan.
12 Kukuha ka ng kaunting dugo nito sa iyong
daliri at ipapahid sa mga sungay ng altar. Ibu-
buhos mo pagkatapos ang tirang dugo sa pa-
anan ng altar. 13 At kukunin mo ang lahat ng
tabang nakabalot sa mga laman-loob, ang ta-
bang nakabalot sa atay, ang dalawang bato at
ang taba ng mga ito, at susunugin mong lahat sa
altar. 14 Susunugin mo naman sa labas ng
kampo ang karne ng toro at ang balat niyon at
mga bituka, sapagkat hain ito para sa kasa-
lanan.

15 Kukunin mo ang isa sa mga lalaking kam-
bing at ipapatong ni Aaron at ng kanyang mga
anak ang kanilang mga kamay sa ulo nito.
16 Kakatayin mo ang lalaking tupa, kukunin ang
dugo nito at ibubuhos sa lahat ng gilid ng altar.
17 Pagparti-partihin mo ang lalaking tupa, at
hugasan ang mga laman-loob at pata, at ilagay
ang mga ito sa ibabaw ng ulo at iba pang bahagi.
18 Sunugin mo pagkatapos ang buong kambing
sa altar. Ito ang susunuging handog na kalugud-
lugod kay Yawe.

19 At kukunin mo ang isa pang lalaking tupa.
Ipapatong ni Aaron at ng kanyang mga anak ang
kanilang mga kamay sa ulo nito. 20 Kakatayin
mo ang lalaking tupa, kukuha ng kaunting dugo
nito at ipapahid sa dulo ng kanang tainga ni
Aaron at ng kanyang mga anak, sa hinlalaki ng
kanilang kanang kamay at kanang paa. Ibuhos
mo rin ang natirang dugo sa paligid ng altar.
21 Kukuha ka ng kaunti sa natitira pang dugo sa
altar, at kasama ng langis sa pagtatalaga ay
wiwisikan mo nito si Aaron at ang kanyang mga
damit at ang kanyang mga anak at ang kanilang
mga damit, upang siya at ang kanyang mga
damit at ang kanyang mga anak at ang kanilang
mga damit ay maitalaga kay Yawe.

22 Kunin mo ang matatabang bahagi nito –
ang buntot, ang tabang nakabalot sa mga
laman-loob, ang taba sa ibabaw ng atay; ang
dalawang bato at ang taba ng mga ito, pati ang
kanang hita – ito ang lalaking kambing para sa
pagtatalaga. 23 Kukuha ka pa rin ng tinapay,
bibingkang nilutong may langis at biskwit mula
sa basket ng mga tinapay na walang pampaalsa
na inihain sa harap ni Yawe, 24 at ilalagay mo ang
lahat sa mga kamay ni Aaron at ng kanyang
mga anak upang ihandog na paindayog kay
Yawe. 25 Kunin mo uli ang lahat ng ito at sunugin
sa ibabaw ng sinunog na handog sa altar bilang
mabangong sinunog na handog kay Yawe.

26 Kukunin mo ang dibdib ng lalaking tupa at
paindayog na iaalay kay Yawe, at magiging
bahagi mo sa pag-aalay. 27 At saka mo itatalaga
ang dibdib na inialay at ang hitang iniindayog –
ang dibdib ng lalaking kambing na para sa
pagtatalaga ni Aaron at ng kanyang mga anak.
28 Habang panahong karapatan ni Aaron at ng
kanyang mga anak na tanggapin ang mga ba-
haging ito mula sa mga Israelita; ito ang baha-
ging ibinukod ng mga Israelita mula sa kanilang
handog sa mabuting pagsasama na bahaging
para kay Yawe.

29 Ipapasa ni Aaron ang mga sagradong da-
mit sa kanyang mga anak at isusuot nila ang
mga ito sa pagbubuhos ng langis at pagtatalaga.
30 Pitong araw na isusuot ang mga ito ng mga
anak ni Aaron na hahalili sa kanya sa pagkapari
at papasok sa Toldang Tagpuan para magling-
kod sa banal na lugar.

31 Kukunin mo ang lalaking tupa ng pagtata-
laga at lulutuin ang karne nito sa isang banal na
lugar. 32 Sa pintuan ng Toldang Tagpuan kaka-
nin ni Aaron at ng kanyang mga anak ang karne
ng tupa at ang tinapay na nasa basket. 33 Kaka-
nin nila ang lahat ng alay sa pagbabayad-sala na
ginamit sa kanilang pagtatalaga o ordinasyon.
Banal ang mga ito kayat walang karaniwang tao

ang kakain ng mga ito. 34 Kung may matitira
man sa karne ng kambing ng pagtatalaga o sa
tinapay, susunugin ito kinabukasan. Hindi ito
kakanin sapagkat banal ito. 35 Gagawin mo kay
Aaron at sa kanyang mga anak ang mga iniutos
ko sa iyo – pitong araw silang oordinahan.

36 Sa pagtatalaga mo sa altar, araw-araw
kang mag-aalay ng toro bilang hain para sa
kasalanan; sa gayon mo inihihingi ng tawad sa
altar para maitalaga iyon, at saka mo iyon
papahiran at magiging banal. 37 Pitong araw
mong gagawin ang pagtatalaga sa altar. Kayat
magiging ganap na banal ito, at magiging banal
ang anumang ilagay dito.

38 Araw-araw kang mag-aalay sa altar ng
dalawang korderong tig-isang taong gulang.
39 Iaalay mo ang isang kordero sa umaga, at ang
isa pa sa dapithapon. 40 Kasama ng unang kor-
dero, mag-aalay ka ng dalawang librang pinong
harina na inihalo sa anim na litrong purong
langis, at ng anim na litrong alak.

41 Sa dapithapon mo naman iaalay ang isa
pang kordero kasama ng harina, langis ng olibo
at alak na sindami ng sa umaga. Ito ang handog
na pinadaan sa apoy at may bangong kalugud-
lugod kay Yawe. 42 Ito ang panghabampana-
hong sinunog na handog ng mga salinlahi sa
harap ni Yawe sa pintuan ng Toldang Tagpuan.

43 Sa lugar na iyon ko kayo kakatagpuin at
kakausapin naman kita. Doon ko kakatagpuin
ang sambayanan ng Israel, at ang lugar na iyon
ay magiging banal sa aking Luwalhati.

44 Gagawin ko ngang banal ang Toldang Tag-
puan at ang altar, at si Aaron at ang kanyang
mga anak upang sila'y maging mga paring
maglilingkod sa akin. 45 Mananatili akong ka-
sama ng sambayanan ng Israel, at ako ang
kanilang magiging Diyos. 46 Kayat malalaman
nilang akong kanilang Diyos ang naglabas sa
kanila mula sa lupain ng Ehipto para manahan
sa kanilang piling. Ako ang kanilang Diyos.

**Ang insenso, ang tubig at ang mabangong langis**

**30** 1 Gumawa ka ng altar na yari sa akasya,
na pagsusunugan ng insenso. 2 Gawin
mo itong parisukat na may dalawampung pul-
gada ang haba at lapad, at apatnapung pulgada
ang taas, at may mga sungay. 3 Babalutan mo
ng lantay na ginto at lalagyan ng gilid na ginto
ang mga paligid nito at mga sungay. 4 Lagyan
mo ng dalawang gintong pulseras ang ilalim ng
magkabilang gilid bilang suutan ng mga pam-
pasan sa altar. 5 Gawin mong yari sa akasya ang
mga pampasan at balutan ng ginto ang mga ito.
6 Ilalagay mo naman ang altar sa harap ng
kurtinang nakatakip sa Kaban ng Tipan at sa
Lugar ng Pagpapatawad kung saan ako naki-
kipag-usap sa iyo.

7 Susunugin ni Aaron sa altar na ito ang
mabangong insenso tuwing maghahanda siya
ng mga ilawan sa umaga, 8 at kapag ibinabalik
niya ang mga ilawan sa dapithapon. Kayat ga-
gawin ng lahat mong salinlahi ang pangha-
bampanahong alay na ito ng insenso sa harap ni
Yawe. 9 Hindi ka mag-aalay ng di sagradong
insenso sa altar o ng hayop o butil, o magbubu-
hos kaya ng alay na alak sa altar na ito.

10 Gagawin ni Aaron taun-taon ang pagba-
bayad sa mga kasalanan at lalagyan niya ng
dugo ng hayop na bayad sa mga kasalanan ang
sungay ng altar. At gagawin mo rin ito sa lahat
ng sali't salinlahi. Ganap na banal ang seremon-
yang ito sa paningin ni Yawe."

11 Sinabi ni Yawe kay Moises: 12 "Pagkuha mo
ng senso para ilista ang sambayanang Israel,
magbabayad kay Yawe ang bawat isa ng pan-
tubos sa kanyang buhay upang walang du-
mating na salot sa kanila habang sila'y nagpa-
palista. 13 Ang bawat magpapalista ay mag-
babayad ng kalahating siklo ayon sa timbangan
ng templo; ito ang abuloy para kay Yawe.
14 Magpapalista ang may dalawampung taong
gulang na o higit pa at babayaran niya ang
abuloy para kay Yawe. 15 Hindi magbibigay ng
mas marami ang mayaman at hindi rin naman
magbibigay ng mas kaunti ang dukha sa pagba-
bayad nila ng pantubos sa kanilang buhay.
16 Gagamitin mo ang perang itong bigay ng
sambayanang Israel para sa pagpapaayos ng
Toldang Tagpuan. Ipaaalala kay Yawe ng hala-
gang pantubos ang mga anak ng Israel."

17 Sinabi pa ni Yawe kay Moises: 18 "Gumawa
ka rin ng isang plangganang tanso na may
patungan para sa paghuhugas. Ilalagay mo ito
sa pagitan ng Toldang Tagpuan at ng altar, at
lalagyan mo ito ng tubig. 19 Dito naghuhugas ng
kanilang mga kamay at paa si Aaron at ang
kanyang mga anak. 20 Maghuhugas sila bago
pumasok sa Toldang Tagpuan kung hindi'y
mamamatay sila. At kung lalapit sila sa altar
para maglingkod at magsunog ng handog kay
Yawe, 21 maghuhugas din sila ng mga kamay at
paa, kung hindi'y mamamatay sila. Pangha-
bampanahong kautusan ito para sa kanila, kay
Aaron at sa kanyang mga inapo sa lahat ng
salinlahi."

22 Sinabi pa ni Yawe kay Moises: 23 "Kumuha
ng mga piling pabango – labindalawang libra ng
tunaw na mira, anim na librang mabangong
kanela, anim na librang mabangong tambo 24 at
labindalawang librang kasia (na tinimbang na

lahat ayon sa timbangan ng templo) at isang galon ng langis ng olibo. 25 Gayon mo gagawin ang sagradong pabango, na karapat-dapat na pabango at gawa ng isang tunay na tagatimpla. Ito ang magiging langis para sa banal na pagpapahid. 26 Ito ang gagamitin mong pampahid sa Toldang Tagpuan at sa Kaban ng Tipan, 27 sa mesa at lahat ng kasangkapan nito, sa ilawan at lahat ng gamit nito, sa altar ng insenso, 28 sa altar ng sinunog na handog at lahat ng kasangkapan nito, at sa planggana at patungan nito. 29 Itatalaga mo ang mga ito kayat magiging tunay na banal ang mga ito at ang anumang madikit sa mga ito. 30 Papahiran mo ng langis si Aaron at ang kanyang mga anak, at itatalaga sila bilang mga paring maglilingkod sa akin. 31 At sabihin mo sa mga Israelita: Ito ang langis ng pagtatalaga para sa lahat ng salinlahi. 32 Huwag itong ibubuhos sa mga katawan ng mga karaniwang tao, at huwag gagawa ng iba pang langis na ganito rin ang timpla. Banal na bagay ito kayat ituring itong banal. 33 Sinumang gumawa ng tulad nito o gumamit nito sa karaniwang tao'y hindi na mabubuhay sa piling ng kanyang bayan."

34 Sinabi ni Yawe kay Moises: "Kumuha ka ng magkakasindaming mababangong rekadong resina, espino, galbano, mabangong rekado at purong kamanyang, 35 at gaya ng gumagawa ng pabango, gumawa ka ng insensong inasinan, dalisay at banal. 36 Durugin mo't pulbusin ang isang bahagi nito, at lagyan ng kaunti ang harap ng Kaban ng Tipan sa Toldang Tagpuan kung saan ako nakikipagtagpo sa iyo. Ituring mo itong banal. 37 Huwag gagawa ang sinuman ng insensong tulad nito para sa kanyang sarili. Ituring mo itong banal at para lamang kay Yawe. 38 Sinumang gumawa ng pabangong tulad nito'y di na mabubuhay sa kanyang bayan."

**Ang mga manggagawa sa santuwaryo**

**31** 1 Sinabi ni Yawe kay Moises: 2 "Tingnan mo't pinili ko si Bezaleel na anak ni Uring anak ni Hur ng tribu ng Juda. 3 Pinuspos ko siya ng espiritu ng Diyos at binigyan ng talino, pang-unawa, kakayahan para sa lahat ng klase ng gawain: 4 sa sining at sa paggawa sa ginto at pilak at tanso; 5 sa pagtapyas ng mga hiyas na lalagyan ng enggaste, sa pag-ukit ng kahoy, sa lahat ng uri ng paggawa.

6 Ibinibigay ko ngayon sa kanya bilang kasama niya si Oholiab na anak ni Ahisamak ng tribu ng Dan; at ibinibigay ko sa lahat ng may kakayahan ang talino para magawa nila ang lahat ng iniutos ko: 7 ang Toldang Tagpuan, ang Kaban ng Tipan at ang Lugar ng Pagpapatawad sa ibabaw ng Kaban, 8 at lahat ng kagamitan sa Toldang Tagpuan: ang mesa at ang mga gamit nito, ang ilawang lantay na ginto at ang mga gamit nito, ang altar ng insenso, 9 ang altar na pinagsusunugan ng handog at lahat ng gamit nito, ang planggana at patungan nito, 10 ang magaganda at sagradong damit ng paring si Aaron at ang mga damit ng kanyang mga anak sa kanilang paglilingkod, 11 ang langis ng pagtatalaga at ang mabangong insenso sa banal na lugar. Gagawin nila ito ayon sa ipinag-utos ko sa kanila."

**Ang Araw ng Pahinga**

12 Sinabi pa ni Yawe kay Moises: 13 "Sabihin mo sa sambayanang Israel: Igagalang ninyo ang mga Araw ng Pahinga ko, sapagkat ang Araw ng Pahinga ay isang tanda sa inyo at sa akin sa lahat ng salinlahi na akong si Yawe ang gumawa sa inyo bilang sarili kong bayan. 14 Ipangilin ninyo ang Araw ng Pahinga at ituring itong banal. Patayin ang sinumang hindi mangilin, at sa halip ay nagtatrabaho sa araw na ito. 15 Anim na araw ang sa pagtatrabaho ngunit itatalagang araw ng ganap na pahinga ang ikapitong araw sa karangalan ni Yawe. Patayin ang sinumang magtrabaho sa Araw ng Pahinga. 16 Mangilin ang mga Israelita sa Araw ng Pahinga at sundin ito sa lahat ng salinlahi bilang walang hanggang pakikipagtipan sa akin. 17 Isang panghabampanahong tanda sa akin at sa mga anak ng Israel ang Araw ng Pahinga sapagkat anim na araw na ginawa ni Yawe ang langit at lupa, at nagpahinga siya sa ikapitong araw."

• 18 Matapos ituro kay Moises ang lahat ng ito sa Bundok Sinai, ibinigay sa kanya ni Yawe ang dalawang tapyas ng Pahayag; sinulatan ng daliri ng Diyos ang mga tapyas na batong ito.

---

• **31.**18 Waring may kahulugan ang paglalahad ng Aklat ng Exodo, pero dahil lamang ito sa layuning pagsama-samahin ang mga bahagi ng iba't ibang panahon. Sa matatandang tradisyon malinaw na inihahayag ang mga utos ng Tipan (kab 20 at 34:10): katarungan at paglilingkod sa iisang Diyos. Pero pagkalipas ng mahabang panahon, pagkabalik ng mga Judio mula sa pagkakatapon, ituturing na pangunahing tungkulin ng bansa ang pagsambang idinaraos sa Templo ng Jerusalem. Noon isiningit ang mahaha-

## ANG GUYANG TINUNAW NA METAL

**32** • 1 Nang makita ng sambayanan na
napakatagal ni Moises bago bu-
maba mula sa bundok, nagtipon sila kay
Aaron at sinabi sa kanya: "O ano? Igawa
mo kami ng mga diyos na mangunguna
sa amin. Sapagkat hindi namin alam kung
ano na ang nangyari sa Moises na ito na
naglabas sa amin mula sa Ehipto."
2 At sinabi sa kanila ni Aaron: "Hiklasin
ninyo ang mga gintong hikaw na suot ng
inyong mga maybahay at mga anak,
at dalhin sa akin ang mga ito." 3 Kayat
hinubad nga ng lahat ang kanilang mga
hikaw, at dinala kay Aaron. 4 Kinuha niya
ang mga iniabot sa kanya at sininsil, at
gumawa siya ng guyang tinunaw na
metal.
At sinabi nila: "Ito ang iyong mga diyos,
O Israel, na naglabas sa iyo mula sa
Ehipto."
5 Nang makita ito ni Aaron, nagtayo
siya ng altar sa harap ng guyang metal at
saka ipinahayag: "Bukas ay piyesta sa
karangalan ni Yawe."
6 Kaya maaga silang gumising kina-
bukasan at nag-alay ng mga sinunog na
handog at ng mga hain sa mabuting pag-
sasamahan. At naupo sila para kumain
at uminom, at tumindig para magpaka-
ligaya.
7 Kaya sinabi ni Yawe kay Moises:
"Bumaba ka sapagkat nagpakasama ang
iyong bayan na inilabas mo mula sa
lupain ng Ehipto. 8 Kaydali nilang lumihis
mula sa daang iniutos ko sa kanila. Gu-
mawa sila ng guyang metal para sa kani-
lang sarili, yumuko sa harap nito at nag-
alay ng mga handog, at sinabing: Ito ang
iyong mga diyos, Israel, na naglabas sa
iyo mula sa lupain ng Ehipto."
9 At sinabi ni Yawe kay Moises: "Naki-
kita kong matigas ang ulo ng bayang ito.
10 Kayat pabayaan mo ngayong tupukin
sila't ubusin ng aking poot. Ngunit mula
sa iyo, gagawa ako ng isang malaking
bansa."
11 Ngunit pinakiusapan ni Moises si
Yaweng kanyang Diyos, at sinabi: "O
Yawe, puwede bang mag-apoy ang iyong
galit sa iyong bayan na inilabas mo mula
sa lupain ng Ehipto nang may dakilang
kapangyarihan at malakas na kamay?
12 Puwede bang masabi ng mga mga
Ehipsiyong: Inilabas sila ni Yawe upang
sila'y mapasama, kaya pinatay niya sila
sa kabundukan at nilipol sa balat ng lupa.
Talikuran mo ang silakbo ng iyong poot,

---

bang kabanata 25-31 at 35-40 para ipakitang ang pagsambang ito ay nasa puso na ng mga pagbubunyag ng Diyos kay Moises.

Ginugunita ng bayang Hebreo kung paano iningatan ang Kaban ng Diyos sa isang tolda sa disyerto. Ang Kaban ay isang kahong yari sa mamahaling kahoy na naglalaman ng mga tapyas ng bato na pinag-ukitan ng Kautusan kasama ng kaunting manna at iba pang alaala ng mga kababalaghang ginawa ng Diyos sa disyerto.

Nang isulat ng mga pari ng Israel ang mga kabanatang ito, ang bayan ng Diyos ay meron nang kahanga-hangang Templo sa Jerusalem kung saan iniingatan ang kaban. Ikinalugod nilang isiping may pagkakahawig sa Templo ang Tolda sa disyerto; at inisip nilang si Moises ang nagtayo ng toldang iyon, sa pagsunod sa mga detalyadong tagubilin ng Diyos.

• **32.**1 Kung paanong sumuway si Adan sa simula, gayundin ang Israel matapos tanggapin ang Batas. Nagsimula na ang mahirap na pagsasama ng Israel at ng kanyang Diyos na nagbabanta, nagpaparusa at pagkatapos ay nagpapatawad.

Natatakot si Moises sa unang pagkakataong ito: iniisip niyang sa paggamit ng mararahas na paraa'y mapababalik niya ang Israel sa tuwid na landas at magiging mas responsable ang sambayanan. Pero lumipas ang mga taon at wala pa ring tigil sa pagkakasala ang bayan. Kaya naman magiging kumbinsido ang mga propeta na hindi sapat sa taong nasa lupa ang isang Batas kundi isang bagong puso ang kanyang kinakailangan: tingnan ang bagong tipan sa Jer 31:31.

*Igawa mo kami ng mga diyos*. Hindi talaga tinatanggap ng mga Israelita si Yaweng Diyos na maraming hinihingi at nakikipaglaban, at nag-uutos sa kanilang sakupin ang lupang pangako. Gusto nilang bumalik sa dati nilang relihiyon na mga piyesta lamang at mga seremonya ang hinihingi. Ang ginawa nilang *guyang* yari sa kahoy na binalutan ng ginto (kaya iyon

at huwag maghatid ng kapahamakan sa
iyong bayan. 13 Alalahanin mo ang iyong
mga lingkod na sina Abraham, Isaac at
Jacob, at ang pangakong binitiwan mo sa
kanila sa ganang sarili mo: Pararamihin
ko ang iyong inapo tulad ng mga bituin sa
langit at ibibigay ko sa lahi mo ang lahat
ng lupaing ito na sinasabi ko at mapapa-
sakanila ito magpakailanman." 14 Nag-
bago nga ng isip ni Yawe tungkol sa ban-
tang kapahamakan sa kanyang bayan.

15 Nagbalik si Moises at bumaba mula
sa bundok, at hawak sa kanyang kamay
ang dalawang tapyas ng Kautusan, mga
tapyas na may nakasulat sa magkabilang
tabi, sa harap at likod. 16 Ang Diyos ang
may gawa sa mga tapyas na ito, at ang
Diyos ang sumulat sa mga sulat na naka-
tatak sa mga tapyas.

17 Nang marinig ni Josue ang ingay ng
sambayanang nagsisigawan, sinabi niya
kay Moises: "May ingay ng digmaan sa
kampo." 18 Ngunit sumagot si Moises:
"Hindi awit ng tagumpay o hiyaw ng pag-
kalupig kundi ingay ng kantahan ang
aking naririnig."

19 Nang malapit na si Moises sa kampo
at nakita niya ang guya at ang sayawan,
sumiklab ang kanyang galit at inihagis
niya ang mga tapyas na bato na nasa
kanyang mga kamay, at nabasag ang
mga iyon sa paanan ng bundok. 20 At
kinuha niya ang guyang kanilang ginawa,
sinunog ito sa apoy, pinulbos at isinaboy
sa ibabaw ng tubig na ipinainom sa mga
Israelita.

21 Sinabi ni Moises kay Aaron: "Ano ba
ang ginawa sa iyo ng bayang ito at dinal-
han mo sila ng napakabigat na kasala-
nan?"

22 Sinabi ni Aaron: "Huwag sanang
mag-apoy ang iyong galit, panginoon ko.
Kilala mo ang bayang ito at alam mo kung
gaano sila kasama. 23 Sinabi nila sa akin:
Igawa mo kami ng mga diyos na mangu-
nguna sa amin sapagkat hindi namin
alam kung ano na ang nangyari sa Moises
na ito na naglabas sa amin mula sa
Ehipto. 24 Kaya sinabi ko sa kanila na hu-
barin ng bawat isa ang kanyang suot na
ginto. Ibinigay nila sa akin ang mga iyon,
at inihagis ko naman sa apoy at ang gu-
yang ito ang lumabas!"

25 Nakita ni Moises na nagwawala ang
sambayanan dahil pinabayaan silang
magwala ni Aaron, at ngayo'y nanganga-
nib sila sa mga kaaway.

26 Kaya tumindig si Moises sa bungad

---

masusunog ni Moises) ang tradisyunal na larawan ni *El* na diyos ng mga Kananeo, diyos na karaniwa'y may mabuting-loob at "makalangit". Isa siyang diyos na nakapagpapagaan sa damdamin ng mga mananampalatayang takot.

Kayat hindi lamang sa paggawa ng isang imahen ng Diyos ang kanilang kasalanan kundi mas lalo na sa paggawa ng isang diyos na bagay sa kanilang gusto. Ito rin ang kasalanang ginagawa ngayon ng maraming mananampalataya na naghahanap ng isang nagpapaginhawang relihiyon o espiritwalidad na walang pagsasalungatang natatagpuan ng isang taong nagtatrabaho para sa Diyos sa mundo.

*Payagan mo ngayong... ubusin ng aking poot. Ngunit mula sa iyo, gagawa ako ng isang malaking bansa*. Nang magkulang sa katapatan ang bayan, isang natatanging katibayan ng kanyang katapatan ang hiningi ni Yawe kay Moises. Iminumungkahi niya na madaling makabubuo ng isang bagong bayan ng Diyos mula sa mga inapo nito bilang kapalit sa mga iresponsable. Ngunit naunawaan ni Moises na hindi ito maaari at hindi dapat: hinding-hindi babawiin ng Diyos ang mga pangako niya sa Israel. Kaya pagsasakripisyo ng sarili ang nakalaan kay Moises hanggang sa wakas para iligtas ang mga makasalanang ito. Hindi siya maghahangad ng anuman para sa kanyang mga inapo, kaligtasan man o mga kaloob na espirituwal, kung mapapahamak naman ang bayang tumanggap ng Tipan.

Lumalabas na nagtagumpay si Moises sa pagsubok na ito at nakakamit niya ang kapatawaran para sa Israel. Pinahihintulutan siya ng Diyos na *tumayo sa harap ni Yawe para pigilan ang kanyang galit* (Slm 106:23). Makikita sa maraming bahagi ng Biblia ang pagiging tagapamagitan ni Moises, na may awtoridad na humingi sa ngalan ng kanyang bayan. At makikita rin sa kanya ang paunang larawan ni Jesus na kaisa-isahang Tagapamagitan.

Paglusong ni Moises, narinig niya ang iresponsableng sagot ni Aaron na sa bayan ibinubunton ang sisi. Naging gaya ng isang paring oportunista si Aaron na gustong magpalapad ng papel sa bayan pero madali namang kinalilimutan ang misyong tinanggap niya sa Diyos at hindi sa bayan. Alalahanin nating si Aaron ang patron at modelo ng mga paring Judio. Ang mga paring sumulat ng mga pahinang ito ang tagapag-ingat sa mga

ng kampo at sumigaw: "Lumapit sa akin ang lahat ng para kay Yawe." At nagkatipon sa kanya ang buong tribu ng Levi.

27 At sinabi niya sa kanila: "Ito ang iniuutos ni Yaweng Diyos ng Israel: Isukbit ng bawat isa ang kanyang tabak. Magparoo't parito kayo sa magkabilang pinto ng kampo at huwag mag-atubiling patayin kahit na sariling kapatid, kaibigan at kamag-anak."

28 Ginawa nga ng mga Levita ang iniutos ni Moises, at mga tatlunlibong lalaki ang namatay nang araw na iyon.

29 At sinabi ni Moises: "Mula ngayo'y nakatalaga na kay Yawe ang inyong mga kamay sapagkat bawat isa sa inyo'y laban sa kanyang anak at kapatid. Dahil dito, pinagpapala kayo ni Yawe sa araw na ito."

**Namagitan si Moises para sa bayan**

30 Kinabukasan, sinabi naman ni Moises sa sambayanan: "Napakabigat na kasalanan ang ginawa ninyo. Ngunit aakyat ako ngayon kay Yawe; makahingi sana ako ng kapatawaran para sa inyong kasalanan."

31 Kaya bumalik si Moises kay Yawe, at sinabi: "Ah, napakabigat na kasalanan ang ginawa ng bayang ito. Gumawa sila ng diyos na ginto para sa kanilang sarili. 32 Patawarin mo sana ngayon ang kanilang pagkakasala... at kung hindi naman, burahin mo na ako sa aklat na sinulat mo."

33 Sinabi ni Yawe kay Moises: "Ang sinumang nagkasala sa akin ang siya kong buburahin sa aking aklat. 34 Humayo ka ngayon! Manguna ka sa bayan patungo sa lugar na sinabi ko, mangunguna sa iyo ang aking Anghel. Ngunit sa araw ng paghuhukom, papapanagutin ko sila sa kanilang kasalanan." 35 Kaya pinarusahan ni Yawe ang sambayanan sa pamamagitan ng salot dahil sa guyang ginawa ni Aaron para sa kanila.

**Ang habag ni Yawe sa kanyang bayan**

**33** 1 Sinabi ni Yawe kay Moises: "Humayo ka! Umalis ka sa lugar na ito, ikaw at ang bayang inilabas mo mula sa lupain ng Ehipto, at umahon ka sa lupaing ipinangako ko kina Abraham, Isaac at Jacob nang isumpa kong: Ibibigay ko ito sa iyong lahi. 2 Magsusugo ako ng Anghel na mangunguna sa iyo at palalayasin ko ang mga Kananeo, Amorreo, Heteo at mga Pereceo, Heveo at Yebuseo. 3 At dahil kayo'y bayang matigas ang ulo, hindi ako aahong kasama ninyo sa lupaing ito na dinadaluyan ng gatas at pulot-pukyutan, at baka puksain ko lamang kayo sa daan."

4 Nang marinig nang sambayanan ang nakapanlulumong mga katagang ito, labis silang nalungkot kaya walang sinuman sa kanila ang nagsuot ng anumang alahas.

5 Sinabi ni Yawe kay Moises: "Sabihin mo sa mga Israelita: Kayo'y bayang matigas ang ulo. Baka mapuksa ko lamang kayo kung sasama ako sa inyo, kahit saglit lamang! Hubarin ninyo ang inyong mga alahas nang malaman ko ang gagawin ko sa inyo."

6 Hinubad nga ng mga Israelita ang kanilang mga alahas bago sila umalis sa Bundok Horeb.

**Ang Toldang Tagpuan**

• 7 Kinuha naman ni Moises ang Tolda at itinayo iyon para sa kanyang sarili sa labas ng kampo, na malayu-layo rito, at

---

aral ni Moises, at sila rin ang naghahawak sa kapangyarihan ni Moises. May kababaang-loob sila para ilahad ang kanilang ninunong si Aaron bilang isang pangkaraniwan at makasalanang tao na ang mga gawa ay hindi bagay sa mataas at marangal niyang posisyon.

Para naman sa sambayanan, hindi nila madaling mabubura ang kanilang mga pagkakasala. Hindi nagkakaisa ang mga salaysay na pinagsasama-sama sa kabanatang ito. Isang parusang parang salot ang ipinahihiwatig sa atin ng bersikulo 35. Sinasabi naman sa talata 25-29 na hindi lahat ay sangkot sa paghihimagsik. Mas matapat ang mga Levitang angkan ng mga pari, at tinulungan nila si Moises na muling maitatag ang kanyang kapangyarihan: sinimulan nilang patayin ang mga may kasalanan.

*Dahil dito, pinagpapala kayo sa araw na ito.* Pero huwag nating isiping pinagpapala ng Diyos ang karahasan: tingnan kung paano pinupuri ng matandang tekstong ito ang mga pumipili sa Diyos nang buong katapatan; ipinakita nila kung paano magagawa at paano dapat gawin ito sa sinaunang panahong ito. Kung kumilos sila noon tulad ng dapat na pagkilos sa ika-20 dantaon, namatay na sana sa duyan pa lamang ang kasaysayan ng pagliligtas. Tingnan ang komentaryo sa Esther 10.

Maraming detalye sa istoryang ito ang galing sa mga sumulat ng pahinang ito pagkaraan ng mga dantaon. Malaki ang impluwensiya sa kanila ng nangyari sa mga santuwaryo sa Betel at Dan kung saan nagpalagay si Haring Yeroboam ng mga guya bilang larawan ni Yawe (1 H 12:26).

• **33.**7 Ang toldang tinatawag na "Toldang Tagpuan" ang unang templo ng Diyos sa piling ng kanyang bayan. Pansinin na nasa labas ito ng kampo

tinawag iyong Toldang Tagpuan. Kayat ang sinumang naghahanap kay Yawe ay lumalabas sa kampo patungo sa Toldang Tagpuan. [8] At tuwing pupunta si Moises sa Tolda, tumatayo ang buong bayan, ang bawat isa, sa pintuan ng kanyang tolda, at sinusundan ng tingin si Moises hanggang makapasok sa Tolda.

[9] Kapag nakapasok na si Moises sa Tolda, bumababa naman at nananatili sa bungad nito ang haliging ulap habang nakikipag-usap si Yawe kay Moises.

[10] Kapag nakita ng bayan na nasa bungad na ng Tolda ang haliging ulap, tumitindig silang lahat at sumasamba ang bawat isa sa pintuan ng kanyang tolda.

• [11] Harap-harapang nakikipag-usap si Yawe kay Moises, tulad ng pakikipag-usap ng isa sa kanyang kaibigan. At saka babalik si Moises sa kampo, pero hindi umaalis sa Tolda ang kanyang binatang ayudanteng si Josue na anak ni Nun.

[12] At sinabi ni Moises kay Yawe: "Sinasabi mo sa aking pangunahan ko ang bayang ito, pero hindi mo pa ipinaaalam sa akin kung sino ang ipadadala mong kasama ko. Ngunit sinabi mong kilala mo ako sa pangalan at kalugud-lugod ako sa iyong paningin.

[13] Ngayon, kung talaga ngang kalugud-lugod ako sa iyong paningin, ipakita mo sa akin ang iyong mga daan upang makilala kita at maging kalugud-lugod nga ako sa iyong paningin. Alalahanin mo rin na ang bayang ito ang iyong bayan."

[14] Sinabi ni Yawe: "Sasamahan ka ng aking Mukha at bibigyan kita ng kapahingahan."
[15] Sinabi naman ni Moises: "Kung hindi kami sasamahan ng iyong Mukha, huwag mo na kaming ilabas dito. [16] At paano malalaman ninuman na ako at ang aking bayan ay kalugud-lugod sa iyong paningin kung hindi mo kami sasamahan? Kayat ako at ang iyong bayan ay mamumukod sa iba pang mga bansa sa balat ng lupa."

[17] At sinabi ni Yawe kay Moises: "Gagawin ko ang sinabi mo sapagkat kalugud-lugod ka sa aking paningin at kilala kita sa pangalan."

**Dumaan si Yawe sa harap ni Moises**

• [18] Sinabi ni Moises: "Kung gayo'y ipakita mo sa akin ang iyong Luwalhati." [19] At sinabi ni Yawe: "Padadaanin ko sa harap mo ang lahat kong kabutihan at ihahayag ko mismo sa harap mo ang aking pangalan – Yawe. Sapagkat ipinakikita ko ang aking kabutihang-loob sa aking naisin at ang aking awa sa gusto kong kaawaan."

[20] At sinabi pa ni Yawe: "Hindi mo makikita ang aking mukha dahil walang sinu-

---

at medyo may kalayuan, at saka lamang ito binabanggit matapos na magkasala ang bayan. Hindi na deretsahang pinakikitunguhan ng Diyos ang Israel kundi sa pamamagitan ng kanyang *Anghel* (32:34 at 23:23). At parang nagkukulong siya sa templong ito sapagkat hindi na siya matatanggap ng mga puso.

Kung nananatili mang malayo sa mga tao ang Diyos at hindi ipinahahayag nang malinaw ang kanyang presensya, hindi ito sa pinarurusahan tayo kundi para ibagay niya ang sarili sa ating kakayahan: magiging kakila-kilabot ang madama ang presensya ng Diyos kung hindi pa handa na isuko sa kanya ang lahat.

• 11. Bumaba ang Diyos sa Sinai para makipag-usap sa kanyang bayan. Subalit hindi siya nakikipag-usap nang personal sa mga makasalanang iyon na hindi pa nakapagsisimula sa unang yugto ng buhay sa pananampalataya kung saan pagsunod sa Batas ang nangingibabaw. Kay Moises lamang siya nakikipag-usap nang *harap-harapan* (33:11), o espiritu sa espiritu. Kaiba ito sa mas mababang uri ng komunikasyon tulad ng mga panaginip, mga pangitain at mga aparisyon: Blg 12:6.

Payag ang sambayanan na samahan ng *Anghel ni Yawe*, o umasa sa tulong at kalinga nito. Nauuhaw naman si Moises sa ibang klase ng presensya dahil ibinukod siya sa kanyang mga kapatid ng kanyang papel bilang pinuno at propeta, at inilagay sa napakatinding pangungulila. Gusto niyang ang *Mukha* ng Diyos ang makasama niya, o isang personal na presensya sa paraan ng pagbibigay-alam ng Diyos ng kanyang mga balak.

At igigiit ni Moises: *samahan nawa kami ng iyong Mukha*. Ibig sabihi'y magpakilala nawa ang Diyos pati sa kanyang bayan, para hindi lamang sila maging isang bayang ipinagsasanggalang ng Diyos kundi isang bayang banal at nakakakilala sa Diyos. Sumasang-ayon ang Diyos, pero sa paglipas lamang ng panahon higit na magpapakilala ang Diyos. Hihingin ni Jesus ang kaalamang ito para sa lahat ng bubuo sa kanyang Iglesya (Jn 17).

• 18. Ang talatang ito ay isa sa mga pinakamalalim ang nilalaman sa Biblia. Matalinhagang inilalahad nito sa atin ang pagsang-ayon ng Diyos na personal at deretsahang magpakilala.

mang maaaring makakita sa akin at ma-
bubuhay. 21 At idinugtong niya: "Tingnan
mo ang lugar na ito na malapit sa akin.
Tatayo ka sa ibabaw ng bato, 22 at pag-
daan ng aking Luwalhati, ilalagay kita sa
siwang ng bato at tatakpan kita ng aking
kamay hanggang makaraan ako. 23 At
saka ko aalisin ang aking kamay at
makikita mo ang aking likod, pero hindi
mo maaaring makita ang aking mukha."

**34** 1 Sinabi ni Yawe kay Moises Siminsil:
ka ng dalawang tapyas na bato tulad ng
una, at isusulat ko sa mga tapyas ang mga
salitang nasa unang tapyas na binasag mo.
2 Maghanda kang umahon bukas ng umaga
sa Bundok Sinai at maghintay sa tuktok ng
bundok. 3 Walang sinumang sasama, at wala
ring sinuman ang dapat makita sa buong bun-
dok. Maging ang mga tupa at mga baka ay hindi
dapat manginain sa malapit sa bundok."
4 Kaya suminsil si Moises ng dalawang tapyas
na bato tulad ng una. At maaga siyang gumising
kinabukasan at umahon sa Bundok Sinai tulad
ng iniutos ni Yawe, hawak sa kanyang mga
kamay ang dalawang tapyas na bato.

5 At bumaba si Yawe na nasa ulap, at
tumayo roong kasama niya, at ipinahayag
ang kanyang pangalan – Yawe.
6 Dumaan si Yawe sa kanyang harap at
sumigaw: "Si Yawe, si Yawe ang Diyos na
maawain at mapagpatawad, banayad sa
pagkagalit at sagana sa kabutihang-loob
at katapatan. 7 Nagpapakita siya ng ka-
butihang-loob sa libu-libong salinlahi at
pinatatawad ang kasamaan, paghihimag-
sik at kasalanan. Ngunit hindi niya pina-
babayaang walang kaparusahan ang
maysala, at pinarurusahan dahil sa kasa-
lanan ng mga magulang pati ang mga
anak at ang anak ng mga ito hanggang sa
ikatlo at ikapat na salinlahi."
8 Nagmamadaling yumuko si Moises sa
lupa at sumamba. 9 At sinabi niya: "O
Panginoon, kung kalugud-lugod nga ako
sa iyong paningin, halika't lumakad ka-
sama namin. At kahit na matigas ang ulo
ng bayang ito, patawarin mo sana ang
aming mga kasamaan at pagkakasala at
angkinin kami."

**Ang batas ng Tipan**

• 10 Sinabi ni Yawe: "Nakikipagtipan ako sa
iyo. Sa harap ng buong sambayanan, gagawa
ako ng mga kahanga-hangang bagay na hindi
pa nagagawa sa alinmang lupain o bansa upang
makita ng buong bayang nakapalibot sa iyo
kung gaano kagila-gilalas ang gawa ni Yawe na
gagawin ko para sa iyo.
11 Sundin mong mabuti ang iniuutos ko sa iyo
sa araw na ito. Palalayasin ko sa harap mo ang
mga Amorreo, Kananeo, Heteo, Pereceo, Heveo
at Yebuseo.
12 Pakaingatan mong huwag makipagtipan

---

*Ipakita mo sa akin ang iyong Luwalhati*. Sa totoo'y hindi napakikita ang Diyos, kundi siya mismo ang bibigkas sa *kanyang Pangalan*, o ipadarama niya ang kanyang Kapangyarihan at Luwalhati sa may gustong makita siya.

*Tatayo ka sa ibabaw ng bato*. Ibig sabihi'y "Hintayin mo ako rito sa pangungulila at pag-iisa, di nakatali sa anuman, gising at nakalaan para sa sandaling gusto ko, dahil *pinagpapala ko ang gusto kong pagpalain*."

*Tatakpan kita ng aking kamay*. Kung gusto ng Diyos na pagpalain ang sinuman sa lubos na pakikipagniig sa kanya, halos inaangkin niya ang isipan nito sa mahaba-habang panahon. At inaalis niya rito ang lahat ng salita, lahat ng idea at lahat ng alaala. At puwersahan niya itong pinananatili sa kawalan, na tanging sa kanyang presensya lamang nakabitin, parang patay sa lahat ng panlabas: *ilalagay kita sa siwang ng bato*. At doon nga siya nanatili *hanggang makaraan* ang Panginoon. *At saka ko aalisin ang aking kamay:* at mauunawaan mo at masasabi sa iyong sarili na nasa loob ka mismo ng Diyos.

Kaya binigkas ni Yawe ang kanyang Pangalan, iniwan itong nakatatak sa kaibuturan ng espiritu, at ang Pangalang ito ay walang iba kundi ang kaalaman at karanasan sa kanyang walang hanggang *awa*. Sa pagtatapos ng panahong ito ng lubos na pakikipagniig sa Panginoon, wala nang anumang personal na ambisyon o hangarin si Moises: ang tanging mahalaga na lamang ay maisakatuparan ang plano ng Diyos na maipagkatiwala sa mga tao *ang pamana ng Diyos*.

• **34.**10 Narito ang isa pang napakatandang teksto na itinuturing ng Israel na isa sa mga higit na nakapagpapahayag sa mga hinihingi ng Diyos sa pagdiriwang ng Tipan.

Sa mga unang salinlahing sumunod kay Moises, hindi lamang "iisa" ang sampung utos kundi may iba't ibang kalipunan ng mga utos na isinulat sa iba't ibang lugar at panahon. Layon ng mga ito na ipahayag ang mga hinihingi ng Pakikipagtipan sa Diyos at ang mga batas ni Moises. Nasa kabanata 20 ang pinakakilala, ngunit matutunghayan naman dito ang mas matanda pa.

Samantalang katarungan ang pinagtutuunang-

sa mga naninirahan sa lupaing pupuntahan mo, at baka maging patibong ito sa iyo. [13] Sa halip ay gibain mo ang kanilang mga altar at durugin ang kanilang mga sagradong bato at itumba ang mga sagradong poste nila.

– [14] Huwag kang sasamba sa iba pang diyos, sapagkat si Yawe na Seloso ang Pangalan ay Diyos na seloso! [15] Kaya huwag kang makikipagtipan sa mga nasa lupain sapagkat ipinagbibili nila ang kanilang sarili sa kanilang mga diyos at naghahandog sa mga ito. Kung hindi, aanyayahan ka nila at kakanin mo naman ang kanilang mga handog. [16] At ipakakasal mo ang iyong mga anak na lalaki sa kanilang mga anak na dalaga, at aakayin ng mga babaeng iyon ang iyong mga anak na lalaki sa pagbibili ng kanilang sarili nila sa kanilang mga diyos.

– [17] Huwag kang gagawa ng mga diyos na tinunaw na metal.

– [18] Ipagdiwang mo ang Piyesta ng Tinapay na Walang Lebadura. Tinapay na walang lebadura ang kakanin mo sa loob ng pitong araw sa buwan ng Abib, gaya ng iniutos ko, sapagkat sa buwang iyon ka lumabas mula sa Ehipto.

– [19] Akin ang lahat ng magbubukas sa sinapupunan, pati ang lahat ng unang anak na barako ng iyong hayupan, tupa man o baka. [20] Tutubusin mo ng isang kordero ang panganay na asno, at babaliin mo ang leeg nito kung hindi mo ito tutubusin. Tutubusin mo ang lahat ng iyong panganay na lalaki. At walang haharap sa akin nang walang dala.

– [21] Anim na araw kang magtatrabaho, at magpapahinga ka naman sa ikapitong araw. Magpahinga ka kahit na sa panahon ng pagaararo at pag-aani.

– [22] Ipagdiwang mo ang Piyesta ng Sanlinggo sa mga unang bunga ng ani ng trigo at ang Piyesta ng Pamimitas ng Bunga sa pagtatapos ng taon. [23] Tatlong beses isang taon na haharap kay Yaweng Panginoong Diyos ng Israel ang lahat mong kalalakihan. [24] Palalayasin ko sa harap mo ang mga lahing naroon, at palalawakin ko ang iyong mga hangganan. Walang sinumang magnanasa sa iyong lupain sa tatlong beses na pag-ahon mo taun-taon para humarap kay Yaweng iyong Diyos.

– [25] Huwag mong ialay sa akin ang dugo ng isang hayop, kasama ang tinapay na may lebadura; at huwag magtitira ng kahit ano hanggang kinaumagahan mula sa Piyesta ng Paskuwa.

– [26] Dalhin mo sa Bahay ni Yaweng iyong Diyos ang pinakamaganda sa mga unang ani ng iyong lupa.

Huwag mong lulutuin ang batang kambing sa gatas ng ina nito."

– [27] At sinabi ni Yawe kay Moises: "Isulat mo ang mga salitang ito, sapagkat ito ang mga kundisyon ng pakikipagtipan ko sa iyo at sa Israel."

[28] Apatnapung araw at apatnapung gabi roon si Moises, kasama si Yawe – hindi kumakain ng tinapay o umiinom ng tubig. Isinulat niya sa mga tapyas ang mga salita ng Pakikipagtipan – ang Sampung Utos.

### Bumaba si Moises mula sa bundok

• [29] *Nang bumaba si Moises mula sa Bundok Sinai na hawak ang dalawang tapyas, hindi niya namamalayang nagniningning pala ang kanyang mukha matapos makipag-usap kay Yawe.*

[30] *Nakita ni Aaron at ng lahat ng Israelita na nagniningning ang mukha ni Moises kaya natakot silang lumapit sa kanya.* [31] *Ngunit tinawag sila ni Moises, at lumapit sina Aaron at lahat ng pinuno ng pamayanan, at kinausap sila ni Moises.* [32] *At lumapit sa kanya ang lahat ng Israelita, at sinabi naman niya sa kanila ang lahat ng ipinag-utos sa kanya ni Yawe sa Bundok Sinai.* [33] *Pagkapagsalita ni Moises, nilagyan niya ng belo ang kanyang mukha.*

---

pansin ng unang pangkat ng mga utos na "ating" sampung utos, mga obligasyon, piyesta at seremonya naman ang ipinagdidiinan sa Sampung Utos na ito sa kabanata 34, na nakatulong sa Israel na panatiliin ang kanilang kaibahan at katangiang panrelihiyon sa gitna ng pagano at banyagang mga bayan.

*Hindi naman bababa sa dalawa ang mga salaysay tungkol sa pag-ahon ni Moises sa Bundok Sinai. At malamang na ito ang makapagpapaliwanag kung bakit sa kasalukuyang teksto ng Biblia ay muling umaahon sa bundok si Moises matapos niyang sirain ang mga tapyas ng bato pagkababa niya. Ang pampanitikang "paghihinang" na ito ang nagbigaydaan para mapanatili ang dalawang salaysay ng pag-ahon ni Moises at mailagay sa dalawang pagtatagpong iyon ang dalawang pinakaimportanteng sampung utos.*

• 29. *Nagniningning ang kanyang mukha matapos makipag-usap kay Yawe.* Inilalantad ng panlabas na tandang ito ang malalim na pagbabagong-anyong gawa ng Diyos sa mga humaharap sa kanya nang walang takip ang mukha. Liliwanagin ang misteryong ito sa Mc 9:2 at 2 Cor 3:12-18.

• 34 *Tuwing papasok si Moises para humarap kay Yawe at makipag-usap sa kanya, inaalis niya ang belo hanggang sa paglabas niya. At pagkalabas niya, sinasabi naman niya sa mga Israelita ang iniutos sa kanya ni Yawe.* 35 *Makikita ng mga ito na nagniningning ang kanyang mukha, kayat muli niyang ilalagay ang belo sa kanyang mukha hanggang sa muli niyang pagpasok para makipag-usap kay Yawe.*

**35** Tinipon ni Moises ang buong pamayanan ng Israel at sinabi sa kanila: "Ito ang mga ipinagagagawa ni Yawe: 2 Anim na araw kayong magtrabaho ngunit banal na araw para sa inyo ang ikapitong araw, araw ng ganap na pahinga, na nakatalaga kay Yawe. Papatayin ang sinumang magtrabaho sa araw na ito. 3 Huwag magsisindi ng apoy sa alinmang bahay ninyo sa araw ng pahinga."

**Ang pagtatayo ng santuwaryo**

4 Sinabi ni Moises sa buong pamayanan ng Israel: "Ito ang iniutos ni Yawe: 5 Maglaan kayo ng abuloy para kay Yawe mula sa inyong mga ari-arian. Kusang-loob na mag-abuloy kay Yawe: ginto, pilak at tanso, 6 telang asul-purpura at pula, pinong linen, balahibo ng kambing, 7 kinulayang katad ng lalaking kambing at malambot na katad, kahoy ng akasya, 8 langis para sa ilawan, pabango para sa langis ng pagtatalaga at insenso; 9 mamahaling bato't hiyas na ilalagay sa efod at damit-pandibdib.

10 Pumarito ang mga mahuhusay na manggagawa sa inyo para gawin ang lahat ng iniuutos ni Yawe: 11 ang Banal na Tirahan, ang mga takip nito, ang mga kawit nito't mga tabla, 12 ang Kaban at ang mga pampasan dito, ang Lugar ng Pagpapatawad sa takip ng Kaban at ang tabing nito, 13 ang mesa, ang mga pampasan dito at lahat ng gamit nito pati ang mga tinapay na handog, 14 ang kandelabra't mga gamit nito, ang mga ilawan nito at ang langis para sa ilaw, 15 ang altar ng insenso at ang mga pampasan dito, ang langis ng pagtatalaga, ang mabangong insenso, at ang kurtina sa pasukan ng Tirahan, 16 ang altar ng susunuging handog at ang parilyang tanso nito, ang mga pampasan dito at mga kagamitan, ang planggana at ang patungan nito, 17 ang mga kurtina sa patyo, ang mga haligi nito, ang mga tuntungan nito't ang kurtina sa bungad ng patyo; 18 ang mga tulos ng Tirahan at ng patyo, pati ang mga kordon, 19 ang mga damit na ginagamit ng pari sa paglilingkod sa banal na lugar, ang mga sagradong damit para sa paring si Aaron at para sa kanyang mga anak para sa kanilang mga tungkulin bilang mga pari."

20 At umalis sa harap ni Moises ang buong pamayanan ng Israel, 21 at pagkatapos ay bumalik ang lahat ng gustong magbigay, dala ang kanilang abuloy kay Yawe para sa paggawa ng Tirahan, para sa lahat ng gawain dito at para sa mga sagradong damit.

22 Dumating ang lahat ng may gustong magbigay, mga lalaki't babae, dala ang mga pin, singsing, pulseras, iba't ibang bagay na yari sa ginto, mga bagay na ipinangako nila kay Yawe. 23 Dinala rin ng lahat ng meron ang kanilang telang purpura, asul-purpura at pula, pinong linen, balahibo ng kambing, kinulayang katad ng lalaking kambing o malambot na katad. 24 Nag-abuloy din kay Yawe ang lahat ng may pilak at tanso, at dinala ng lahat ng may kahoy ng akasya ang kanilang kahoy na angkop sa anumang bagay na gagawin. 25 Humabi naman ang lahat ng babaeng magaling humabi at inialay nila kay Yawe ang hinabing telang purpura, asul-purpura at pula, at pinong linen. 26 Humabi naman ng balahibo ng kambing ang mga babaeng magaling dito. 27 Nagdala ang mga pinuno ng mamahaling bato at hiyas na ilalagay sa efod at damit-pandibdib, 28 at ng mga pabango at langis para sa ilawan, sa langis ng pagtatalaga at sa mabangong insenso.

29 Nagdala ng kanilang handog kay Yawe ang lahat ng lalaki't babae ng Israel na gustong mag-abuloy para sa lahat ng ipinagagawa ni Yawe kay Moises.

**Mga kagamitan sa santuwaryo**

30 Sinabi ni Moises sa sambayanan ng Israel: "Tingnan ninyo, pinili ni Yawe si Bezaleel na anak ni Uring anak ni Hur sa tribu ng Juda. 31 Pinuspos siya ni Yawe ng espiritu ng Diyos at binigyan ng talino, pang-unawa at kakayahan sa lahat ng klase ng gawain: 32 sa sining at paggawa sa ginto at pilak at tanso, 33 sa pagtapyas sa mga batong-hiyas na ilalagay sa enggaste, sa pag-ukit ng kahoy, sa bawat klase ng paggawa. Binigyan pa ni Yawe ng kakayahang magturo si Bezaleel 34 at si Oholiab na anak ni Ahisamak sa tribu ng Dan.

---

• 34. *Nasa mga kabanata 11-16 at 20-24 ng Aklat ng Mga Bilang ang pagpapatuloy ng mga alaala tungkol sa buhay ng mga Israelita sa disyerto.*

35 Napuspos sila ng kakayahang gumawa
gaya ng grabador, manghahabi ng pinong linen,
burdador ng lanang asul-purpura at pula at
pinong linen, at gaya ng karaniwang mangha-
habi; may kakayahan sila para sa lahat ng klase
ng gawa at sining."

## 36

1 Gumawa ayon sa ipinag-utos ni Yawe
sina Bezaleel at Oholiab at ang lahat ng
mahuhusay na manggagawang binigyan ni
Yawe ng kakayahan at pang-unawa para gawin
ang mga kailangan sa pagtatayo ng banal na
lugar.
2 At tinawag ni Moises sina Bezaleel at Oho-
liab at ang lahat ng mahuhusay na manggaga-
wang handang tumulong at binigyan ni Yawe ng
kakayahan. 3 Tinanggap nila kay Moises ang
lahat ng abuloy na dinala ng mga Israelita para sa
pagtatayo ng banal na lugar. Patuloy naman sa
pagdadala ng mga alay ang mga tao tuwing
umaga. 4 Iniwan ng mga mahuhusay na mang-
gagawa ang kanilang ginagawa sa banal na
lugar, 5 at pinuntahan si Moises, at sinabi: "Nag-
dadala ang mga tao ng sobra sa kakailanganin
para sa gawaing iniutos sa atin ni Yawe." 6 At
ipinasabi ni Moises sa buong bayan: "Lalaki man
o babae, wala nang magdadala pa ng anumang
abuloy para sa banal na lugar." Huminto nga ang
sambayanan sa pagdadala pa ng mga handog;
7 sapat na at sobra pa nga ang natipong
materyales para matapos ang lahat ng gawain.
8 Ginawa ng mga pinakamahusay na mang-
gagawa ang Tirahan. Ginawa nila ito mula sa
sampung tela ng hinabing linen na kulay asul-
purpura at pula at may burdang mga kerubim.
9 Iisa ang sukat ng lahat ng tela – apatnapung
talampakan ang haba at anim na talampakan
naman ang lapad. 10 Tinahi nila't pinagdugtong
ang limang tela, pati na ang lima pa. 11 Nilagyan
nila ng sintas na asul-purpura ang gilid ng
pinakahuli sa unang lima pati ang huling tela sa
ikalawang lima. 12 Nilagyan nila ng limampung
sintas ang unang lima, at nilagyan din nila ng
katapat na limampung sintas ang huling tela sa
ikalawang lima. 13 Gumawa sila ng limampung
gintong kawit at pinagkabit ang dalawa para
maging isa lamang.
14 At gumawa sila ng mga hinabing balahibo
ng kambing para gawing toldang takip sa Tira-
han; labing-isang piraso ang ginawa nila. 15 Iisa
ang sukat ng labing-isang piraso – apatnapu't
tatlong talampakan ang haba at anim na talam-
pakan ang lapad. 16 Pinagdugtong nila ang
limang piraso at ginawang isang piraso, at gu-
mawa sila ng isa pang piraso sa anim na tira.
17 Kinabitan nila ng limampung sintas ang gilid
ng huling piraso sa unang limang pinagdugtong
at limampung sintas pa rin sa gilid ng huling
piraso sa ikalawa. 18 At gumawa sila ng limam-
pung tansong kawit para pag-isahin ang dala-
wang piraso at bumuo ng isang takip.
19 Gumawa rin sila ng isa pang takip sa Tira-
han mula sa kinulayang katad ng lalaking
kambing at ng isa pang takip na yari sa malam-
bot na katad sa ibabaw nito. 20 Gawa sa tablang
akasya ang pinakadingding ng Tirahan. 21 La-
binlimang talampakan ang haba at tatlumpung
pulgada ang lapad ng bawat tabla. 22 May mag-
katapat na dalawang nakausli sa bawat tabla; at
ginawa nilang ganito ang lahat ng tabla ng Banal
na Tirahan. 23 Para sa gawing timog ng Tirahan,
gumawa sila ng dalawampung tablang 24 may
apatnapung pilak na patungan para sa ilalim ng
dalawampung tabla: dalawang patungan na
katapat ng dalawang nakausli sa unang tabla at
ganito rin sa iba pang mga tabla. 25 Para sa
kabilang panig sa hilaga, gumawa rin sila ng
dalawampung tabla, 26 at apatnapung pilak na
patungan, dalawa para sa bawat tabla.
27 Para naman sa gawing likod sa kanluran,
gumawa sila ng anim na tabla. 28 At gumawa sila
ng dalawang tabla para sa mga panulukan sa
likuran ng Tirahan. 29 Pinagdugtong ang mga
tabla sa ilalim at sa ibabaw hanggang sa unang
bilog na kawit; ginawa nila ito sa dalawang
tablang nasa dalawang sulok. 30 Kayat may
walong tablang may labing-anim na patungang
pilak; dalawang patungan para sa bawat tabla.
31 Gumawa pa sila ng mga pahalang na kahoy na
akasya; limang pahalang para pagdugtungin
ang mga tablang bubuo sa isang tabi ng Tirahan,
32 at lima pa para pagdugtungin naman ang
mga tablang bubuo sa gawing hilaga. 33 Ginawa
nilang mahaba ang panggitnang pahalang mula
sa magkabilang dulo. 34 Binalutan nila ng ginto
ang mga tabla at nilagyan ng mga gintong bilog
na kawit na suutan ng mga pahalang na binalot
din sa ginto.
35 Gumawa sila ng kurtinang yari sa telang
purpura, asul-purpura at pula, at sa hinabing
pinong linen na may burdang mga kerubim.
36 Para maisabit ang kurtina, gumawa sila ng
apat na haliging akasya na binalutan din ng
ginto at nilagyan ng gintong kawit at may apat
na patungang pilak. 37 Para sa bungad ng Tira-
han, gumawa naman ng kurtinang telang pur-
pura, asul-purpura at pula, at hinabing linen ang
mga mahuhusay na burdador. 38 Para maisabit
ito, gumawa sila ng limang posteng may kawit;
binalutan ng ginto ang ibabaw at mga baras nito,
at yari naman sa tanso ang limang patungan
nito.

## 37

1 Ginawa ni Bezaleel ang Kaban na yari sa akasya na apatnapu't limang pulgada ang haba, dalawampu't pitong pulgada ang lapad at dalawampu't pitong pulgada rin ang taas. 2 Binalot niya ito sa lantay na ginto sa loob at labas at nilagyan ng minoldeng ginto ang paligid nito. 3 Gumawa siya ng apat na gintong pulseras para sa Kaban, at ikinabit sa apat na paa nito: dalawang pulseras sa isang gilid at dalawa pa sa kabila.

4 Gumawa rin siya ng mga pampasang yari sa akasya at binalot ng ginto ang mga ito. 5 Isinuot niya ang mga ito sa mga pulseras na nasa magkabilang gilid ng Kaban para madala ito.

6 Ginawa rin niyang lantay na ginto ang Lugar ng Pagpapatawad na apatnapu't limang pulgada ang haba at dalawampu't pitong pulgada ang lapad. 7 Para sa dalawang dulo ng Lugar ng Pagpapatawad, gumawa siya ng dalawang kerubim na yari sa pinitpit na ginto, 8 isang kerubim sa isang dulo at isa pa sa kabila, at ikinabit niya ang mga ito sa magkabilang-dulo ng Lugar ng Pagpapatawad. 9 Nakabukang pataas ang mga pakpak ng mga kerubim para lukuban ang Lugar ng Pagpapatawad, at magkaharap ang dalawa.

10 Ginawa naman niyang yari sa akasya ang mesang apatnapung pulgada ang haba at dalawampung pulgada ang lapad at tatlumpung pulgada ang taas. 11 Binalot niya ito sa lantay na ginto at nilagyan ng minoldeng ginto ang paligid nito. 12 Nilagyan niya ito ng panggilid na binalot sa ginto na tatlong pulgada ang lapad. 13 Gumawa siya ng apat na gintong kawit na bilog at ikinabit ang mga ito sa apat na sulok na kinalalagyan ng mga paa. 14 Inilagay malapit sa panggilid ang mga bilog na kawit na susuutan ng mga pampasan sa mesa. 15 Ginawa niyang yari sa akasya ang mga pampasan at binalot ang mga ito sa ginto. Pambuhat sa mesa ang mga ito.

16 Gumawa rin siya ng mga kagamitang yari sa lantay na ginto para sa mesa: mga plato, kopa, banga at mangkok para sa mga alay na alak.

17 Ginawa niyang lantay na ginto ang kandelabra. Ginawa niya mula sa iisang piraso ng pinitpit na ginto ang kandelabra: ang patungan at katawan, pati ang mga palamuting bulaklak, mga buko at mga talulot nito. 18 May anim na sanga sa mga gilid nito, tigatlo sa magkabila. 19 May tigatlong palamuting bulaklak na parang bulaklak ng almond na may kasamang buko't mga talulot ang anim na sanga ng kandelabra. 20 May apat na palamuting bulaklak na parang bulaklak ng almond na may kasamang buko't mga talulot ang pinakakatawan ng kandelabra: 21 isang buko sa ilalim ng dalawang sangang mula sa katawan, at isa pang buko uli sa ilalim ng kasunod na pares, at isa pa sa ilalim ng huling pares, sapagkat may anim na sanga ang kandelabra. 22 Iisang piraso ng mga buko't mga sanga sa pinakakatawan ng kandelabra dahil yari sa iisang piraso ng pinitpit na lantay na ginto ang buong kandelabra. 23 At gumawa pa si Bezaleel ng mga ilawan, pitong ilawan lahat, at ng mga pang-ipit ng mitsa at mga latang lantay na ginto. 24 Pitumpu't limang librang lantay na ginto ang nagamit niya sa paggawa ng ilawan at ng lahat ng kagamitan nito.

25 Ginawa niyang akasya ang altar ng insenso. Parisukat itong may dalawampung pulgada ang haba at lapad, at apatnapung pulgada naman ang taas. Gawa sa iisang piraso ng kahoy ang altar at mga sungay nito. 26 Binalot sa lantay na ginto ang ibabaw nito, ang mga gilid at mga sungay, at nilagyan ng gintong panggilid ang ibabaw ng altar, ang paligid nito at mga sungay. 27 Ikinabit niya sa magkabilang gilid sa ibaba ng panggilid ang dalawang gintong pulseras na suutan ng mga pampasan. 28 Ginawa niyang yari sa akasya ang mga pampasan at binalot sa ginto ang mga ito.

29 Siya rin ang gumawa ng sagradong langis ng pagtatalaga, at ng dalisay at mabangong insenso, gaya ng mga nagtitimpla ng pabango.

## 38

1 Kahoy ng akasya ang ginawa ni Bezaleel na altar ng susunuging handog. Parisukat itong may walong talampakan ang haba at lapad, at limang talampakan naman ang taas. 2 Nilagyan niya ng mga sungay ang apat na sulok nito at binalot sa tanso ang mga ito. Mula sa iisang piraso lamang ang altar at ang mga sungay. 3 Ginawa niya ang lahat ng kagamitan sa altar: ang mga sahuran ng abo, mga pala, pitsel ng tubig, mga kawit, apuyan at mga kaserola; ginawa niyang yari sa tanso ang lahat ng ito. 4 Gumawa pa siya ng parilyang tansong parang lambat na inilagay niya sa ilalim hanggang sa gitna ng altar. 5 Gumawa siya ng apat na bilog na suutan ng mga pampasan at ikinabit ang mga ito sa apat na sulok ng parilyang tanso.

6 Ginawa niyang yari sa akasya ang mga pampasan at binalot sa tanso ang mga ito 7 at isinuot sa mga bilog na suutan para buhatin ang altar. Ginawa niyang guwang ang altar na yari sa tabla.

8 Gumawa rin siya ng tansong planggana at patungan mula sa mga tansong salamin ng mga babaeng naglilingkod sa may pintuan ng Toldang Tagpuan.

9 Ginawa rin niya ang patyo. Sa dako ng patyo na nakaharap sa gawing timog ng lupain, naglagay siya ng kurtinang gawa sa hinabing linen na sandaa't limampung talampakan ang haba. 10 Tanso ang dalawampung haligi nito at dalawampung paa, at pilak naman ang mga kawit at baras nito. 11 May limampu ring kurtina sa gawing hilaga. Tanso rin ang dalawampung haligi nito't dalawampung paa, at pilak ang mga kawit at baras.

12 Sa gawing kanluran nama'y pitumpu't limang talampakan ang kurtinang ikinabit sa sampung haliging may sampung tuntungan at mga pilak na kawit at baras. 13 Paharap naman sa sikatan ng araw sa silangan ay may pitumpu't limang talampakang kurtina. 14 Sa isang tabi ng pintuan ay may dalawampu't limang talampakang kurtina sa tatlong haliging may tatlong tuntungan. 15 Mayroon ding dalawampu't limang talampakang kurtina sa kabilang tabi, sa tatlong haliging may tatlong tuntungan. 16 Hinabing pinong linen ang lahat ng kurtina sa palibot ng patyo. 17 Tanso ang mga tuntungan ng mga haligi at pilak naman ang mga kawit gaya ng mga baras ng haligi. Pilak ang ulo ng lahat ng haligi sa patyo pati ang mga baras nito.

18 Gawa ng mahusay na burdador ang kurtina sa pintuan ng patyo mula sa lanang purpura, asul-purpura at pula, at hinabing pinong linen. Gaya ng mga kurtina sa patyo, tatlumpung talampakan ang haba nito at walong talampakan ang taas sa kahabaan nito 19 Tanso ang apat na haligi nito at apat na tuntungan. Tulad ng ulo ng mga haligi at ng mga baras, pilak din ang mga kawit ng haligi. 20 Tanso naman ang mga tulos sa Toldang Tagpuan at sa paligid ng patyo.

21 Ito ang listahan ng mga metal na ginamit para sa Tirahang Toldang Tagpuan. Gaya ng iniutos ni Moises, inihanda ito ng mga Levita sa ilalim ng pangangasiwa ni Itamar na anak ng paring si Aaron.

22 Ginawa ni Bezaleel na anak ni Uring anak ni Hur sa tribu ng Juda ang lahat ng iniutos ni Yawe. 23 Katulong niya si Ohaliab na anak ni Ahisamak sa tribu ng Dan – isang grabador, manghahabi ng pinong linen, burdador ng telang purpura, asul-purpura at pula, at pinong linen.

24 Dalawanlibo-sandaa't siyamnapu't limang libra sa opisyal na timbangan ang gintong nagamit sa buong gawain sa santuwaryo. (Ito ang gintong itinalaga sa paghahandog.) 25 Pitunlibo't limandaa't limampung libra sa opisyal na timbangan ang naipong pilak nang kunin ang talaan ng sambayanan. 26 Nagbayad ng tigkakalahating siklong pilak ang lahat ng may dalawampung taong gulang pataas. Umabot sa animnaraa't tatlong libo't limandaan ang bilang ng lahat.

27 At pitunlibo't limandaang librang pilak ang nagamit sa paggawa ng sandaang tuntungan ng banal na lugar at ng kurtina, pitumpu sa bawat tuntungan. 28 At sa natitirang limampung librang pilak ay ginawa naman ni Bezaleel ang mga kawit sa haligi, ang ulo sa ibabaw at ang mga baras. 29 Umabot sa limanlibo't tatlong daa't sampung libra ang tansong itinalaga sa paghahandog, 30 at mula rito niya ginawa ang mga tuntungan sa pintuan ng Toldang Tagpuan, ang altar na tanso at ang parilya nitong tanso at ang lahat ng kagamitan nito, 31 ang mga tuntungan sa paligid at pintuan ng patyo, ang lahat ng tulos ng Tirahan at sa paligid ng patyo.

## 39

1 Mula sa telang purpura, asul-purpura at pula, at pinong linen nila ginawa ang mga sagradong damit para sa paglilingkod sa banal na lugar. Ginawa nila ang mga sagradong damit ni Aaron sa paglilingkod ayon sa iniutos ni Yawe kay Moises.

2 Ginawa nila ang efod mula sa gintong sinulid, telang purpura, asul-purpura at pula, at hinabing pinong linen. 3 Pinitpit nila nang manipis ang ginto at ginupit sa maliliit na hibla para maihabi sa telang purpura, asul-purpura at pula, at pinong linen, tulad ng ginagawa ng manghahabi ng pinong linen. 4 Gumawa sila ng dalawang tirante para sa eskapularyo at pinagkabit ang dalawang dulo. 5 Ayon sa iniutos ni Yawe kay Moises, ang hinabing sinturon na parang kaisa sa damit-pandibdib ay maingat ding ginawa mula sa gintong sinulid, telang purpura, asul-purpura at pula, at hinabing pinong linen.

6 Tinabas nila ang mga mamahaling batong-hiyas, at inilagay sa mga enggasteng ginto at iniukit sa mga ito ang mga pangalan ng mga anak ng Israel. 7 Gaya ng iniutos ni Yawe kay Moises, ikinabit nila ang mga batong-hiyas sa mga tirante ng damit-pandibdib bilang alaala ng mga anak ng Israel.

8 Tulad ng efod ginawa nilang may magandang burda ang eskapularyong gawa rin sa gintong sinulid, telang purpura, asul-purpura at pula, at hinabing pinong linen. 9 Parisukat ito, magkataklob, siyam na pulgada ang haba at siyam na pulgada rin ang lapad. 10 Nilagyan nila ito ng apat na hanay ng mga batong-hiyas: rubi, topasyo at karbusyo sa unang hanay; 11 esmeralda, sapiro at brilyante sa pangalawang hanay; 12 opal, rubi at amatista sa pangatlong hanay; 13 berilo, onix at haspe sa pang-apat na hanay. Nakaenggaste ang lahat ng ito sa ginto.

14 Labindalawa ang mga bato katumbas ng
mga pangalan ng mga anak ng Israel. Nakaukit
sa bawat bato ang pangalan ng isa sa labindala-
wang tribu. 15 Gumawa sila ng mga gintong
tanikalang itinirintas para sa eskapularyo. 16 Gu-
mawa pa sila ng dalawang maliit na gintong
enggaste at dalawang gintong singsing na
nakakabit sa mga sulok ng eskapularyo, 17 at
itinali naman dito ang dalawang itinirintas na
tanikalang ginto. 18 Ikinabit ang dalawang dulo
ng tanikalang ginto sa dalawang enggaste, kaya
nakakabit din ang mga ito sa mga tirante ng efod
sa may harapan. 19 Gumawa sila ng dalawang
gintong singsing at ikinabit sa mga sulok sa
ibaba ng eskapularyo, sa tupi sa loob, kasunod
ng efod. 20 Gumawa rin sila ng dalawa pang
gintong singsing at ikinabit sa ibaba ng dala-
wang tirante sa harap ng efod, sa may tupi, sa
ibabaw ng sinturon. 21 Ayon sa iniutos ni Yawe
kay Moises, pinagkabit nila ang eskapularyo at
ang efod sa pamamagitan ng sintas na asul-
purpura na isinuot sa mga singsing para manatili
ang damit-pandibdib sa ibabaw ng sinturon at di
ito maalis sa efod.

22 At gumawa sila ng balabal na asul-purpura
para sa efod. 23 Ginawa ang butas sa paghabi
tulad ng kuwelyo ng kamisadentro para hindi ito
mapunit. 24 Nilagyan nila ang laylayan nito ng
palamuting bilug-bilog na yari sa telang asul-
purpura at pula, at hinabing pinong linen.
25 Gumawa rin sila ng mga kampanilyang yari sa
lantay na ginto at inilagay ang mga ito sa palibot
ng laylayan ng balabal ng efod sa pagitan ng
mga bilug-bilog. 26 Magkakasalit ang mga
kampanilya at mga bilug-bilog sa paligid ng
buong laylayan nito, ayon sa iniutos ni Yawe kay
Moises.

27 At ginawa rin nila ang mga hinabing pinong
lineng tunika para kay Aaron at sa kanyang mga
anak, 28 ang turbang pinong linen, ang mga
karsonsilyong hinabing pinong linen, 29 at ang
mga sinturong hinabing pinong linen at telang
purpura, asul-purpura at pula na may magan-
dang burda ayon sa iniutos ni Yawe kay Moises.

30 Gumawa rin sila ng manipis na metal, ang
sagradong manipis na ginto, at parang tatak na
iniukit nila dito ang "Itinalaga kay Yawe". 31 Iti-
nali nila ito ng isang asul-purpurang laso sa itaas
ng turban, gaya ng iniutos ni Yawe kay Moises.

32 At natapos ang lahat ng gawain sa Tirahan,
sa Toldang Tagpuan. Sa paggawa nito tinupad
ng lahat ng anak ni Israel ang lahat ng iniutos ni
Yawe kay Moises.

33 At dinala nila kay Moises ang lahat ng ito,
ang Toldang Tagpuan, at lahat ng kagamitan
nito: mga kawit, mga tabla, mga pahalang, mga
haligi, mga tuntungan, 34 mga takip na yari sa
kinulayang katad ng lalaking kambing, mga
takip na yari sa malambot na katad at mga
kurtina, 35 ang Kaban ng Tipan at ang mga haligi
nito, at ang Lugar ng Pagpapatawad, 36 ang
mesa at mga kagamitan nito at ang tinapay ng
pagharap kay Yawe, 37 ang kandelabrang yari sa
lantay na ginto at ang mga ilawang ikakabit dito
at lahat ng kagamitan nito, ang langis para sa
ilawan, 38 ang gintong altar, ang langis ng
pagtatalaga, ang mabangong insenso, ang kur-
tina sa bungad ng tolda, 39 ang altar na tanso pati
ang parilyang tanso, ang mga haligi nito at lahat
ng kagamitan nito, ang planggana at patungan
nito, 40 ang mga kurtina sa patyo, pati na ang
mga haligi at tuntungan, at ang kurtina sa pin-
tuan ng patyo, ang mga sintas nito, mga tulos at
lahat ng kasangkapan ng Tirahang Toldang
Tagpuan, 41 ang mga sagradong damit sa pagli-
lingkod sa banal na lugar, ang sagradong damit
ng paring si Aaron at ng kanyang mga anak para
sa paglilingkod. 42 Ginawa ng mga Israelita ang
lahat gaya ng iniutos ni Yawe kay Moises.

43 Sinuri ni Moises ang lahat ng gawain, at
nakita niyang ginawa ang mga ito ayon sa
iniutos sa kanya ni Yawe. At binasbasan ni
Moises ang mga Israelita.

**Ang pagtatalaga sa tirahan**

**40** 1 Sinabi ni Yawe kay Moises: 2 "Sa unang
araw ng unang buwan, itatayo mo ang
Tirahang Toldang Tagpuan, 3 at ilalagay mo rito
ang Kaban ng Tipan, at lalagyan ng tabing.
4 Ipapasok mo rin ang kandelabra at ilalagay ang
mga ilawan nito. 5 Ilalagay mo ang gintong altar
ng insenso sa harap ng Kaban ng Tipan, at
lalagyan ng tabing ang pasukan ng Tirahan.
6 Ilalagay mo naman ang altar ng susunuging
handog sa harap ng pasukan ng Tirahang
Toldang Tagpuan.

7 Ilagay mo ang planggana sa pagitan ng
Toldang Tagpuan at ng altar, at punuin ng tubig.
8 Paligiran mo ng kurtina ang patyo at isabit ang
kurtina sa pasukan ng patyo. 9 At kunin mo ang
langis ng pagtatalaga at pahiran mo ang Tirahan
at lahat ng naririto pati ang mga kasangkapan
nito; at magiging sagrado ang mga ito. 10 Pahiran
mo ang altar ng susunuging handog at lahat ng
kasangkapan nito; ganito mo itatalaga ang altar
na magiging napakasagrado. 11 Pahiran mo rin
ng langis ang planggana at ang patungan nito, at
italaga ang mga ito.

12 Papuntahin mo si Aaron at ang kanyang
mga anak sa may bungad ng Toldang Tagpuan
at paliguan sila. 13 At bibihisan mo si Aaron ng
sagradong damit at papahiran siya ng langis at

itatalaga mo siya para maging aking pari. 14 Palalapitin mo rin ang kanyang mga anak at bibihisan ng mga tunika. 15 Pahiran mo sila ng langis gaya ng pagpapahid mo sa kanilang ama, at magiging mga pari ko sila. Magpasawalang-hanggang pagkapari ang pagpapahid sa kanila, sa lahat ng salinlahi."

16 Kaya ginawa nga ni Moises ang lahat ng iniutos ni Yawe. 17 Sa unang araw ng unang buwan sa ikalawang taon, itinayo ang Tirahan. 18 Itinayo ito ni Moises. Inilagay niya ang mga tuntungan, itinayo ang mga tabla, inilagay ang mga pahalang, at itinayo ang mga haligi. 19 Tinakpan pa niya ng tolda ang ibabaw ng Tirahan, at isa pang tolda ang itinakip niya sa ibabaw nito gaya ng iniutos ni Yawe kay Moises. 20 Kinuha niya ang Pahayag at inilagay sa Kaban. Inilagay rin niya sa Kaban ang mga pampasan at ang Lugar ng Pagpapatawad. 21 Dinala niya ang Kaban sa Tirahan at inilagay ang kurtina, at tinakpan ang Kaban ng Pahayag, gaya ng iniutos ni Yawe kay Moises. 22 Sa Toldang Tagpuan, sa labas ng kurtina, inilagay niya ang mesa sa gawing hilaga ng Tirahan, 23 at iniayos dito ang mga tinapay sa harap ni Yawe, gaya ng iniutos ni Yawe kay Moises. 24 Inilagay din niya sa Toldang Tagpuan ang kandelabra sa tapat ng mesa, sa gawing timog ng Tirahan, 25 at inilagay ang mga ilawan sa harap ni Yawe, gaya ng iniutos ni Yawe kay Moises.

26 Inilagay naman niya ang gintong altar sa harap ng kurtina sa Toldang Tagpuan, 27 at sinunog dito ang mabangong insenso gaya ng iniutos ni Yawe kay Moises. 28 At nilagyan niya ng kurtina ang bungad ng Tirahan. 29 Inilagay niya ang altar ng susunuging handog sa harap ng Tirahang Toldang Tagpuan, at sinunog dito ang handog at ang alay na butil, gaya ng iniutos ni Yawe kay Moises. 30 Sa pagitan ng Toldang Tagpuan at ng altar niya inilagay ang planggana at pinuno iyon ng tubig. 31 Doon naghuhugas ng kamay at paa si Moises, si Aaron at ang kanyang mga anak. 32 Naghuhugas sila tuwing papasok sa Toldang Tagpuan o lalapit kaya sa altar gaya ng iniutos ni Yawe kay Moises. 33 Inayos pa ni Moises ang patyo sa paligid ng Tirahan at ng altar, at nilagyan niya ng kurtina ang pasukan ng patyo. Kaya natapos ni Moises ang gawain.

**Inari ni Yawe ang santuwaryo**

• 34 At nilukuban ng Ulap ang Toldang Tagpuan at pinuno ng Luwalhati ni Yawe ang Tirahan. 35 Hindi makapasok si Moises sa Toldang Tagpuan dahil sa Ulap na lumukob dito at sa Luwalhati ni Yaweng pumuspos sa Tirahan.

36 Pagtaas ng Ulap mula sa Tirahan, ipinagpapatuloy naman ng mga Israelita ang kanilang paglalakbay. 37 At kung hindi tumataas ang Ulap, maghihintay sila sa kanilang kampo at hindi lalabas hanggang pumaitaas ang Ulap. 38 Nilulukuban ng Ulap ang Tirahan pag araw, at sa gabi nama'y may apoy sa Ulap na nakikita ng buong sambayanan ng Israel. Ganito nga sa buo nilang paglalakbay.

• **40.**34 Ang ulap ang tanda ng presensya ng Diyos. Pagkalipas ng mga dantaon, sa pagpapasinaya sa Templo, mapupuno rin ito ng ulap (1 Mga Hari 8:10). Tatakpan si Jesus ng ulap sa kanyang Pagbabagong-anyo at itatago siya nito sa kanyang Pag-akyat sa langit.

Sinasamahan ng ulap ang Bayan sa disyerto. Sumasakanila ang Diyos sa tunay ngunit hindi hayagang paraan.